

Anthem. 



Handbook ng Miyembro

Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa
iyong mga benepisyo

Pinagsamang Katibayan ng Coverage (EOC)
at Form ng Pagsisiwalat ng Anthem Blue Cross

2024

Los Angeles County

Iba pang wika at format

Iba pang wika

Maaari mong makuha ang Handbook ng Miyembro na ito at iba pang materyales ng plano sa ibang wika nang wala kang babayaran. Nagbibigay ang Anthem Blue Cross ng mga nakasulat na pagsasalin mula sa mga kwalipikadong tagapagsalin. Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Libre ang tawag. Basahin ang Handbook ng Miyembro na ito para matuto nang higit pa tungkol sa mga serbisyo sa tulong sa wika para sa pangangalagang pangkalusugan tulad ng mga serbisyo ng interpreter at pagsasalin.

Iba pang format

Maaari mong makuha ang impormasyong ito sa ibang format, tulad ng braille, malalaking titik na 20 ang laki ng font, audio, at mga naa-access na elektronikong format nang wala kang babayaran. Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Libre ang tawag.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Mga serbisyo ng interpreter

Nagbibigay ang Anthem Blue Cross ng mga serbisyo sa pasalitang interpretasyon mula sa isang kwalipikadong interpreter nang 24 na oras nang wala kang babayaran. Hindi mo kailangang gumamit ng miyembro ng pamilya o kaibigan bilang interpreter. Hindi namin hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad bilang mga interpreter, maliban na lang kung isa itong emergency. Available ang mga serbisyong pang-interpretasyon, pangwika, at pangkultura nang wala kang babayaran. Available ang tulong 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Para sa tulong sa wika o para makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Libre ang tawag.

ATTENTION: If you need help in your language, call **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call **1-888-285-7801 (TTY 711)**. These services are free of charge.

الشعار بالعربية (Arabic) يُرجى الانتباه إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ **1-888-285-7801 (TTY 711)**. تتوفر أيضاً المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريل والخط الكبير. اتصل بـ **1-888-285-7801 (TTY 711)** هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն պիտակ (Armenian) ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ. Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք **1-888-285-7801 (TTY 711)** հեռախոսահամարով:



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Զանգահարեք **1-888-285-7801 (TTY 711)** հեռախոսահամարով: Այդ ծառայություններն անվճար են:

ឃ្លាសំគាល់ភាសាខ្មែរ (Cambodian) ចំណាំ៖ បើសិនអ្នកត្រូវការជំនួយ ជាភាសាបស្ចឹម សូមទូរស័ព្ទទៅលេខ **1-888-285-7801 (TTY 711)**។ ជំនួយ និងសវា សំរាប់ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរវែប៊ែល សំរាប់ជនពិការ ភ្នែកឬឯកសារជាអក្សរពុម្ពធំៗ ក៏មានដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ **1-888-285-7801 (TTY 711)**។ សេវាទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

简体中文标语 (Chinese) 请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 **1-888-285-7801 (TTY 711)**。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如文盲和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 **1-888-285-7801 (TTY 711)**。这些服务都是免费的。

مطلب به زبان فارسی (Farsi) توجه: اگر میخواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با **1-888-285-7801 (TTY 711)** تماس بگیرید. کمکها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با **1-888-285-7801 (TTY 711)** تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه میشوند.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa [anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal).

हिन्दी टैगलाइन (Hindi) ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो **1-888-285-7801 (TTY 711)** पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े पिंरंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। **1-888-285-7801 (TTY 711)** पर कॉल करें। ये सेवाएं निःशुल्क हैं।

Nge Lus Hmoob (Hmong) Cob CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語表記 (Japanese) 注意日本語での対応が必要な場合は **1-888-285-7801 (TTY 711)** へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 **1-888-285-7801 (TTY 711)** へお電話ください。これらのサービスは無料で提供していますへお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 태그라인 (Korean) 유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 **1-888-285-7801 (TTY 711)** 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

1-888-285-7801 (TTY 711) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian) ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເບີ **1-888-285-7801 (TTY 711)**. ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນມູນແລະມີໂຕພິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໂທຫາເບີ **1-888-285-7801 (TTY 711)**. ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mienh Tagline (Mien) LONGC HNYOUV JANGX

LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluc mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Naaiv deix nzie weih gong- bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi) ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ **1-888-285-7801 (TTY 711)**। ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ **1-888-285-7801 (TTY 711)**। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Русский слоган (Russian) ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру **1-888-285-7801 (линия TTY 711)**. Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру **1-888-285-7801 (линия TTY 711)**. Такие услуги предоставляются бесплатно.

Mensaje en español (Spanish) ATENCIÓN: Si necesita ayuda en su idioma, llame al **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Para las personas con discapacidades, también hay asistencia y servicios gratuitos disponibles, como documentos en braille y letra grande. Llame al **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Estos servicios son gratuitos.

Tagalog Tagline PAUNAWA: Kung kailangan ninyo ng tulong sa inyong wika, tumawag sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malalaking titik. Tumawag sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Libre ang mga serbisyonang ito.

แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai) โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณกรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1-888-285-7801 (TTY 711)** นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ที่เป็นตัวอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1-888-285-7801 (TTY 711)** ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Примітка українською (Ukrainian) УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Ці послуги безкоштовні.

Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese) CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số **1-800-407-4627 (TTY: 711)**. Các dịch vụ này đều miễn phí.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Malugod na Pagbati mula sa Anthem!

Salamat sa iyong pagsali sa Anthem Blue Cross. Isang planong pangkalusugan ang Anthem Blue Cross para sa mga taong may Medi-Cal. Maaari mo kaming tawaging “Anthem”. Iniaalok ang Anthem sa pamamagitan ng L.A. Care. Nakikipagtulungan ang L.A. Care sa Estado ng California para tulungan kang makakuha ng pangangalagang pangkalusugang kailangan mo. Isang lokal na pampublikong entidad ang L.A. Care. Sa katunayan, kami ang pinakamalaking planong pangkalusugan na pampublikong ipinapatakbo sa bansa. Naglilingkod ang L.A. Care sa mga taong nakatira sa Los Angeles County (tinatawag na “lugar ng serbisyo”). Nakikipagtulungan din ang L.A. Care sa tatlong (3) Partner ng Planong Pangkalusugan (itinuturing din ang L.A. Care na “Partner ng Planong Pangkalusugan”) para magbigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa aming mga miyembro. Kapag sumali sa L.A. Care ang isang miyembro ng Medi-Cal, maaaring piliin ng miyembro na kumuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng alinmang Partner ng Planong Pangkalusugang nakalista sa ibaba hangga’t available ang piniling plano.

- Anthem Blue Cross
- Planong Pangkalusugan ng Blue Shield of California Promise
- L.A. Care

Handbook ng Miyembro

Ipinapaalam sa iyo ng Handbook ng Miyembro na ito ang tungkol sa iyong coverage sa Anthem. Mangyaring basahin ito nang mabuti at kompleto. Makakatulong ito sa iyo na maunawaan ang iyong mga benepisyo, ang mga serbisyong available sa iyo, at kung paano makukuha ang pangangalagang kailangan mo. Ipinaliliwanag din nito ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang isang miyembro ng Anthem. Kung mayroon kang mga espesyal na pangangailangang pangkalusugan, tiyaking basahin ang lahat ng seksyon na angkop sa iyo.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Tinatawag din ang Handbook ng Miyembro na ito na Pinagsamang Katibayan ng Coverage (EOC) at Form ng Pagsisiwalat. Buod ito ng mga panuntunan at patakaran ng Anthem at nakabatay ito sa kontrata sa pagitan ng Anthem at Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS). Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon, tawagan ang Anthem sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Sa Handbook ng Miyembro na ito, tinutukoy kung minsan ang Anthem bilang “kami” o “amin.” Minsan tinatawag ang mga miyembro na “ikaw.” May espesyal na kahulugan ang ilang salitang may malalaking titik sa Handbook ng Miyembro na ito.

Para humingi ng kopya ng kontrata sa pagitan ng Anthem at DHCS, tumawag sa Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Maaari kang humingi ng isa pang kopya ng Handbook ng Miyembro nang wala kang babayaran. Makikita mo rin ang Handbook ng Miyembro sa website ng Anthem sa **anthem.com/ca/medi-cal**. Maaari ka ring humingi ng libreng kopya ng mga hindi pagmamay-ari na klinikal at pampangasiwaang patakaran at pamamaraan ng Anthem. Nasa website ng Anthem din ang mga ito.

Makipag-ugnayan sa amin

Narito ang Anthem para tumulong. Kung mayroon kang mga tanong, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang tawag.

Maaari ka ring bumisita online anumang oras sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Salamat,

Anthem Blue Cross
P.O. Box 9054
Oxnard, CA 93031-9054



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Talaan ng mga nilalaman

Iba pang wika at format	2
Iba pang wika	2
Iba pang format	2
Mga serbisyo ng interpreter	3
Malugod na Pagbati mula sa Anthem!.....	9
Handbook ng Miyembro	9
Makipag-ugnayan sa amin	10
Talaan ng mga nilalaman.....	11
1. Pagsisimula bilang isang miyembro	14
Paano makakakuha ng tulong	14
Sino ang maaaring maging miyembro	15
Mga identification (ID) card.....	16
2. Tungkol sa iyong planong pangkalusugan	17
Pangkalahatang-ideya ng planong pangkalusugan.....	17
Paano gumagana ang iyong plano	19
Pagpapalit ng planong pangkalusugan.....	19
Mga mag-aaral na lilipat sa bagong county o sa labas ng California.....	20
Pagpapatuloy ng pangangalaga	22
Mga gastusin	25
3. Paano makakuha ng pangangalaga	29
Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan	29
Provider ng pangunahing pangangalaga (PCP)	30
Network ng provider	34
Mga Appointment	45
Pagpunta sa iyong appointment	46
Pagkansela at pagbabago ng iskedyul	46
Pagbabayad	46
Mga Referral.....	48



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	50
Mga pangalawang opinyon.....	52
Sensitibong pangangalaga	53
Agarang pangangalaga	56
Pangangalagang pang-emergency.....	57
24/7 na Linya ng Nurse	59
Mga paunang direktiba	59
Pag-donate ng organ at tisyu	60
4. Mga benepisyo at serbisyo	61
Ano ang sinasaklaw ng iyong planong pangkalusugan	61
Mga benepisyo sa Medi-Cal na saklaw ng Anthem.....	65
Iba pang benepisyo at programa na saklaw ng Anthem.....	89
Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal.....	102
Mga serbisyong hindi mo makukuha mula sa Anthem o Medi-Cal	108
Pagtatasa ng mga bago at umiiral na teknolohiya	109
5. Well care ng bata at kabataan.....	110
Mga serbisyo sa bata (Mga batang wala pang 21 taong gulang)	110
Mga well-child na check-up sa kalusugan at pang-iwas na pangangalaga.....	111
Screening para sa pagkalason dahil sa lead sa dugo	113
Tumulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa well care ng bata at kabataan.....	113
Iba pang serbisyong makukuha mo sa pamamagitan ng Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa	114
6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema.....	117
Mga Reklamo	118
Mga Apela	120
Ano ang dapat gawin kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon sa apela.....	121
Mga Reklamo at Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) sa Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC).....	123
Mga Pagdinig ng Estado	124
Panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso	126



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

7. Mga karapatan at responsibilidad	128
Ang iyong mga karapatan.....	128
Ang iyong mga responsibilidad.....	130
Abiso laban sa diskriminasyon	131
Mga paraan para makibahagi bilang miyembro.....	133
Abiso sa mga gawi sa pagkapribado	135
Abiso tungkol sa mga batas	136
Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang panghuling tagabayad, ibang coverage sa kalusugan, at pagbawi dahil sa tort	137
Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian.....	138
Abiso ng Aksyon.....	138
8. Mahahalagang numero at salitang dapat malaman	140
Mahahalagang numero ng telepono	140
Mga salitang dapat malaman	143



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

1. Pagsisimula bilang isang miyembro

Paano makakakuha ng tulong

Gusto ng Anthem na maging masaya ka sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Kung may mga tanong o alalahanin ka tungkol sa iyong pangangalaga, nais ng Anthem na makarinig mula sa iyo!

Sentro ng Pangangalaga sa Customer

Narito ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer ng Anthem para tulungan ka. Ang Anthem ay maaaring:

- Sumagot sa mga tanong tungkol sa iyong planong pangkalusugan at mga saklaw na serbisyo ng Anthem
- Tumulong sa iyo na mamili o magpalit ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP)
- Magsabi sa iyo kung saan makukuha ang pangangalagang iyong kailangan
- Tumulong sa iyo na makakuha ng mga serbisyo ng interpreter kung hindi ka nagsasalita ng Ingles
- Tumulong sa iyo na makakuha ng impormasyon sa ibang wika at format
- Tumulong sa pagkuha ng mga napapanahong appointment
- Palitan ang iyong ID card
- Sumagot sa mga tanong tungkol sa mga problemang hindi mo kayang lutasin
- Tumulong sa pag-iiskedyul ng transportasyon

Kung kailangan mo ng tulong, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang tawag. Kailangang tiyakin ng Anthem na maghihintay ka lang nang wala pang 10 minuto kapag tumatawag ka.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Maaari mo ring bisitahin online ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer anumang oras sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Sino ang maaaring maging miyembro

Maaaring mayroong programang Medicaid ang bawat estado. Sa California, tinatawag ang Medicaid bilang **Medi-Cal**.

Kwalipikado ka para sa Anthem dahil kwalipikado ka para sa Medi-Cal at nakatira sa Los Angeles County. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong coverage ng Medi-Cal o tungkol sa kung kailan mo kailangang i-renew ang iyong Medi-Cal, mangyaring tawagan ang Departamento ng Mga Pampublikong Serbisyong Panlipunan (DPSS) ng Los Angeles County sa **1-866-613- 3777**. Maaari kang magtanong tungkol sa pagiging kwalipikado para sa Transitional na Medi-Cal sa iyong lokal na tanggapan ng mga serbisyong pangkalusugan at pantao ng county sa www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx. Maaari ka ring maging kwalipikado para sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Social Security dahil nakakakuha ka ng SSI o SSP.

Para sa mga tanong tungkol sa pagpapatala, tumawag sa Health Care Options sa **1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711)**. O pumunta sa <http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>

Para sa mga tanong tungkol sa Social Security, tawagan ang Social Security Administration sa **1-800-772-1213**. O pumunta sa <https://www.ssa.gov/locator/>.

Transitional na Medi-Cal

Tinatawag din ang Transitional na Medi-Cal na “Medi-Cal para sa mga taong nagtatrabaho.” Maaari kang makakuha ng Transitional na Medi-Cal kung hihinto ka sa pagkuha ng Medi-Cal dahil:

- Mas malaki na ang kinikita mong pera, o
- Nagsimula nang makakuha ang iyong pamilya ng karagdagang sustento sa anak o asawa

Maaari kang magtanong tungkol sa pagiging kwalipikado para sa Transitional na Medi-Cal sa iyong lokal na tanggapan ng mga serbisyong pangkalusugan at pantao ng county sa:

<http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>


O tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711)**.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Mga identification (ID) card

Bilang miyembro ng Anthem, makukuha mo ang aming ID card ng Anthem. Dapat mong ipakita ang iyong ID card ng Anthem **at** ang iyong Identification Card para sa Mga Benepisyo (BIC) ng Medi-Cal kapag kukuha ka ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o reseta. Ang iyong BIC card ay ang Card para sa Mga Benepisyo ng Medi-Cal na ipinadala sa iyo ng Estado ng California. Dapat mong palaging dalhin ang lahat ng card na pangkalusugan. Ganito ang hitsura ng iyong mga BIC at Identification (ID) card ng Anthem:



Kung hindi mo natanggap ang iyong ID card ng Anthem sa loob ng ilang linggo pagkatapos ng iyong petsa ng pagpapatala, o kung nasira, nawala, o ninakaw ang iyong card, tumawag kaagad sa Sentro ng Pangangalaga sa Customer. Magpapadala ang Anthem sa iyo ng bagong card nang wala kang babayaran. Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

2. Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

Pangkalahatang-ideya ng planong pangkalusugan

Isang planong pangkalusugan ang Anthem para sa mga taong may Medi-Cal sa mga county na ito: Los Angeles County. Nakikipagtulungan ang Anthem sa Estado ng California para tulungan kang makakuha ng pangangalagang pangkalusugang kailangan mo.

Makipag-usap sa isa sa mga kinatawan ng Sentro ng Pangangalaga sa Customer ng Anthem para malaman ang higit pa tungkol sa planong pangkalusugan at kung paano ito magagamit para sa iyong pakinabang. Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Kailan magsisimula at matatapos ang iyong coverage

Kapag nagpatala ka sa Anthem, ipapadala namin sa iyo ang Identification (ID) card ng L.A. Care sa loob ng dalawang linggo mula sa petsa ng iyong pagpapatala. Dapat mong ipakita ang parehong ID card ng Anthem at ang iyong BIC ng Medi-Cal kapag kukuha ka ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o reseta.

Mangangailangan ng pag-renew ang iyong coverage sa Medi-Cal bawat taon. Kung hindi ma-renew ng iyong lokal na tanggapan ng county ang iyong coverage sa Medi-Cal sa elektronikong paraan, magpapadala ang county sa iyo ng form ng pag-renew sa Medi-Cal na pauna nang pinunan. Sagutan ang form na ito at ibalik sa iyong lokal na ahensya ng county para sa mga serbisyong pantao. Maaari mong ibalik ang iyong impormasyon nang personal, sa pamamagitan ng telepono, mail, online, o sa pamamagitan ng iba pang elektronikong paraan na available sa iyong county.

Sa ika-1 araw ng buwan ang iyong petsa ng simula ng coverage pagkatapos makumpleto ang pagpapatala sa planong pangkalusugan. Suriin ang iyong liham mula sa Health Care Options para sa petsa ng simula ng iyong coverage.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Maaari mong hilinging wakasan ang iyong coverage sa Anthem at pumili ng panibagong planong pangkalusugan sa anumang oras. Para sa tulong sa pagpili ng bagong plano, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711)**. O pumunta sa www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov. Maaari mo ring hilinging wakasan ang iyong Medi-Cal.

Isang planong pangkalusugan ang Anthem para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa Los Angeles County. Hanapin ang iyong lokal na tanggapan sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>.

Maaaring magwakas ang pagiging kwalipikado sa Anthem kung totoo ang alinman sa mga sumusunod:

- Umalis ka sa Los Angeles County
- Wala ka nang Medi-Cal
- Naging kwalipikado ka para sa waiver program na nangangailangan sa iyong magpatala sa Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal
- Ikaw ay nasa kulungan o bilangguan

Kung mawala ang iyong coverage sa Medi-Cal ng Anthem, maaari ka pa ring maging kwalipikado para sa coverage sa FFS Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado kung saklaw ka pa rin ng Anthem, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Mga Espesyal na Konsiderasyon para sa Mga American Indian sa pinamamahalaang pangangalaga

May karapatan ang Mga American Indian na hindi magpatala sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal. O kaya, maaari silang umalis sa kanilang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal at bumalik sa FFS Medi-Cal anumang oras para sa anumang dahilan.

Kung isa kang American Indian, may karapatan kang kumuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa isang Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Mga Indian (IHCP). Maaari ka ring manatili sa o mag-disenroll (umalis) sa Anthem habang kumukuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga lokasyong ito. Para matuto pa tungkol sa pagpapatala at pag-disenroll, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Dapat magbigay ang Anthem ng pagsasaayos ng pangangalaga para sa iyo, kabilang ang pamamahala sa kaso na wala sa network. Kung hihilingin mong kumuha ng mga serbisyo mula sa IHCP at walang available na IHCP na nasa network, dapat tulungan ka ng Anthem na makahanap ng IHCP na wala sa network. Para matuto pa, basahin ang “Network ng provider” sa Kabanata 3 ng handbook na ito.

Paano gumagana ang iyong plano

Isang planong pangkalusugan ng pinamamahalaang pangangalaga ang Anthem na nakakontra sa DHCS. Nakikipagtulungan ang Anthem sa mga doktor, ospital, at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa lugar ng serbisyo ng Anthem para magbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa aming mga miyembro. Bilang miyembro ng Anthem, maaari kang maging kwalipikado para sa ilang serbisyong ibinibigay sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal. Kasama rito ang mga reseta para sa outpatient, hindi inireresetang gamot at ilang medikal na supply sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Sasabihan ka ng Sentro ng Pangangalaga sa Customer kung paano gumagana ang Anthem, kung paano makukuha ang pangangalagang kailangan mo, kung paano mag-iskedyul ng mga appointment sa provider sa oras ng tanggapan, kung paano humiling ng mga walang bayad na serbisyo sa pagsasalin-wika at pagsasalin o nakasulat na impormasyon sa mga alternatibong format, at kung paano malalaman kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo sa transportasyon.

Para matuto nang higit pa, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Mahahanap mo rin online ang impormasyon ng Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Pagpapalit ng planong pangkalusugan

Puwede kang umalis sa Anthem at sumali sa ibang planong pangkalusugan sa county na iyong tinitirhan anumang oras. Para sa tulong sa pagpili ng bagong plano, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711)**. Maaari kang tumawag sa pagitan ng 8 a.m. at 6 p.m. mula Lunes hanggang Biyernes. O pumunta sa <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Aabutin nang hanggang 30 araw o higit pa ang pagproseso ng iyong kahilingan na umalis sa Anthem at magpatala sa ibang plano sa iyong county. Para malaman ang katayuan ng iyong kahilingan, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711)**.

Kung gusto mo kaagad umalis sa Anthem, maaari kang tumawag sa Health Care Options para humingi ng pinabilis (mabilis) na pag-disenroll.

Ang mga miyembrong maaaring humiling ng pinabilis na pag-disenroll ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa mga batang nakakakuha ng mga serbisyo sa ilalim ng mga programa sa Foster Care o programang Tulong sa Pag-ampon, miyembrong may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, at miyembrong nakatala na sa Medicare o ibang plano ng Medi-Cal o komersyal na plano sa pinamamahalaang pangangalaga.

Maaari mong hilinging umalis sa Anthem sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan para sa mga serbisyong pangkalusugan at pantao ng county. Hanapin ang iyong lokal na tanggapan sa:

<http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>.

O tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711)**.

Mga mag-aaral na lilipat sa bagong county o sa labas ng California

Maaari kang makakuha ng pangangalagang pang-emergency at agarang pangangalaga saanman sa Estados Unidos, kabilang ang mga Teritoryo ng U.S. Sinasaklawan lang ang karaniwan at pang-iwas na pangangalaga sa county kung saan ka nakatira. Kung isa kang mag-aaral na lumipat sa ibang county sa California para pumasok sa mas mataaas na antas ng edukasyon, kasama ang kolehiyo, sasaklawin ng Anthem ang mga serbisyo sa emergency room at agarang pangangalaga sa iyong bagong county. Makakakuha ka rin ng karaniwan o pang-iwas na pangangalaga sa iyong bagong county, pero dapat mo munang abisuhan ang iyong MCP. Magbasa pa sa ibaba.

Kung nakatala ka sa Medi-Cal at isa kang mag-aaral sa ibang county mula sa county ng California kung saan ka nakatira, hindi mo kailangang mag-apply para sa Medi-Cal sa county na iyon.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Kung pansamantala kang lilipat paalis ng bahay para maging mag-aaral sa ibang county sa California, mayroon kang dalawang pagpipilian. Maaari kang:

- Magsabi sa iyong manggagawa sa pagiging kwalipikado sa Departamento ng Mga Pampublikong Serbisyong Panlipunan ng Los Angeles County sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-866-613-3777** o pagbisita sa <http://dpss.lacounty.gov> na pansamantala kang lilipat para pumasok sa isang paaralan para sa mas mataas na edukasyon at ibigay sa kanila ang iyong address sa bagong county. Ia-update ng county ang mga rekord ng kaso gamit ang iyong bagong address at code ng county. Dapat mong gawin ito kung gusto mong patuloy na makakuha ng karaniwan o pang-iwas na pangangalaga habang nakatira ka sa bagong county. Kung hindi nagseserbisyo ang Anthem sa county kung saan ka nag-aaral ng kolehiyo, maaaring kailanganin mong magpalit ng mga planong pangkalusugan. Para sa mga tanong at para maiwasan ang pagkaantala sa pagsali sa bagong planong pangkalusugan, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711)**.

O

- Kung hindi nagseserbisyo ang Anthem sa bagong county kung saan ka pumapasok sa kolehiyo, at hindi mo babaguhin ang iyong planong pangkalusugan sa isang nagseserbisyo sa county na iyon, makakakuha ka lang ng mga serbisyo sa emergency room at agarang pangangalaga para sa ilang kondisyon sa bagong county. Para matuto pa, basahin ang Kabanata 3, “Paano makakuha ng pangangalaga.” Para sa mga karaniwan o pang-iwas na pangangalagang pangkalusugan, kakailanganin mong gamitin ang network ng mga provider ng Anthem sa county na tinitirhan ng pinuno ng sambahayan.

Kung pansamantala kang aalis sa California para maging mag-aaral sa ibang estado at gusto mong panatilihin ang iyong coverage sa Medi-Cal, makipag-ugnayan sa iyong manggagawa sa pagiging kwalipikado sa Departamento ng Mga Pampublikong Serbisyong Panlipunan ng Los Angeles County. Hangga’t kwalipikado ka, saklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyong pang-emergency at agarang pangangalaga sa ibang estado. Kung inaprubahan ng Anthem ang serbisyo at natutugunan ng doktor at ospital ang mga panuntunan ng Medi-Cal, sasaklawin din ng Medi-Cal ang pangangalagang pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico.

Hindi saklaw kapag nasa labas ka ng California ang mga serbisyo sa karaniwan at pang-iwas na pangangalaga, kabilang na ang mga inireresetang gamot. Hindi ka magiging kwalipikado para sa Medi-Cal. Hindi magbabayad ang Anthem para sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Kung gusto mo ng Medicaid sa ibang estado,



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

kakailanganin mong mag-apply sa estadong iyon. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyong pang-emergency o agarang pangangalaga, o anumang iba pang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa labas ng Estados Unidos, maliban sa Canada at Mexico, gaya ng nakasaad sa Kabanata 3.

Pagpapatuloy ng pangangalaga

Pagpapatuloy ng pangangalaga para sa provider na wala sa network

Bilang miyembro ng Anthem, makukuha mo ang iyong pangangalagang pangkalusugan mula sa mga provider sa network ng Anthem. Para malaman kung nasa network ng Anthem ang provider ng pangangalagang pangkalusugan, basahin online ang iyong direktoryo ng provider sa **anthem.com/ca/medi-cal**. Maaaring wala sa network ng Anthem ang mga provider na hindi nakalista sa direktoryo.

Sa ilang sitwasyon, maaari kang makakuha ng pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network ng Anthem. Kung kailangan mong palitan ang iyong planong pangkalusugan o lumipat mula sa FFS patungo sa pinamamahalaang pangangalaga, o mayroon kang provider na nasa network ngunit wala na ngayon sa network, maaari mong panatilihin ang iyong provider kahit na wala siya sa network ng Anthem. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga.

Kung kailangan mong kumuha ng pangangalaga mula sa provider sa labas ng network, tumawag sa Anthem para humingi ng pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaari kang makakuha ng pagpapatuloy ng pangangalaga nang hanggang 12 buwan o higit pa kung totoo ang lahat ng ito:

- Mayroon kang patuloy na kaugnayan sa provider na wala sa network bago magpatala sa Anthem
- Pumunta ka sa provider na wala sa network para sa hindi pang-emergency na pagpapatingin nang kahit isang beses man lang sa loob ng 12 buwan bago ang iyong pagpatala sa Anthem
- Handang makipagtulungan sa Anthem ang provider na wala sa network at sumasang-ayon siya sa mga kinakailangan sa kontrata at pagbabayad para sa mga serbisyo ng Anthem



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- Natutugunan ng provider na wala sa network ang mga propesyonal na pamantayan ng Anthem
- Nakatala at nakikilahok sa programang Medi-Cal ang provider na wala sa network

Para matuto nang higit pa, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Kung hindi sasali ang iyong mga provider sa network ng Anthem bago matapos ang 12 buwan, hindi sila sumasang-ayon sa mga rate ng pagbabayad ng Anthem o hindi sila nakakatugon sa mga kinakailangan sa kalidad ng pangangalaga, kailangan mong lumipat sa mga provider na nasa network ng Anthem. Para talakayin ang iyong mga pagpipilian, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Hindi kinakailangang magbigay ng Anthem ng pagpapatuloy ng pangangalaga para sa provider na wala sa network para sa ilang karagdagang (pansuportang) serbisyo tulad ng radiology, laboratoryo, mga sentro ng pagda-dialysis, o transportasyon. Makukuha mo ang mga serbisyong ito sa provider sa network ng Anthem.

Para matuto pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga at kung kwalipikado ka, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer.

Pagkompleto ng mga saklaw na serbisyo mula sa provider na wala sa network

Bilang miyembro ng Anthem, makakakuha ka ng mga saklaw na serbisyo mula sa mga provider sa network ng Anthem. Kung ginagamot ka para sa ilang partikular na kondisyong pangkalusugan sa oras na nagpatala ka sa Anthem o sa oras na umalis ang iyong provider sa network ng Anthem, maaari mo pa ring makuha ang mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa provider na wala sa network.

Maaari mong ipagpatuloy ang pangangalaga sa provider na wala sa network para sa isang partikular na yugto ng panahon kung kailangan mo ng mga saklaw na serbisyo para sa mga kondisyon sa kalusugan na ito:

Kondisyon sa kalusugan	Haba ng panahon
Mga malalang kondisyon (isang medikal na isyu na nangangailangan ng mabilisang atensyon)	Habang mayroon ng malalang kondisyon



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

Malubhang hindi gumagaling na kondisyon sa pisikal at pag-uugali (isang seryosong isyu sa pangangalagang pangkalusugan na mayroon ka nang mahabang panahon)	Para sa tagal ng oras na kinakailangan para tapusin ang iyong kurso ng paggamot at para ligtas na ilipat ka sa isang bagong doktor sa network ng Anthem
Pangangalaga sa pagbubuntis at pagkapanganak (pagkatapos manganak)	Sa panahon ng iyong pagbubuntis at hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagtatapos ng pagbubuntis
Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa mga ina	Hanggang sa 12 buwan mula sa diagnosis o mula sa pagtatapos ng iyong pagbubuntis, alinman ang mas huli
Pangangalaga ng isang bagong silang na sanggol mula sa kapanganakan hanggang 36 na buwang gulang	Hanggang sa 12 buwan mula sa petsa ng pagsisimula ng coverage o sa petsa ng pagtatapos ng kontrata ng provider sa Anthem
Nakamamatay na karamdaman (isang medikal na isyu na nagbabanta sa buhay)	Habang mayroon ng sakit. Maaari ka pa ring makakuha ng mga serbisyo nang higit sa 12 buwan mula sa petsa kung kailan ka nagpatala sa Anthem o sa oras na huminto sa pakikipagtrabaho ang provider sa Anthem
Pagsasagawa ng operasyon o iba pang medikal na pamamaraan mula sa provider na wala sa network hangga't sinasaklaw ito, medikal na kinakailangan, at pinahintulutan ng Anthem bilang bahagi ng dokumentadong kurso ng paggamot at inirerekomenda at dokumentado ng provider	Dapat isagawa ang operasyon o iba pang medikal na pamamaraan sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pagtatapos ng kontrata ng provider o 180 araw mula sa petsa ng simula ng iyong pagpapatala sa Anthem

Para sa iba pang kondisyon na maaaring maging kwalipikado, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Kung hindi handa ang provider na wala sa network na magpatuloy sa pagbibigay ng mga serbisyo o hindi sumasang-ayon sa mga kinakailangan sa kontrata, pagbabayad, o iba pang tuntunin ng Anthem para sa pagbibigay ng pangangalaga, hindi ka makakakuha ng patuloy na pangangalaga mula sa provider. Posibleng patuloy kang makakakuha ng mga serbisyo mula sa ibang provider sa network ng Anthem.

Para sa tulong sa pagpili ng nakakontratang provider para magpatuloy sa iyong pangangalaga o kung mayroon kang mga tanong o problema sa pagkuha ng mga saklaw na serbisyo mula sa provider na wala na sa network ng Anthem, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Hindi kailangang magbigay ang Anthem ng pagpapatuloy ng pangangalaga para sa mga serbisyong hindi saklaw ng Medi-Cal o hindi saklaw sa ilalim ng kontrata ng Medi-Cal sa DHCS. Para matuto pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga, pagiging kwalipikado, at mga available na serbisyo, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer.

Mga gastusin

Mga gastusin ng miyembro

Naglilingkod ang Anthem sa mga taong kwalipikado para sa Medi-Cal. Kadalasan, hindi kailangang magbayad ng mga miyembro ng Anthem para sa mga saklaw na serbisyo, premium, o deductible.

Kung isa kang American Indian, hindi mo kailangang magbayad ng mga bayarin sa pagpapatala, premium, deductible, co-pay, cost sharing, o iba pang katulad na singil. Hindi dapat singilin ng mga MCP ang sinumang miyembro na American Indian na direktang nakakakuha ng item o serbisyo mula sa IHCP o sa pamamagitan ng referral sa IHCP o bawasan ang mga dapat bayaran sa IHCP ng halaga ng anumang bayarin sa pagpapatala, premium, deductible, copayment, cost sharing, o katulad na singil.

Kung nakatala ka sa Programa para sa Insurance sa Kalusugan ng Mga Bata ng California (CCHIP) sa mga county ng Santa Clara, San Francisco, o San Mateo o nakatala ka sa Medi-Cal para sa Mga Pamilya, maaaring mayroon kang buwanang premium at co-pay.

Maliban sa pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga, o sensitibong pangangalaga, kailangan mong kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Anthem bago ka magpatingin sa provider na wala sa network ng Anthem.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Kung hindi ka nakakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) at pumunta ka sa provider ng serbisyo sa labas ng network para sa pangangalagang hindi pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga, o sensitibong pangangalaga, maaaring kailanganin mong magbayad para sa pangangalagang nakuha mo mula sa provider na iyon. Para sa listahan ng mga saklaw na serbisyo, basahin ang Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo” sa handbook na ito. Mahahanap mo rin ang Direktoryo ng Provider sa website ng Anthem sa anthem.com/ca/medi-cal.

Para sa mga miyembrong may pangmatagalang pangangalaga at bahagi sa gastusin

Maaaring kailanganin mong magbayad ng bahagi sa gastusin bawat buwan para sa iyong mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga. Nakadepende ang halaga ng iyong bahagi sa gastusin sa iyong kita at mga mapagkukunan. Bawat buwan, babayaran mo ang iyong sariling mga bill sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga bill sa Pangmatagalang Pansuportang Serbisyo (LTSS), hanggang ang halagang binayaran mo ay katumbas ng iyong bahagi sa gastusin. Pagkatapos noon, sasaklawin ng Anthem ang iyong pangmatagalang pangangalaga para sa buwang iyon. Hindi ka sasaklawin ng Anthem hangga’t hindi mo nababayaran ang iyong buong bahagi sa gastusin sa pangmatagalang pangangalaga para sa buwang iyon.

Paano binabayaran ang isang provider

Binabayaran ng Anthem ang mga provider sa mga paraang ito:

- Mga capitation na pagbabayad
 - Nagbabayad ang Anthem sa ilang provider ng nakatakdang halaga ng pera kada buwan para sa bawat miyembro ng Anthem. Tinatawag itong capitation na pagbabayad. Nagtutulungan ang Anthem at ang mga provider para magpasya sa halaga ng pagbabayad.
- Mga FFS na pagbabayad
 - Nagbibigay ang ilang provider ng pangangalaga sa mga miyembro ng Anthem at nagpapadala sila sa Anthem ng bill para sa mga serbisyong ibinigay nila. Tinatawag itong FFS na pagbabayad. Nagtutulungan ang Anthem at ang mga provider para magpasya kung magkano ang bawat serbisyo.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa anthem.com/ca/medi-cal.

Para matuto nang higit pa tungkol sa kung paano binabayaran ng Anthem ang mga provider, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

- Mga Programa sa Insentibo ng Provider:
 - May mga programa sa incentive ng provider ang Anthem na idinisenyo para mapabuti ang iyong pangangalaga at karanasan sa mga provider ng Anthem. Tumutulong ang mga programang ito sa pagpapabuti ng:
 - Kalidad ng pangangalaga
 - Mga serbisyong ibinibigay
 - Kasiyahan ng miyembro

Para matuto pa tungkol sa mga programang ito, tumawag sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Kung makakakuha ka ng bill mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan

Ang mga saklaw na serbisyo ay mga sebisyo sa pangangalagang pangkalusugan na dapat bayaran ng Anthem. Kung makakuha ka ng bill para sa mga bayarin sa mga serbisyong pansuporta, copayment, o bayad sa pagpaparehistro para sa saklaw na serbisyo, huwag mong bayaran ang bill. Tawagan kaagad ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Kung makakakuha ka ng bill mula sa parmasya para sa inireresetang gamot, mga supply, o mga suplemento, tawagan ang Serbisyo para sa Customer ng Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **711**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaari ka ring pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Paghiling sa Anthem na bayaran ka sa iyong mga nagastos

Kung nagbayad ka para sa mga serbisyong nakuha mo na, maaari kang maging kwalipikadong ma-reimburse (mabayaran) kung matutugunan mo ang **lahat** ng kondisyong ito:

- Saklaw na serbisyo ang serbisyong nakuha mo na responsibilidad ng Anthem na bayaran. Hindi ka ire-reimburse ng Anthem para sa serbisyong hindi saklaw ng Anthem.
- Nakuha mo ang saklaw na serbisyo pagkatapos mong maging kwalipikadong miyembro ng Anthem.
- Hiniling mong mabayaran ka sa loob ng isang taon mula sa petsa kung kailan nakuha mo ang saklaw na serbisyo.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- Nagpakita ka ng katibayan na nagbayad ka para sa saklaw na serbisyo, tulad ng detalyadong resibo mula sa provider.
- Nakuha mo ang saklaw na serbisyo mula sa provider na nakatala sa Medi-Cal sa network ng Anthem. Hindi mo kailangang matugunan ang kondisyong ito kung nakakuha ka ng mga pangangalagang pang-emergency, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o iba pang serbisyo na pinapayagan ng Medi-Cal na gawin ng mga provider na wala sa network nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).
- Kung karaniwang kailangan ang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa saklaw na serbisyo, kailangan mong magbigay ng katibayan mula sa provider na nagpapakita ng medikal na pangangailangan para sa saklaw na serbisyo.

Sasabihin sa iyo ng Anthem sa liham kung ire-reimburse ka nila na tinatawag na Abiso ng Aksyon (NOA). Kung natutugunan mo ang lahat ng kondisyon sa itaas, dapat ibalik sa iyo ng provider na nakatala sa Medi-Cal ang buong halagang ibinayad mo. Kung ayaw kang bayaran ng provider, babayaran ka ng Anthem para sa kabuuang halagang iyong binayaran. Dapat ka naming i-reimburse sa loob ng 45 araw ng trabaho pagkatanggap ng claim.

Kung nakatala ang provider sa Medi-Cal ngunit wala ito sa network ng Anthem at tumanggi itong bayaran ka, babayaran ka ng Anthem, ngunit hanggang sa halaga lang na babayaran ng FFS Medi-Cal. Babayaran ka ng Anthem para sa buong halaga na mula sa sariling bulsa para sa mga serbisyong pang-emergency, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o ibang serbisyo na pinapayagan ng Medi-Cal na maibigay ng mga provider na wala sa network nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung hindi mo matugunan ang isa sa mga kondisyon sa itaas, hindi ka babayaran ng Anthem.

Hindi ka babayaran ng Anthem kung:

- Humingi at nakakuha ka ng mga serbisyong hindi saklaw ng Medi-Cal, gaya ng mga serbisyong pampaganda
- Hindi saklaw na serbisyo para sa Anthem ang serbisyong iyon
- May hindi ka pa nababayarang bahagi sa gastusin sa Medi-Cal
- Pumunta ka sa doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at lumagda ka sa form na nagsasabing magpapatingin ka pa rin at babayaran mo mismo ang mga serbisyo
- Mayroon kang mga co-pay ng Medicare Part D para sa mga resetang saklaw ng iyong plano sa Medicare Part D



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

3. Paano makakuha ng pangangalaga

Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

PAKIBASA ANG MGA SUMUSUNOD NA IMPORMASYON PARA MALAMAN MO KUNG KANINO O ALING GRUPO O MGA PROVIDER MAAARING MAKAKUHA NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN.

Maaari kang magsimulang makakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa iyong petsa ng simula ng pagpapatala sa Anthem. Palaging dalhin ang iyong Identification (ID) card ng Anthem, Identification Card para sa Mga Benepisyo (BIC) ng Medi-Cal, at anumang iba pang card sa insurance sa kalusugan. Huwag kailanman hayaan ang sinuman na gamitin ang iyong BIC o ID card ng Anthem.

Dapat pumili ang mga bagong miyembro na may coverage sa Medi-Cal lang ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) sa network ng Anthem. Hindi kailangang pumili ng PCP ang mga bagong miyembrong may parehong Medi-Cal at komprehensibong ibang coverage sa kalusugan.

Ang network ng Anthem ay isang grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang provider na nagtatrabaho sa Anthem. Dapat kang pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula sa oras na naging miyembro ka ng Anthem. Kung hindi ka pipili ng PCP, ang Anthem ang pipili ng isa para sa iyo.

Maaari mong piliin ang parehong PCP o iba't ibang PCP para sa lahat ng miyembro ng pamilya sa Anthem, hangga't available ang PCP na iyon.

Kung mayroon kang doktor na gusto mong panatilihin, o gusto mong humanap ng bagong PCP, pumunta sa Direktoryo ng Provider para sa listahan ng lahat ng PCP at iba pang provider sa network ng Anthem. May iba pang impormasyon ang Direktoryo ng



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Provider para matulungan kang pumili ng PCP. Kung kailangan mo ng Direktoryo ng Provider, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Mahahanap mo rin ang Direktoryo ng Provider sa website ng Anthem sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Kung hindi mo makuha ang pangangalagang kailangan mo mula sa kalahok na provider sa network ng Anthem, dapat humingi ang iyong PCP o espesyalista sa network ng Anthem ng pag-apruba sa Anthem para ipadala ka sa provider na wala sa network. Tinatawag itong isang referral. Hindi mo kailangan ng referral para pumunta sa provider na wala sa network para makakuha ng mga serbisyo ng sensitibong pangangalaga na nakalista sa ilalim ng heading na “Sensitibong pangangalaga” sa bandang huli ng kabanatang ito.

Basahin ang natitirang bahagi ng kabanatang ito para matuto pa tungkol sa mga PCP, Direktoryo ng Provider, at network ng provider.

Nangangasiwa ang programang Medi-Cal Rx ng [coverage](#) na inireresetang gamot para sa outpatient. Para matuto pa, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4.

Provider ng pangunahing pangangalaga (PCP)

Ang iyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) ay ang lisensyadong provider na pinupuntahan mo para sa karamihan ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan ka rin ng iyong PCP na makakuha ng iba pang uri ng pangangalagang kailangan mo. Dapat kang pumili ng PCP sa loob ng 30 araw ng pagpapatala sa Anthem. Depende sa iyong edad at kasarian, maaari kang pumili ng isang general practitioner, OB/GYN, family practitioner, internist, o doktor ng mga bata bilang iyong PCP.

Maaari ding kumilos bilang iyong PCP ang manggagamot na nars (NP), katulong na doktor (PA), o sertipikadong nurse na komadrona. Kung pipili ka ng NP, PA, o sertipikadong nurse na komadrona, puwede maitalaga sa doktor na mangangasiwa sa iyong pangangalaga. Kung parehong nasa Medicare at Medi-Cal ka, o kung mayroon ka ring iba pang komprehensibong insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi mo kailangang pumili ng PCP.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Maaari kang pumili ng Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Mga Indian (IHCP), Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC) o Panlalawigang Klinika para sa Kalusugan (RHC) bilang iyong PCP. Depende sa uri ng provider, maaari kang pumili ng isang PCP para sa iyong sarili at sa iba mong miyembro ng pamilya na miyembro ng Anthem, hangga't available ang PCP.

Tandaan: Maaaring pumili ang mga American Indian ng isang IHCP bilang kanilang PCP, kahit na wala sa network ng Anthem ang IHCP.

Kung hindi ka pipili ng PCP sa loob ng 30 araw ng pagpapatala, magtatalaga ang Anthem sa iyo ng PCP. Kung itinalaga ka sa isang PCP at gusto mong magpalit, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Malalapad ang pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan.

Gagawin ng iyong PCP ang mga sumusunod:

- Aalamin ang kasaysayan at mga pangangailangan ng iyong kalusugan
- Iingatan ang iyong mga rekord ng kalusugan
- Ibibigay sa iyo ang pang-iwas at karaniwang pangangalagang pangkalusugan na kinakailangan mo
- Ire-refer (ipapadala) ka sa isang espesyalista kung kinakailangan
- Magsasaayos ng pangangalaga sa ospital kung kinakailangan

Maaari mong tingnan ang Direktoryo ng Provider para maghanap ng PCP sa network ng Anthem. May listahan ang Direktoryo ng Provider ng mga IHCP, FQHC, at RHC na nakikipagtulungan sa Anthem.

Mahahanap mo online ang Direktoryo ng Provider ng Anthem sa **anthem.com/ca/medi-cal**. O maaari kang humiling ng Direktoryo ng Provider na ipadadala sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Maaari ka ring tumawag para malaman kung tumatanggap ba ng mga bagong pasyente ang PCP na gusto mo.

Pagpili ng mga doktor at ibang provider

Ikaw ang pinakanakakaalam sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamainam kung ikaw ang pipili ng iyong PCP. Pinakamainam na manatili ka sa isang PCP para maging pamilyar siya sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Kung gusto mong lumipat sa isang bagong PCP, maaari kang magpalit anumang oras. Dapat kang pumili ng isang PCP na nasa network ng provider ng Anthem at tumatanggap ng mga bagong pasyente.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Ang bago mong pipiliin ay magiging iyong PCP sa unang araw ng susunod na buwan matapos mong gawin ang pagbabago.

Para palitan ang iyong PCP, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time, o bisitahin ang **anthem.com/ca/medi-cal**.

Maaaring baguhin ng Anthem ang iyong PCP kung hindi tumatanggap ang PCP ng mga bagong pasyente, umalis siya sa network ng Anthem, hindi siya nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyenteng kaedad mo, o kung may mga alalahanin sa kalidad sa PCP na hindi naresolba. Maaari ding hilingin sa iyo ng Anthem o ng iyong PCP na lumipat sa isang bagong PCP kung hindi kayo magkakasundo o sumang-ayon sa iyong PCP, o kung may napalampas kang appointment o nahuhuli ka sa mga ito. Kung kailangang palitan ng Anthem ang iyong PCP, ipapaalam ito ng Anthem sa iyo sa pamamagitan ng pagsulat.

Kung nagbago ang iyong PCP, makatatanggap ka ng liham at bagong ID card ng miyembro ng Anthem sa mail. Makikita mo rito ang pangalan ng bago mong PCP. Tumawag sa Sentro ng Pangangalaga sa Customer kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagkuha ng bagong ID card.

Ilang bagay na dapat pag-isipan kapag pumipili ng PCP:

- Nag-aalaga ba ang PCP ng mga bata?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa klinika na gusto kong gamitin?
- Malapit ba ang tanggapan ng PCP sa aking tahanan, trabaho, o sa paaralan ng aking mga anak?
- Malapit ba ang tanggapan ng PCP kung saan ako nakatira at madali bang makapunta sa tanggapan ng PCP?
- Sinasalita ba ng mga doktor at tauhan ang aking wika?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa ospital na gusto ko?
- Ibinibigay ba ng PCP ang mga serbisyong kailangan ko?
- Umaangkop ba sa aking iskedyul ang mga oras ng tanggapan ng PCP?
- Nakikipagtulungan ba ang PCP sa mga espesyalistang ginagamit ko?



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Paunang Appointment para sa Kalusugan (IHA)

Inirerekomenda ng Anthem, bilang isang bagong miyembro, na bumisita ka sa iyong bagong PCP sa loob ng unang 120 araw para sa Paunang Appointment para sa Kalusugan (IHA). Layunin ng IHA na tulungan ang iyong PCP na malaman ang kasaysayan at mga pangangailangan ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Maaaring magtanong sa iyo ang iyong PCP tungkol sa iyong kasaysayan sa kalusugan o maaaring hilingin sa iyo na sagutan ang isang kuwestyonaryo. Ipapaalam din sa iyo ng iyong PCP ang tungkol sa pagpapayo at mga klase sa edukasyong pangkalusugan na makakatulong sa iyo.

Kapag tumawag ka para iiskedyul ang iyong IHA, sabihin sa taong sasagot sa telepono na miyembro ka ng Anthem. Ibigay ang iyong numero ng ID ng Anthem.

Dalhin ang iyong BIC at ID card ng Anthem sa iyong appointment. Magandang ideya na magdala ng listahan ng iyong mga gamot at tanong sa iyong pagpapatingin.

Maging handang makipag-usap sa iyong PCP tungkol sa iyong mga pangangailangan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.

Tiyaking tawagan ang tanggapan ng iyong PCP kung mahuhuli ka o hindi makakapunta sa iyong appointment.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa IHA, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Karaniwang pangangalaga

Ang karaniwang pangangalaga ay regular na pangangalagang pangkalusugan. Kasama rito ang pang-iwas na pangangalaga, na tinatawag ding pagpapanatili ng kalusugan (wellness) o pangangalaga para sa kabutihan ng katawan (well care). Nakakatulong ito sa iyo na manatiling malusog at malayo sa sakit. Kabilang sa pang-iwas na pangangalaga ang mga regular na pagpapatingin at edukasyong pangkalusugan, at pagpapayo sa kalusugan.

Inirerekomenda ng Anthem lalo na sa mga bata, na makakuha sila ng regular na karaniwan at pang-iwas na pangangalaga. Makukuha ng mga miyembro ng Anthem ang lahat ng inirerekomendang maagang serbisyong pang-iwas na inirerekomenda ng American Academy of Pediatrics at ng Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid. Kasama sa mga screening na ito ang screening sa pandinig at paningin, na makakatulong na matiyak ang malusog na pag-unlad at pagkatuto. Para sa listahan ng mga serbisyong inirerekomenda ng doktor ng mga bata, basahin ang mga alituntunin ng “Bright Futures” mula sa American Academy of Pediatrics sa https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Kasama rin sa karaniwang pangangalaga ang pangangalaga kapag ikaw ay may sakit. Sinasaklaw ng Anthem ang karaniwang pangangalaga mula sa iyong PCP.

Gagawin ng iyong PCP ang mga sumusunod:

- Ibibigay sa iyo ang karamihan ng iyong karaniwang pangangalaga, kasama ang mga regular na checkup, bakuna, paggamot, reseta, at medikal na payo
- lingatan ang iyong mga rekord ng kalusugan
- Ire-refer (ipapadala) ka sa mga espesyalista kung kinakailangan
- Mag-uutos ng mga X-ray, mammogram, o pagsusuri sa laboratoryo kung kinakailangan mo ang mga ito

Kapag kailangan mo ng karaniwang pangangalaga, tatawag ka sa iyong doktor para sa isang appointment. Tiyaking tatawagan mo muna ang iyong PCP bago ka kumuha ng pangangalagang medikal, maliban na lang kung isa itong emergency. Para sa isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Para higit pang matuto tungkol sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong sinasaklaw at hindi sinasaklaw ng iyong plano, basahin ang Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo” at Kabanata 5, “Well care ng bata at kabataan” sa handbook na ito.

Ang lahat ng provider ng Anthem ay maaaring gumamit ng mga tulong at serbisyo para makaugnayan ang mga taong may kapansanan. Puwede rin silang makipag-ugnayan sa iyo sa ibang wika o format. Sabihin sa iyong provider o sa Anthem kung ano ang kailangan mo.

Network ng provider

Ang network ng provider ng Medi-Cal ay grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang provider na nakikipagtulungan sa Anthem para magbigay ng mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal sa mga miyembro ng Medi-Cal.

Ang Anthem ay isang planong pangkalusugan para sa pinamamahalaang pangangalaga. Dapat mong sulitin ang iyong mga saklaw na serbisyo sa pamamagitan ng Anthem mula sa aming mga provider na nasa network. Maaari kang pumunta sa provider na wala sa network nang walang referral o paunang pag-apruba para sa pangangalagang pang-emergency o para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya. Maaari ka ring pumunta



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

sa provider na wala sa network para sa agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo kapag ikaw ay nasa lugar na hindi namin pinagseserbisuhan. Dapat ay mayroon kang referral o paunang pag-apruba para sa lahat ng iba pang serbisyo sa labas ng network, o hindi sasaklawin ang mga iyon.

Tandaan: Maaaring pumili ang mga American Indian ng isang IHCP bilang kanilang PCP, kahit na wala sa network ng Anthem ang IHCP.

Kung salungat sa paniniwala ng iyong PCP, ospital, o iba pang provider ang pagbibigay sa iyo ng saklaw na serbisyo gaya ng pagpapalano ng pamilya o pagpapalaglag, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga salungat na paniniwala, basahin ang “Salungat na paniniwala” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Kung may salungat na paniniwala ang iyong provider sa pagbibigay sa iyo ng mga saklaw na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, matutulungan ka nilang maghanap ng ibang provider na magbibigay sa iyo ng mga serbisyong kailangan mo. Makakatulong din sa iyo ang Anthem na makahanap ng provider na magsasagawa ng serbisyo.

Mga provider na nasa network

Gagamit ka ng mga provider na nasa network ng Anthem para sa karamihan ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Makakakuha ka ng pang-iwas at karaniwang pangangalaga mula sa mga provider na nasa network. Gagamit ka rin ng mga espesyalista, ospital, at iba pang provider na nasa network ng Anthem.

Kung kailangan mo ng Direktoryo ng Provider, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Maaari mo ring mahanap online ang Direktoryo ng Provider sa **anthem.com/ca/medi-cal**. Para makakuha ng kopya ng Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata, tawagan ang Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711**. O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa **<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>**.

Dapat kang makakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Anthem bago ka pumunta sa isang provider sa labas ng network ng Anthem, kabilang ang sa loob ng lugar ng serbisyo ng Anthem, maliban sa mga sitwasyong ito:

- Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng pangangalagang pang-emergency, tumawag sa 911 o pumunta kaagad sa pinakamalapit na emergency room.
- Kung nasa labas ka ng lugar ng serbisyo ng Anthem at nangangailangan ng agarang pangangalaga, pumunta sa anumang pasilidad ng agarang pangangalaga.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, pumunta sa alinmang provider ng Medi-Cal nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).
- Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip, pumunta sa provider na nasa network o provider ng plano sa kalusugan ng isip ng county, nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Kung wala ka sa isa sa mga sitwasyong nakalista sa itaas at hindi ka nakakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) bago kumuha ng pangangalaga mula sa provider na nasa labas ng network, maaari kang managot para sa pagbabayad para sa anumang pangangalagang nakuha mo mula sa provider na wala sa network.

Mga provider na wala sa network pero nasa loob ng lugar ng serbisyo

Ang mga provider na wala sa network ay mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na walang kasunduang makipagtulungan sa Anthem. Maliban sa pangangalagang pang-emergency, maaaring kailanganin mong magbayad para sa anumang pangangalaga na nakukuha mo mula sa mga provider na wala sa network. Kung kailangan mo ng mga medikal na kinakailangang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na hindi available sa network, maaari mong makuha ang mga ito mula sa provider na wala sa network nang wala kang babayaran.

Maaaring aprubahan ng Anthem ang referral para sa provider na wala sa network kung hindi available ang mga serbisyong kailangan mo sa network o kung napakalayo nito mula sa iyong tahanan. Kung bibigyan ka namin ng referral para sa provider na wala sa network, babayaran namin ang pangangalagang ito.

Para sa agarang pangangalaga sa loob ng lugar ng serbisyo ng Anthem, dapat kang pumunta sa provider ng agarang pangangalaga sa network ng Anthem. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang provider na nasa network. Kailangan mong makakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa provider na wala sa network sa loob ng lugar ng serbisyo ng Anthem.

Kung kukuha ka ng agarang pangangalaga mula sa provider na wala sa network sa loob ng lugar ng serbisyo ng Anthem, maaaring kailanganin mong bayaran ang pangangalagang iyon. Puwede kang magbasa pa tungkol sa mga serbisyo sa pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga, at sensitibong pangangalaga sa kabanatang ito.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Tandaan: Kung isa kang American Indian, maaari kang makakuha ng pangangalaga sa isang IHCP sa labas ng aming network ng provider nang walang referral. Ang IHCP na wala sa network ay maaari ding mag-refer ng mga American Indian na miyembro sa provider na nasa network nang hindi muna nangangailangan ng referral mula sa PCP na nasa network.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga serbisyong wala sa network, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Nasa labas ng lugar ng serbisyo

Kung nasa labas ka ng lugar ng serbisyo ng Anthem at kailangan mo ng pangangalaga na **hindi** pang-emergency o agaran, tawagan kaagad ang iyong PCP. O tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Dapat magkaroon ang mga miyembrong nangangailangan ng hindi pang-emergency o hindi agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care (Los Angeles County) at/o network ng provider ng paunang pag-apruba bago makuha ang serbisyo. Mangyaring tawagan ang iyong PCP o Sentro ng Pangangalaga sa Customer ng Anthem.

Para sa pangangalagang pang-emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Sinasaklaw ng Anthem ang pangangalagang pang-emergency na wala sa network. Kung magbibiyahe ka sa Canada o Mexico at kailangan mo ng pangangalagang pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital, sasaklawin ng Anthem ang iyong pangangalaga. Kung bumibiyahe ka sa ibang bansa na hindi sa Canada o Mexico at kailangan mo ng mga pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga, o anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, **hindi** sasaklawin ng Anthem ang iyong pangangalaga.

Kung nagbayad ka para sa pangangalagang pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico, maaari mong hilingin sa Anthem na bayaran ka. Susuriin ng Anthem ang iyong kahilingan.

Kung ikaw ay nasa ibang estado o nasa Teritoryo ng US gaya ng American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, o US Virgin Islands, saklaw ka para sa pangangalagang pang-emergency. Hindi lahat ng ospital at doktor ay tumatanggap ng Medicaid. (Medi-Cal ang tawag sa Medicaid sa California lang.) Kung kailangan mo ng pangangalagang pang-emergency sa labas ng California, sabihin sa doktor sa ospital o emergency room sa lalong madaling panahon na mayroon kang Medi-Cal at miyembro ng Anthem.

Hilingin sa ospital na gumawa ng mga kopya ng iyong ID card ng Anthem. Sabihan sa ospital at mga doktor na singilin ang Anthem. Kung makakakuha ka ng bill para sa mga



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

serbisyong nagamit mo sa ibang estado, tawagan kaagad ang Anthem. Makikipagtulungan kami sa ospital at/o sa doktor para ayusin na ang Anthem ang magbabayad sa iyong pangangalaga.

Kung nasa labas ka ng California at mayroon kang emergency na pangangailangan na punan ang mga inireresetang gamot para sa outpatient, mangyaring patawagin mo ang parmasya sa Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**.

Tandaan: Maaaring makakuha ang mga American Indian ng mga serbisyo mula sa mga IHCP na wala sa network.

Ang Mga Serbisyo sa Bata ng California (CCS) Program ay isang programa ng estado na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may ilang kondisyon sa kalusugan, mga sakit o mga problemang pangkalusugan na hindi gumaling at tumutugon sa mga tuntunin ng programa ng CCS. Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa kwalipikadong medikal na kondisyon ng CCS at walang naka-panel na CCS na espesyalista sa network ang Anthem na makakapagbigay ng pangangalaga na kailangan mo, maaari kang makipag-ugnayan sa provider sa labas ng network ng provider nang walang bayad sa iyo. Para matuto nang higit pa tungkol sa programa ng CCS, basahin ang Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo” sa handbook na ito.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa wala sa network o wala sa lugar ng serbisyo na pangangalaga, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Kung sarado ang tanggapan at gusto mo ng tulong mula sa isang kinatawan, tawagan ang 24/7 na Linya ng Nurse sa **1-800-224-0336 (TTY 711)**.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo ng Anthem, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad para sa agarang pangangalaga. Kung bumibiyahe ka sa labas ng Estados Unidos at kailangan mo ng agarang pangangalaga, hindi sasaklawin ng Anthem ang iyong pangangalaga. Para sa higit pa tungkol sa agarang pangangalaga, basahin ang “Agarang pangangalaga” sa mas huling bahagi ng kabanatang ito.

Mga Itinalagang Modelong MCP

Nakikipagtulungan ang Anthem sa maraming doktor, espesyalista, parmasya, ospital at ibang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ang ilan sa mga provider na ito ay nagtatrabaho sa loob ng network, na minsan ding tinatawag na “grupong medikal” o “independent practice association (IPA).” Maaaring direkta ring kinokontrata ng Anthem ang mga provider na ito.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Ire-refer ka ng iyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) sa mga espesyalista at serbisyong nauugnay sa kanilang grupong medikal, IPA o sa Anthem. Kung nagpapatingin ka na sa espesyalista, makipag-usap sa iyong PCP o tumawag sa Sentro ng Pangangalaga sa Customer Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Tutulungan ka ng Sentro ng Pangangalaga sa Customer na magpatingin sa provider na ito kung kwalipikado ka para sa pagpapatuloy ng pangangalaga. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang seksyon sa pagpapatuloy ng pangangalaga ng handbook na ito.

Paano gumagana ang pinamamahalaang pangangalaga

Ang Anthem ay isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga. Nagbibigay ang Anthem ng pangangalaga sa mga miyembrong nakatira o nagtatrabaho sa Los Angeles County. Sa pinamamahalaang pangangalaga, nagtutulungan ang iyong PCP, mga espesyalista, klinika, ospital, at iba pang provider para mapangalagaan ka.

Nakikipagkontrata ang Anthem sa mga grupong medikal para magbigay ng pangangalaga sa mga miyembro ng Anthem. Binubuo ang grupong medikal ng mga doktor na mga PCP at espesyalista. Nakikipagtulungan ang grupong medikal sa iba pang provider tulad ng mga laboratoryo at supplier ng matibay na kagamitang medikal. Konektado din ang grupong medikal sa isang ospital. Tingnan ang iyong ID card ng Anthem para sa mga pangalan ng iyong PCP, grupong medikal, at ospital.

Kapag sumali ka sa Anthem, pipili ka ng o itatalaga ka sa isang PCP. Bahagi ang iyong PCP ng grupong medikal. Pinamamahalaan ng iyong PCP at grupong medikal ang pangangalaga para sa lahat ng iyong medikal na pangangailangan. Maaaring i-refer ka ng iyong PCP sa mga espesyalista o maaari siyang mag-utos ng mga pagsusuri sa laboratoryo at X-ray. Kung kailangan mo ng mga serbisyong nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), susuriin ng Anthem o ng iyong grupong medikal ang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) at magpapasya kung aaprubahan ang serbisyo.

Sa karamihan ng mga sitwasyon, dapat kang magpatingin sa mga espesyalista at iba pang propesyonal sa kalusugan na nagtatrabaho sa parehong grupong medikal ng iyong PCP. Maliban sa mga emergency, kailangan mo ring kumuha ng pangangalaga sa ospital mula sa ospital na konektado sa iyong grupong medikal.

Minsan, maaaring mangailangan ka ng serbisyong hindi available mula sa provider ng grupong medikal. Kung ganoon, ire-refer ka ng iyong PCP sa provider na nasa ibang grupong medikal o nasa labas ng network. Hihilingin ng iyong PCP ang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para makapunta ka sa provider na ito.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Kadalasan, dapat mayroon kang paunang pahintulot mula sa iyong PCP, grupong medikal, o Anthem bago ka makapunta sa provider na wala sa network o provider na hindi bahagi ng iyong grupong medikal. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyong pang-emergency, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa network.

Mga miyembrong mayroong Medicare at Medi-Cal

Dahil mayroon kang coverage ng Medicare, sinasaklaw ang iyong regular (malala) na pangangalaga sa pamamagitan ng iyong plano sa Medicare. Pipili ka ng provider ng pangunahing pangangalaga sa iyong plano ng Medicare. Mangyaring tingnan ang Ebidensya ng Coverage para sa iyong plano ng Medicare para maunawaan ang tungkulin ng provider ng pangunahing pangangalaga, sino ang maaaring maging provider ng pangungunahing pangangalaga, paano magpalit ng iyong provider ng pangunahing pangangalaga, at kung paano kumuha ng pangangalaga. Magkakaroon din ng mga detalye ang Ebidensya ng Coverage ng Medicare MCO sa iyong Medicare at mga benepisyo sa inireresetang gamot at kung paano gumagana ang mga ito kasama ng iyong mga benepisyo sa Medicaid. Kung mayroon kang coverage sa Medicare sa isa pang insurer ng Medicare, sumangguni sa handbook at impormasyong ipinadala nila sa iyo.

Ano ang kailangan kong dalhin sa appointment ko sa doktor?

Kapag pupunta ka sa tanggapan ng iyong doktor para sa appointment, dalhin ang:

- Iyong regular na ID card ng Medicare o ang iyong ID card ng Medicare Advantage plan
- Kung ang iyong plano sa Medicare ay ang MCO Advantage plan, ipakita ang iyong ID card ng MCO Advantage
- Iyong ID card ng Medi-Cal
- Anumang gamot na iyong iniinom
- Iyong mga rekord sa pagpapabakuna

Mga Doktor

Pipili ka ng doktor mula sa Direktoryo ng Provider ng Anthem bilang iyong PCP. Dapat provider na nasa network ang doktor na pipiliin mo. Para makakuha ng kopya ng Direktoryo ng Provider ng Anthem, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. O hanapin ito online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Kung pipili ka ng bagong PCP, dapat mo ring tawagan ang PCP na gusto mo para matiyak na tumatanggap ito ng mga bagong pasyente.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Kung may doktor ka na bago ka naging miyembro ng Anthem, at hindi bahagi ng network ng Anthem ang doktor na iyon, maaaring mapanatili mo ang doktor na iyon sa loob ng limitadong panahon. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga. Mababasa mo ang higit pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa handbook na ito. Para matuto nang higit pa, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Kung kailangan mo ng espesyalista, ire-refer ka ng iyong PCP sa espesyalista sa network ng Anthem. Hindi nangangailangan ng referral ang ilang espesyalista. Para sa higit pa tungkol sa mga referral, basahin ang “Mga Referral” sa mas huling bahagi ng kabanatang ito.

Tandaan, kung hindi ka pipili ng PCP, pipili ang Anthem ng isa para sa iyo, maliban kung mayroon kang ibang komprehensibong coverage sa kalusugan bilang karagdagan sa Medi-Cal. Ikaw ang pinakanakakaalam sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamainam kung ikaw ang pipili para sa iyong sarili. Kung mayroon ka ng parehong Medicare at Medi-Cal, o kung mayroon kang ibang insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi mo kailangang pumili ng PCP mula sa Anthem.

Kung gusto mong palitan ang iyong PCP, dapat kang pumili ng PCP mula sa Direktoryo ng Provider ng Anthem. Tiyaking tumatanggap ang PCP ng mga bagong pasyente. Para palitan ang iyong PCP, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)** o bisitahin ang **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Mga Ospital

Sa isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

Kung hindi ito isang emergency at kailangan mo ng pangangalaga sa ospital, pagpapasiyahan ng iyong PCP kung saang ospital ka dapat pumunta. Kakailanganin mong pumunta sa isang ospital na ginagamit ng iyong PCP at nasa network ng provider ng Anthem. Nakalista sa Direktoryo ng Provider ang mga ospital sa network ng Anthem.

Mga espesyalista sa kalusugan ng mga babae

Puwede kang pumunta sa espesyalista sa kalusugan ng mga babae sa network ng Anthem para sa saklaw na pangangalagang kinakailangan para magbigay ng mga serbisyo sa karaniwang pangangalaga para sa mga babae. Hindi mo kailangan ng referral o pahintulot mula sa iyong PCP para makuha ang mga serbisyong ito.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Para sa tulong sa paghahanap ng espesyalista sa kalusugan ng kababaihan, maaari mong tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Maaari mo rin tawagan ang aming 24/7 na Linya ng Nurse sa **1-800-224-0336 (TTY 711)**.

Direktoryo ng Provider

Inilista ng Direktoryo ng Provider ng Anthem ang mga provider sa network ng Anthem. Ang network ay ang grupo ng mga provider na nakikipagtulungan sa Anthem.

Inilista ng Direktoryo ng Provider ng Anthem ang mga ospital, PCP, espesyalista, manggagamot na nars, kumadronang nars, katulong na doktor, provider sa pagpapalano ng pamilya, FQHC, provider para sa kalusugan ng isip ng outpatient, mga pinamamahalaang pangmatagalang serbisyo at suporta (MLTSS), Mga Freestanding na Paanakan (FBC), IHCP, at RHC.

Ang Direktoryo ng Provider ay may mga pangalan, espesyalidad, address, numero ng telepono, oras ng negosyo, at ginagamit na wika ng mga provider sa network ng Anthem. Sinasabi nito sa iyo kung tumatanggap ang provider ng mga bagong pasyente. Nagbibigay din ito ng pisikal na accessibility para sa gusali, tulad ng paradahan, mga rampa, mga hagdan na may mga handrail, at mga banyong may malalawak na pinto at grab bar. Para matuto nang higit pa tungkol sa edukasyon, pagsasanay, at sertipikasyon ng board ng doktor, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Makikita mo online ang Direktoryo ng Provider sa lacare.org.

Kung kailangan mo ng naka-print na Direktoryo ng Provider, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Mahamanap mo ang listahan ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Makakahanap ka rin ng parmasya na malapit sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273)** at pindutin ang **7** o **711**.

Napapanahong pag-access sa pangangalaga

Dapat magbigay ang iyong provider na nasa network ng napapanahong pag-access sa pangangalaga batay sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Sa minimum, dapat silang mag-alok sa iyo ng appointment na nakalista sa mga time frame sa talahanayan sa ibaba.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

3 | Paano makakuha ng pangangalaga

Uri ng appointment	Dapat ay makakuha ka ng appointment sa loob ng:
Mga appointment para sa agarang pangangalaga na hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	48 oras
Mga appointment para sa agarang pangangalaga na nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	96 na oras
Mga hindi agaran (karaniwan) na appointment sa pangunahing pangangalaga	10 araw na bukas ang tanggapan
Mga hindi agaran (karaniwan) na appointment para sa pangangalaga ng espesyalista	15 araw na bukas ang tanggapan
Mga hindi agaran (karaniwan) na appointment para sa pangangalaga sa provider sa kalusugan ng isip (hindi doktor)	10 araw na bukas ang tanggapan
Mga hindi agaran (karaniwan) na appointment para sa follow-up na pangangalaga sa provider sa kalusugan ng isip (hindi doktor)	10 araw na bukas ang tanggapan mula sa huling appointment
Mga hindi agaran (karaniwan) na appointment para sa mga pantulong (pansuportang) na serbisyo para sa pag-diagnose o paggamot ng pinsala, karamdaman, o iba pang kondisyon sa kalusugan	15 araw na bukas ang tanggapan

Iba pang pamantayan sa oras ng paghihintay	Dapat kang makakonekta sa loob ng:
Mga tagal ng paghihintay sa tawag sa telepono ng Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa mga karaniwang oras ng trabaho	10 minuto
Mga oras ng paghihintay sa telepono para sa 24/7 na Linya ng Nurse	30 minuto (nakakonekta sa nars)



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Hindi problema ang paminsan-minsang paghihintay nang mas matagal para sa appointment. Maaaring bigyan ka ng iyong provider ng mas matagal na oras ng paghihintay kung hindi ito makakasama sa iyong kalusugan. Dapat itala sa iyong rekord na hindi makakasama sa iyong kalusugan ang mas matagal na oras ng paghihintay. Gayundin, kung mas gusto mong maghintay ng appointment sa ibang pagkakataon na mas akma sa iyong iskedyul o pumunta sa ibang provider na iyong pinili, igagalang ng iyong provider o ng Anthem ang iyong kagustuhan.

Maaaring magrekomenda ang iyong doktor ng isang partikular na iskedyul para sa mga serbisyong pang-iwas, pang-follow up na pangangalaga para sa mga nagpapatuloy na kondisyon, o nagpapatuloy na referral para sa mga espesyalista, depende sa iyong mga pangangailangan.

Sabihin sa amin kung kailangan mo ng mga serbisyo ng interpreter kapag tumawag ka sa Anthem o kapag nakakuha ka ng mga saklaw na serbisyo. Available ang mga serbisyo ng interpreter, kabilang ang sign language nang wala kang babayaran. Lubos naming hindi hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad o miyembro ng pamilya bilang mga interpreter. Para matuto nang higit pa tungkol sa mga serbisyo ng interpreter na inaalok namin, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Kung kailangan mo ng mga serbisyo ng interpreter, kabilang ang sign language, sa parmasya ng Medi-Cal Rx, tawagan ang Customer Service ng Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **711**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Oras ng pagbiyahe o distansya sa pangangalaga

Dapat sumunod ang Anthem sa mga pamantayan sa oras ng pagbiyahe at distansya para sa iyong pangangalaga. Nakakatulong ang mga pamantayang iyon na matiyak na makakakuha ka ng pangangalaga nang hindi kinakailangang bumiyahe nang napakalayo mula sa iyong tinitirhan. Nakadepende ang oras ng pagbiyahe at distansya sa county kung saan ka nakatira.

Kung hindi kaya ng Anthem na magbigay ng pangangalaga sa iyo na nakatutugon sa mga pamantayang ito sa oras ng pagbiyahe o distansya, maaaring payagan ng DHCS ang ibang pamantayan, na tinatawag na pamatayan sa alternatibong pag-access. Para sa mga pamantayan ng Anthem sa oras ng pagbiyahe o distansya kung saan ka nakatira, bisitahin ang lacare.org. O tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Kung kailangan mo ng pangangalaga mula sa provider na malayo sa iyong tinitirhan, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Makakatulong silang humanap ng pangangalaga gamit ang provider na mas malapit sa iyo. Kung hindi makahanap ang Anthem ng pangangalaga para sa iyo mula sa mas malapit na provider, maaari mong hilingin sa Anthem na magsaayos ng transportasyon para sa iyo para makapunta ka sa provider, kahit na malayo ang provider na iyon sa kung saan ka nakatira.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga provider ng parmasya, tawagan ang Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711**.

Tinuturing na malayo ito kung hindi mo mapupuntahan ang provider na ito sa loob ng mga pamantayan ng Anthem sa oras ng pagbiyahe o distansya para sa iyong county, anuman ang pamantayan sa alternatibong pag-access na maaaring gamitin ng Anthem para sa iyong ZIP code.

Mga Appointment

Kapag kailangan mo ng pangangalagang pangkalusugan:

- Tawagan ang iyong PCP
- Ihanda ang iyong numero ng ID ng Anthem para sa pagtawag
- Mag-iwan ng mensahe kasama ang iyong pangalan at numero ng telepono kung sarado ang tanggapan
- Dalhin ang iyong BIC at ID card ng Anthem sa iyong appointment
- Humiling ng transportasyon patungo sa iyong appointment, kung kinakailangan
- Humingi ng kinakailangang tulong sa wika o mga serbisyo sa interpretasyon bago ang iyong appointment para magkaroon ng mga serbisyo sa oras ng iyong pagpapatingin
- Dumating sa wastong oras para sa iyong appointment, dumating nang ilang minuto na mas maaga para mag-sign in, sumagot ng mga form, at sumagot ng anumang tanong na maaaring mayroon ang PCP mo
- Tumawag kaagad kung hindi ka makakapunta o kung mahuhuli ka sa iyong appointment
- Ihanda ang iyong mga tanong at impormasyon ng gamot

Kung mayroon kang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Kung kailangan mo ng tulong sa pagpapasya kung gaano kaagaran mo kailangan ng pangangalaga at hindi available ang iyong PCP para makipag-usap sa iyo, tawagan ang 24/7 na Linya ng Nurse sa **1-800-224-0336 (TTY 711)**.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Pagpunta sa iyong appointment

Kung wala kang paraan para makapunta at makabalik mula sa iyong mga appointment para sa mga saklaw na serbisyo, makakatulong ang Anthem sa pag-aayos ng transportasyon para sa iyo. Depende sa iyong sitwasyon, maaari kang maging kwalipikado para sa alinman sa Medikal na Transportasyon o para sa Transportasyong Hindi Medikal. Hindi para sa mga emergency ang mga serbisyong pangtransportasyon na ito at maaaring available nang wala kang babayaran.

Kung hindi ka sigurado kung isa itong emergency, tumawag sa **911**. Available ang transportasyon para sa mga serbisyo at appointment na hindi nauugnay sa pangangalagang pang-emergency. Maaaring available ang mga ito nang wala kang babayaran.

Para matuto pa, basahin ang, “Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyong hindi pang-emergency” sa ibaba.

Pagkansela at pagbabago ng iskedyul

Kung hindi ka makakarating sa iyong appointment, tawagan mo kaagad ang tanggapan ng iyong provider. Hinihiling ng karamihan sa mga doktor na tumawag ka 24 na oras (1 araw ng trabaho) bago ang iyong appointment kung kailangan mong magkansela. Kung napalampas mo ang mga paulit-ulit na appointment, maaaring huminto ang iyong doktor sa pagbibigay ng pangangalaga sa iyo at kailangan mong maghanap ng bagong doktor.

Pagbabayad

Hindi mo kailangang magbayad para sa mga saklaw na serbisyo maliban kung mayroon kang bahagi sa gastusin para sa pangmatagalang pangangalaga. Para matuto pa, basahin ang “Para sa mga miyembrong may pangmatagalang pangangalaga at may bahagi sa gastusin” sa Kabanata 2. Kadalasan, hindi ka makakakuha ng bill mula sa isang provider. Dapat mong ipakita ang iyong ID card ng Anthem at ang iyong BIC ng Medi-Cal kapag kukuha ka ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o reseta, para malaman ng iyong provider kung sino ang sisingilin. Maaari kang makakuha ng Paliwanag ng Mga Benepisyo (EOB) o statement mula sa isang provider. Ang mga EOB at statement ay hindi mga bill.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Kung makakakuha ka ng bill, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Kung makakakuha ka ng bill para sa mga reseta, tawagan ang Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711**. O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Sabihin sa Anthem ang halagang sinisingil sa iyo, ang petsa ng serbisyo, at ang dahilan ng pagsingil. Hindi mo kailangang bayaran ang mga provider para sa anumang halagang dapat bayaran ng Anthem para sa anumang saklaw na serbisyo. Dapat kang makakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Anthem bago ka magpatingin sa provider na wala sa network maliban kung:

- Kailangan mo ng mga serbisyong pang-emergency, sa ganoong sitwasyon, i-dial ang 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital
- Kailangan mo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya o serbisyong nauugnay sa pagsusuri para sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik, kung saan pwede kang pumunta sa anumang provider ng Medi-Cal nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot)
- Kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip, kung saan maaari kang pumunta sa provider na nasa network o sa provider ng plano sa kalusugan ng isip ng county nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Kung kukuha ka ng pangangalaga mula sa provider na wala sa network at hindi ka nakakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa L.A. Care, maaaring kailanganin mong bayaran ang pangangalagang nakuha mo. Kung kailangan mong kumuha ng medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa provider na wala sa network dahil hindi ito available sa network ng Anthem, hindi mo kailangang magbayad hangga't saklaw na serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalaga at nakakuha ka ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Anthem para dito. Para matuto pa tungkol sa pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga, at sensitibong pangangalaga, pumunta sa mga heading na iyon sa kabanatang ito.

Kung makakatanggap ka ng bill o hiniling sa iyong magbayad ng co-pay na sa palagay mo ay hindi mo kinailangang bayaran, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Kung magbabayad ka ng bill, maaari kang maghain ng form ng pag-claim sa Anthem. Kakailanganin mong sabihin sa Anthem nang nakasulat kung bakit kinailangan mong magbayad para sa item o serbisyo. Magpapasya ang Anthem kung maaari mong mabawi ang pera.

Para sa mga tanong, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Kung makakakuha ka ng mga serbisyo sa sistema ng Veterans Affairs o makakakuha ng hindi saklaw o hindi awtorisadong mga serbisyo sa labas ng California, maaaring ikaw ang may responsibilidad na magbayad.

Hindi ka babayaran ng Anthem kung:

- Hindi saklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyo tulad ng mga serbisyong pampaganda
- May hindi ka pa nababayaranang bahagi sa gastusin sa Medi-Cal
- Pumunta ka sa doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at lumagda ka sa form na nagsasabing magpapatingin ka pa rin at babayaran mo mismo ang mga serbisyo
- Hiniling mong mabayaran para sa mga co-pay para sa mga resetang saklaw ng iyong plano sa Medicare Part D

Mga referral

Kung kailangan mo ng espesyalista para sa iyong pangangalaga, magbibigay ng referral ang iyong PCP o ibang espesyalista. Ang isang espesyalista ay provider na nakatuon sa isang uri ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Makikipagtulungan sa iyo ang doktor na nagre-refer para pumili ng espesyalista. Para makatulong na matiyak na maaari kang pumunta sa espesyalista sa isang napapanahong paraan, nagtatakda ang DHCS ng mga time frame para sa mga miyembro para makakuha ng mga appointment. Nakalista ang mga time frame na ito sa “Napapanahong pag-access sa pangangalaga” sa handbook na ito. Matutulungan ka ng tanggapan ng iyong PCP na mag-set up ng appointment sa isang espesyalista.

Kasama sa iba pang serbisyo na maaaring mangailangan ng referral ang mga pamamaraan sa tanggapan, X-ray, at pagsusuri sa laboratoryo.

Maaari kang bigyan ng iyong PCP ng form na dadalhin mo sa espesyalista. Pupunan ng espesyalista ang form at ipadadala ito pabalik sa iyong PCP. Gagamutin ka ng espesyalista hangga’t sa tingin niya ay kailangan mo ang paggamot.

Kung mayroon kang problema sa kalusugan na nangangailangan ng espesyal na pangangalagang medikal sa loob ng mahabang panahon, maaaring kailangan mo ng patuloy na referral. Ibig sabihin, maaari kang magpatingin sa parehong espesyalista nang higit sa isang beses nang hindi kumukuha ng referral sa bawat pagkakataon.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Kung nagkakaroon ka ng problema sa pagkuha ng patuloy na referral o gusto mo ng kopya ng polisiya ng referral ng Anthem, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer Center sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Hindi mo kailangan ng referral para sa:

- Mga pagpapatingin sa PCP
- Mga pagpapatingin sa Obstetrics/Gynecology (OB/GYN)
- Mga pagpapatingin para sa agarang pangangalaga o pangangalagang pang-emergency
- Mga sensitibong serbisyo para sa mga nasa hustong gulang, tulad ng pangangalagang nauugnay sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya (para matuto pa, tawagan ang Tanggapan ng Impormasyon sa Pagpapalano ng Pamilya at Serbisyo ng Pagrerekomenda sa 1-800-942-1054)
- Pagsusuri at pagpapayo para sa HIV (edad na 12 taon pataas)
- Mga serbisyong nauugnay sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik (edad na 12 taon pataas)
- Mga serbisyong chiropractic (maaaring mangailangan ng referral kapag ibinibigay ng mga FQHC, RHC, at IHCP na wala sa network.)
- Paunang pagtatasa sa kalusugan ng isip
- Patuloy na therapy sa kalusugan ng isip

Maaari ding makakuha ang mga menor de edad ng mga pang-outpatient na serbisyo sa kalusugan ng isip, sensitibong serbisyo, at serbisyo sa sakit sa paggamit ng mga kontroladong kemikal, nang walang pahintulot ng magulang. Para matuto pa, basahin ang “Mga serbisyong pinapahintulutan para sa menor de edad” sa kabanatang ito at “Mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng mga kontroladong kemikal” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Mga referral sa Batas sa Equity sa Kanser ng California

Ang mabisang paggamot ng mga komplikadong kanser ay nakadepende sa maraming salik. Kasama rito ang pagtanggap ng tamang diagnosis at pagkuha ng paggamot sa tamang oras mula sa mga eksperto sa kanser. Kung na-diagnose ka na may komplikadong kanser, binibigyang-daan ka ng bagong Batas sa Pagkakapantay-pantay sa Pangangalaga sa Kanser ng California na humingi ng referral mula sa iyong doktor para makakuha ng paggamot sa kanser, na magmumula sa isang nasa network na sentro para sa kanser na itinalaga ng Pambansang Institusyon para sa Kanser (NCI),



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

site na kaanib ng Programa ng NCI sa Pananaliksik sa Oncology sa Komunidad (NCORP), o kwalipikadong pang-akademyang sentro para sa kanser.

Kung wala ang Anthem ng nasa network na sentro para sa kanser na itinalaga ng NCI, papayagan ka ng Anthem na humingi ng referral para makatanggap ng paggamot sa kanser mula sa isa sa mga sentrong wala sa network na ito sa California, kung magkasundo ang isa sa mga sentrong wala sa network at ang Anthem sa pagbabayad, maliban kung pipiliin mong magpatingin sa ibang provider ng paggamot sa kanser.

Kung na-diagnose kang may kanser, makipag-ugnayan sa Anthem para malaman kung kwalipikado ka para sa mga serbisyong mula sa isa sa mga sentro para sa kanser na ito.

Handa ka na bang tumigil sa paninigarilyo? Para malaman ang tungkol sa mga serbisyo sa Ingles, tumawag sa 1-800-300-8086. Para sa Espanyol, tumawag sa 1-800-600-8191. Para matuto pa, pumunta sa www.kickitca.org.

Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganing humingi ng pahintulot ng iyong PCP o espesyalista sa Anthem bago mo makuha ang pangangalaga. Tinatawag itong paghingi ng paunang pag-apruba o paunang pahintulot. Nangangahulugan ito na dapat tiyakin ng Anthem na medikal na kinakailangan ang pangangalaga (kinakailangan).

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatuwiran at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, pinipigilan kang magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o binabawasan ang matinding pananakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalagang medikal na kinakailangan para maayos o makatulong na maibsan ang sakit o kondisyon ng katawan o pag-iisip.

Palaging kailangan ng mga sumusunod na serbisyo ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), kahit na makuha mo ang mga ito mula sa provider ng network ng Anthem:

- Pagpapaospital, kung hindi isang emergency
- Mga serbisyo sa labas ng lugar ng serbisyo ng Anthem, kung hindi pangangalagang pang-emergency o hindi agarang pangangalaga
- Pang-outpatient na operasyon



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- Pangmatagalang pangangalaga o mga serbisyo ng sanay na pag-aalaga sa pasilidad ng sanay na pag-aalaga
- Mga espesyal na paggamot, imaging, pagsusuri, at pamamaraan
- Mga serbisyo ng medikal na transportasyon kapag hindi ito emergency
- Transplant ng pangunahing organ

Hindi nangangailangan ang mga pang-emergency na serbisyo ng ambulansya ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Sa ilalim ng Seksyon 1367.01(h)(1) ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan, may 5 araw ng trabaho ang Anthem mula nang makuha ng Anthem ang impormasyong makatuwirang kinakailangan para magpasya (aprubahan o tanggihan) ang mga kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Para sa mga kahilingang ginawa ng isang provider o kapag nalaman ng Anthem na ang pagsunod sa karaniwang panahon ay maaaring seryosong maglagay sa panganib sa iyong buhay o kalusugan o kakayahang makuha, mapanatili, o mabawi ang maximum na paggana, gagawa ang Anthem ng pinabilis (mabilis) na paunang pag-apruba (paunang pahintulot) na desisyon.

Magbibigay ang Anthem sa iyo ng abiso na kasingbilis ng pangangailangan ng kondisyon ng iyong kalusugan at hindi lalampas sa 72 oras pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa mga serbisyo.

Sinusuri ng mga klinikal o medikal na kawani tulad ng mga doktor, nars, at pharmacist ang mga kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Hindi iniimpluwensyahan ng Anthem ang desisyon ng mga tagasuri para tanggihan o aprubahan ang coverage o mga serbisyo sa anumang paraan. Kung hindi aaprubahan ng Anthem ang kahilingan, padadalhan ka ng Anthem ng liham na Abiso ng Aksyon (NOA). Sasabihin sa iyo ng NOA kung paano maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon.

Makikipag-ugnayan sa iyo ang Anthem kung kailangan ng Anthem ng higit pang impormasyon o mas maraming oras para suriin ang iyong kahilingan.

Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa pangangalagang pang-emergency, kahit na wala ito sa network o wala sa iyong lugar ng serbisyo. Kabilang dito ang labor at panganganak kung buntis ka. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa ilang partikular na serbisyo sa sensitibong pangangalaga. Para matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga, basahin ang “Sensitibong pangangalaga” sa mas huling bahagi ng kabanatang ito.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Para sa mga tanong tungkol sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot), tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Mga pangalawang opinyon

Mainam na humingi ka ng pangalawang opinyon tungkol sa pangangalagang kinakailangan mo ayon sa iyong provider, o tungkol sa iyong diagnosis o plano sa paggamot. Halimbawa, maaaring gusto mo ng pangalawang opinyon kung gusto mong matiyak na tama ang iyong diagnosis, hindi ka sigurado na kailangan mo ng iniresetang paggamot o operasyon, o sinubukan mong sundin ang isang plano sa paggamot at hindi ito gumana.

Kung gusto mong makakuha ng pangalawang opinyon, ire-refer ka namin sa isang kwalipikadong provider sa network na makakapagbigay sa iyo ng pangalawang opinyon. Para sa tulong sa pagpili ng provider, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Magbabayad ang Anthem para sa ikalawang opinyon kung hiniling mo ito o ng iyong provider na nasa network at nakuha mo ang ikalawang opinyon mula sa isang provider na nasa network. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Anthem para makakuha ng ikalawang opinyon mula sa provider na nasa network. Matutulungan ka ng iyong provider na nasa network na makakuha ng referral para sa pangalawang opinyon kung kailangan mo ng isa.

Kung walang provider sa network ng Anthem na makakapagbigay sa iyo ng pangalawang opinyon, magbabayad ang Anthem para sa pangalawang opinyon mula sa isang provider na wala sa network. Sasabihin sa iyo ng Anthem sa loob ng 5 araw ng trabaho kung naaprubahan ang provider na pinili mo para sa pangalawang opinyon. Kung mayroon kang hindi gumagaling, malubha, o malalang sakit, o may agaran at malalang panganib sa iyong kalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagkawala ng buhay, binti o braso, o pangunahing organo o paggana ng katawan, sasabihin sa iyo ng Anthem nang nakasulat sa loob ng 72 oras.

Kung tinanggihan ng Anthem ang iyong kahilingan para sa pangalawang opinyon, maaari kang maghain ng karaingan. Para matuto pa, tungkol sa mga karaingan, basahin ang “Mga Reklamo” sa Kabanata 6 ng handbook na ito.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Sensitibong pangangalaga

Mga serbisyong pinapahintulutan para sa menor de edad

Kung wala ka pang 18 taong gulang, maaari kang makakuha ng ilang serbisyo nang walang pahintulot ng magulang o tagapangalaga. Tinatawag ang mga serbisyong ito na mga serbisyong pinapahintulutan para sa menor de edad.

Maaari mong makuha ang mga serbisyong ito nang wala ang pahintulot ng iyong magulang o tagapangalaga:

- Mga serbisyo sa sekswal na pag-atake, kasama ang pangangalaga sa kalusugan ng isip para sa outpatient
- Pagbubuntis
- Pagpapalano ng pamilya at pagkontrol sa pagbubuntis
- Mga serbisyo sa pagpapalaglag

Kung ikaw ay 12 taong gulang pataas, maaari mo ring makuha ang mga serbisyong ito nang wala ang pahintulot ng iyong magulang o tagapangalaga:

- Outpatient na pangangalaga sa kalusugan ng isip para sa:
 - Sekswal na pag-atake
 - Incest o pakikipagtalik ng magkamag-anak
 - Pisikal na pag-atake
 - Pang-aabuso sa bata
 - Kapag naiisip mo na saktan ang iyong sarili o ibang tao
- Pag-iwas, pagsusuri, paggamot para sa HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik
- Paggamot sa sakit sa paggamit ng mga kontroladong kemikal
 - Para matuto pa, basahin ang “Mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng mga kontroladong kemikal” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Para sa pagsusuri sa pagbubuntis, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, mga serbisyo sa pagkontrol sa pagbubuntis, o mga serbisyo para sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik, hindi kailangang nasa network ng Anthem ang doktor o klinika. Maaari kang pumili ng anumang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanila para sa mga serbisyong ito nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Para sa mga serbisyong pinapahintulutan para sa menor de edad na hindi mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip, puwede kang pumunta sa isang provider sa network nang walang referral at nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Hindi ka



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

kailangang i-refer ng iyong PCP at hindi mo kailangang kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Anthem para makakuha ng mga serbisyong pinapahintulutan para sa menor de edad.

Hindi saklaw ang mga serbisyong pinapahintulutan para sa menor de edad na mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip. Saklaw ng plano para sa kalusugan ng isip ng county ang mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip para sa county kung saan ka nakatira.

Maaaring makipag-usap ang mga menor de edad sa isang kinatawan nang pribado tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na Linya ng Nurse sa **1-800-224-0336 (TTY 711)**.

Hindi magpapadala ang Anthem ng impormasyon tungkol sa pagkuha ng mga sensitibong serbisyo sa mga magulang o tagapangalaga. Para matuto nang higit pa tungkol sa kung paano humingi ng mga kumpidensyal na komunikasyon na nauugnay sa mga sensitibong serbisyo, basahin ang “Abiso sa mga gawi sa pagkapribado” sa Kabanata 7 ng handbook na ito.

Mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga para sa nasa hustong gulang

Bilang nasa hustong gulang na 18 taong gulang pataas, maaaring hindi mo gustong magpatingin sa iyong PCP para sa partikular na sensitibo o pribadong pangangalaga. Maaari kang pumili ng alinmang doktor o klinika para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Pagpapalano ng pamilya at pagkontrol sa pagbubuntis kabilang ang sterilization para sa mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang pataas
- Pagsusuri at pagpapayo sa pagbubuntis
- Pag-iwas at pagsusuri sa HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik
- Pangangalagang nauugnay sa sekswal na pag-atake
- Mga pang-outpatient na serbisyong pagpapalaglag

Para sa sensitibong pangangalaga, hindi kailangang nasa network ng Anthem ang doktor o klinika. Maaari mong piliing pumunta sa alinmang provider ng Medi-Cal para sa mga serbisyong ito nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Anthem. Kung nakakuha ka ng pangangalagang hindi nakalista dito bilang sensitibong pangangalaga mula sa provider na wala sa network, maaaring kailanganin mong bayaran ito.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng doktor o klinika para sa mga serbisyong ito, o kailangan mo ng tulong sa pagkuha sa mga serbisyong ito (kabilang ang transportasyon), tumawag sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Maaari mo rin tawagan ang aming 24/7 na Linya ng Nurse sa **1-800-224-0336 (TTY 711)**.

Hindi magsisiwalat ang Anthem ng medikal na impormasyong nauugnay sa mga sensitibong serbisyo sa sinumang iba pang miyembro nang walang nakasulat na pahintulot mula sa iyo, ang miyembrong nakakatanggap ng pangangalaga. Para matuto nang higit pa tungkol sa kung paano humingi ng mga kumpidensyal na komunikasyon na nauugnay sa mga sensitibong serbisyo, basahin ang “Abiso sa mga gawi sa pagkapribado” sa Kabanata 7.

Salungat na paniniwala

May salungat na paniniwala ang ilang provider sa ilang sinasaklaw na serbisyo. May karapatan siyang **hindi** ialok ang ilang sinasaklaw na serbisyo kung hindi sila sumasang-ayon sa serbisyo batay sa paniniwala. Kung may salungat na paniniwala ang iyong provider, tutulungan ka nilyang maghanap ng isa pang provider para sa mga kinakailangang serbisyo. Makakatulong din sa iyo ang Anthem sa paghahanap ng provider.

Hindi nagbibigay ang ilang ospital at provider ng isa o higit pa sa mga serbisyong ito kahit na saklaw ng Medi-Cal ang mga iyon:

- Pagpaplano ng pamilya
- Mga serbisyo sa pagpipigil sa pagdami ng anak, kabilang ang pang-emergency na pagpipigil sa pagdami ng anak
- Sterilization, kabilang ang tubal ligation sa oras ng pagle-labor at panganganak
- Mga paggamot sa pagkabaog
- Pagpapalaglag

Para matiyak na pipili ka ng provider na makakapagbigay sa iyo ng pangangalagang kailangan mo at ng iyong pamilya, tawagan ang doktor, grupong medikal, independiyenteng practice association, o klinika na gusto mo. O tawagan ang Anthem sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Itanong kung kaya at makapagbibigay ang provider ng mga serbisyong kailangan mo.

Available sa iyo ang mga serbisyong ito. Titiyakin ng Anthem na ikaw at ang iyong mga miyembro ng pamilya ay makakagamit ng mga provider (mga doktor, ospital, klinika) na magbibigay sa iyo ng pangangalagang kailangan mo. Kung mayroon kang mga tanong o kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng provider, tawagan ang Anthem sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Agarang pangangalaga

Ang agarang pangangalaga ay **hindi** para sa isang emergency o kondisyong nagbabanta sa buhay. Para ito sa mga serbisyong kailangan mo para maiwasan ang malubhang pinsala sa iyong kalusugan mula sa biglaang pagkakasakit, pinsala, o komplikasyon ng kondisyong mayroon ka na. Karamihan sa mga appointment sa agarang pangangalaga ay hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung humingi ka ng appointment sa agarang pangangalaga, makakakuha ka ng appointment sa loob ng 48 oras. Kung ang mga serbisyo ng agarang pangangalaga na kailangan mo ay nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), makakakuha ka ng appointment sa loob ng 96 na oras ng iyong kahilingan.

Para sa agarang pangangalaga, tumawag sa iyong PCP. Kung hindi mo makontak ang iyong PCP, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. O maaari mong tawagan ang 24/7 na Linya ng Nurse sa **1-800-224-0336 (TTY 711)**, para matutunan ang antas ng pangangalaga na pinakamainam para sa iyo.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad para sa agarang pangangalaga.

Ang mga nangangailangan ng agarang pangangalaga ay maaaring:

- Sipon
- Pamamaga ng lalamunan
- Lagnat
- Pananakit ng tainga
- Napilayang kalamnan (muscle)
- Mga serbisyo sa ina

Dapat mong kunin ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga mula sa provider na nasa network kapag nasa loob ka ng lugar ng serbisyo ng Anthem. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa agarang pangangalaga mula sa mga provider na nasa network sa loob ng lugar ng serbisyo ng Anthem. Kung nasa labas ka ng lugar ng serbisyo ng Anthem, pero nasa loob ka ng Estados Unidos, hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para makakuha ng agarang pangangalaga.

Pumunta sa pinakamalapit na pasilidad para sa agarang pangangalaga. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyo ng agarang pangangalaga sa labas ng Estados Unidos. Kung naglalakbay ka sa labas ng Estados Unidos at kailangan mo ng agarang pangangalaga, hindi namin sasaklawin ang iyong pangangalaga.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Kung kailangan mo ng aragang pangangalaga para sa kalusugan ng isip, tawagan ang iyong plano sa kalusugan ng pag-isiip ng county o ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Tumawag sa iyong plano sa kalusugan ng isip ng county o sa iyong Organisasyon sa Kalusugan ng Pag-uugali ng Anthem sa anumang oras, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para makita online ang walang bayad na numero ng telepono ng lahat ng county, pumunta sa: <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>.

Kung kukuha ka ng mga gamot bilang bahagi ng iyong saklaw na pagpapatingin sa agarang pangangalaga, sasaklawin ng Anthem ang mga ito bilang bahagi ng iyong saklaw na pagpapatingin. Kung magbibigay sa iyo ang iyong provider ng agarang pangangalaga ng reseta na dadalhin sa parmasya, ang Medi-Cal Rx ang magpapasya kung saklaw ito. Para matuto pa tungkol sa Medi-Cal Rx, basahin ang “Mga inireresetang gamot na saklaw ng Medi-Cal Rx” sa “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4.

Pangangalagang pang-emergency

Para sa pangangalagang pang-emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER). Para sa pangangalagang pang-emergency, **hindi** mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Anthem.

Sa loob ng Estados Unidos, kasama ang alinmang Teritoryo ng Estados Unidos, may karapatan kang gamitin ang anumang ospital o iba pang setting para sa pangangalagang pang-emergency.

Kung nasa labas ng Estados Unidos ka, ang mga pangangalagang pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico lang ang nasasaklaw. Ang mga pangangalagang pang-emergency at iba pang pangangalaga sa ibang bansa ay hindi saklaw.

Ang pangangalagang pang-emergency ay para sa mga medikal na kondisyon na nagbabanta sa buhay. Ang pangangalagang ito ay para sa isang karamdaman o pinsala kung saan makakaasa ang isang maingat (makatuwiran) na ordinaryong indibidwal (na hindi isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na may karaniwang kaalaman sa kalusugan at gamot, na maaaring mailagay sa matinding panganib ang kalusugan mo (o ang kalusugan ng iyong hindi pa naisisilang na sanggol). Kabilang dito ang panganib ng malubhang pinsala sa iyong mga paggana ng katawan, organ ng katawan o bahagi ng katawan. Maaaring kabilang dito ang, ngunit hindi ito limitado sa:



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- Aktibong pagle-labor
- Nabaling buto
- Matinding pananakit
- Pananakit ng dibdib
- Kahirapan sa paghinga
- Matinding pagkapaso
- Pagka-overdose sa gamot
- Pagkahimatay
- Matinding pagdurugo
- Mga emergency na psychiatric na kondisyon, tulad ng matinding depresyon o mga pag-iisip ng pagpapakamatay (posibleng saklawin ito ng mga plano sa kalusugan ng isip ng county)

Huwag pumunta sa ER para sa karaniwang pangangalaga o pangangalagang hindi agarang kinakailangan. Dapat kang kumuha ng karaniwang pangangalaga mula sa iyong PCP, na siyang pinakapamilyar sa kalagayan mo. Kung hindi ka sigurado kung isang emergency ang iyong medikal na kondisyon, tumawag sa iyong PCP. Maaari mo rin tawagan ang aming 24/7 na Linya ng Nurse sa **1-800-224-0336 (TTY 711)**.

Kung kailangan mo ng pangangalagang pang-emergency na malayo sa tahanan, pumunta sa pinakamalapit na ER, kahit na wala ito sa network ng Anthem. Kung pupunta ka sa ER, hilingin sa kanila na tumawag sa Anthem. Dapat tumawag ka o ang ospital na nag-admit sa iyo sa Anthem sa loob ng 24 na oras pagkatapos mong makakuha ng pangangalagang pang-emergency. Kung nagbibiyahe ka sa labas ng Estados Unidos, maliban sa Canada o Mexico at kailangan mo ng pangangalagang pang-emergency, **hindi** sasaklawin ng Anthem ang iyong pangangalaga.

Kung kailangan mo ng transportasyong pang-emergency, tumawag sa **911**. Hindi mo kailangang humiling sa iyong PCP o sa Anthem bago ka pumunta sa ER.

Kung kailangan mo ng pangangalaga sa isang ospital na wala sa network pagkatapos ng iyong emergency (pangangalaga pagkatapos ng pagpapatatag), tatawagan ng ospital ang Anthem.

Alalahanin: Huwag tumawag sa **911** maliban na lang kung isa itong emergency. Kumuha lang ng pangangalagang pang-emergency para sa isang emergency, hindi para sa karaniwang pangangalaga o hindi malubhang sakit tulad ng sipon o masakit na lalamunan. Kung isa itong emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Bibigyan ka ng 24/7 na Linya ng Nurse ng Anthem ng libreng medikal na impormasyon at payong medikal nang 24 na oras sa isang araw, kada araw sa buong taon. Tumawag sa 1-800-224-0336 (TTY 711) nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

24/7 na Linya ng Nurse

Bibigyan ka ng 24/7 na Linya ng Nurse ng Anthem ng libreng medikal na impormasyon at payong medikal nang 24 na oras sa isang araw, kada araw sa buong taon. Tawagan ang 24/7 na Linya ng Nurse sa **1-800-224-0336 (TTY 711)** para:

- Makipag-usap sa nars na sasagot ng mga medikal na tanong, magbibigay ng payo sa pangangalaga, at tutulungan kang magpasya kung dapat kang pumunta sa provider sa lalong madaling panahon
- Makakuha ng tulong sa mga medikal na kondisyon tulad ng diabetes at hika, kabilang ang payo tungkol sa anong uri ng provider ang maaaring naaangkop para sa iyong kondisyon.

Hindi makatutulong ang 24/7 na Linya ng Nurse sa mga appointment sa klinika o muling pagkuha ng mga gamot. Tawagan ang tanggapan ng iyong provider kung kailangan mo ng tulong sa mga ito.

Tutulungan ka ng mga nars sa iyong wika nang walang bayad sa iyo. Nakalista ang iyong 24/7 na Linya ng Nurse na numero sa iyong ID card ng planong pangkalusugan.

Mga paunang direktiba

Ang paunang direktiba sa kalusugan ay isang legal na form. Maaari mong ilista sa form ang pangangalagang pangkalusugan na gusto mo kung sakaling hindi ka makapagsalita o makapagpasiya sa ibang pagkakataon. Maaari mo ring ilista ang pangangalagang **hindi** mo gusto. Maaari kang pumili ng isang tao, gaya ng iyong asawa, na siyang magpapasiya para sa iyong pangangalagang pangkalusugan kung hindi mo ito magagawa.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Makakakuha ka ng form ng paunang direktiba sa mga parmasya, ospital, opisina ng abogado, at opisina ng doktor. Maaaring kailanganin mong magbayad para sa form. Makakahanap at makakapag-download ka rin ng libreng form online. Maaari mong hilingin sa iyong pamilya, PCP, o sa sinumang pinagkakatiwalaan mo na tulungan kang sagutan ang form.

May karapatan kang ipalagay ang iyong paunang direktiba sa iyong mga medikal na rekord. May karapatan kang baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.

May karapatan ka na malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga batas ng paunang direktiba. Sasabihin sa iyo ng Anthem ang mga pagbabago sa batas ng estado nang hindi lalampas sa 90 araw matapos ang pagbabago.

Para matuto pa, maaari mong tawagan ang Anthem sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Pag-donate ng organ at tisyu

Makakatulong ka sa pagsagip ng mga buhay sa pamamagitan ng pagiging isang donor ng organ o tisyu. Kung nasa pagitan ka ng 15 at 18 taong gulang, maaari kang maging isang donor nang may nakasulat na pahintulot ng iyong magulang o tagapangalaga. Maaari mong baguhin ang iyong isip tungkol sa pagiging isang donor ng bahagi ng katawan sa anumang oras. Kung gusto mong matuto pa tungkol sa pag-donate ng bahagi ng katawan o tissue, kausapin ang iyong PCP. Maaari ka ring bumisita sa website ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos sa www.organdonor.gov.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

4. Mga benepisyo at serbisyo

Ano ang sinasaklaw ng iyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang iyong mga saklaw na serbisyo bilang miyembro ng Anthem. Libre ang iyong mga sinasaklaw na serbisyo basta't medikal na kinakailangan at ibinibigay ang mga ito ng provider sa loob ng network. Dapat kang humiling sa amin ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) kung ang pangangalaga ay wala sa network, maliban sa ilang partikular na sensitibong serbisyo at pangangalagang pang-emergency. Maaaring saklawin ng iyong planong pangkalusugan ang mga serbisyong medikal na kinakailangan mula sa provider na wala sa network, ngunit dapat kang humingi sa Anthem ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para dito.

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatuwiran at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, pinipigilan kang magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o binabawasan ang matinding pananakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyong Medi-Cal ang pangangalagang medikal na kinakailangan para maayos o maibsan ang sakit o kondisyon ng katawan o pag-iisip. Para sa higit pang impormasyon sa iyong mga saklaw na serbisyo, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Makakakuha ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ng mga karagdagang benepisyo at serbisyo. Para matuto pa, basahin ang Kabanata 5, "Well care ng bata at kabataan."

Nakalista sa ibaba ang ilang pangunahing benepisyo sa kalusugan na inaalok ng Anthem. Kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) ang mga benepisyong may star (*).



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Acupuncture*
- Mga acute (pansamantalang paggamot) na therapy at serbisyong pangkalusugan sa tahanan
- Mga pagbabakuna (mga iniksyon) para sa nasa hustong gulang
- Pagsusuri at iniksyon para sa allergy
- Mga serbisyo ng ambulansya para sa emergency
- Mga serbisyo ng anesthesiologist
- Pag-iwas sa hika
- Audiology*
- Mga paggamot sa kalusugan ng pag-uugali*
- Pagsusuri ng biomarker
- Rehabilitasyon ng puso
- Mga chiropractic na serbisyo*
- Chemotherapy at Radiation therapy
- Mga pagtatasa sa kalusugan ng isip
- Mga serbisyo ng nagtatrabaho para sa kalusugan sa komunidad
- Mga serbisyo sa ngipin - limitado (ginawa ng medikal na propesyonal/provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) sa medikal na tanggapan
- Mga serbisyong dialysis/hemodialysis
- Mga serbisyo ng doula
- Matibay na kagamitang medikal (DME)*
- Mga serbisyo sa dyadic na pangangalaga
- Mga pagpunta sa emergency room
- Enteral at parenteral nutrition*
- Mga pagpapatingin para sa pagpapalano ng pamilya at pagpapayo (pwede kang pumunta sa hindi kalahok na provider)
- Mga serbisyo at aparato sa habilitasyon*
- Mga hearing aid
- Pangangalagang pangkalusugan sa tahanan*
- Pangangalaga sa hospisyo*
- Medikal at pang-operasyong pangangalaga sa inpatient*
- Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology*
- Mga therapy at serbisyong pangkalusugan ng pangmatagalan sa tahanan*
- Pangangalaga sa nagsilang na ina at bagong silang na sanggol
- Mga pag-transplant ng pangunahing organ*
- Occupational therapy*
- Orthotics/prostheses*
- Mga supply para sa ostomy at urology
- Mga serbisyo ng ospital sa outpatient
- Mga serbisyong outpatient para sa kalusugan ng isip
- Pag-oopera ng outpatient*
- Palliative na pangangalaga*
- Mga pagpapatingin sa PCP
- Mga serbisyo sa sanggol at bata
- Pisikal na therapy*



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Mga serbisyong podiatry (mga serbisyo sa paa)*
- Rehabilitasyon ng baga
- Rapid Whole Genome Sequencing
- Mga serbisyo at device sa rehabilitasyon*
- Mga serbisyo sa sanay na pag-aalaga
- Pagpapatingin sa espesyalista
- Therapy sa pagsasalita*
- Mga serbisyo sa operasyon
- Telemedicine/Telehealth
- Mga serbisyo para sa transgender*
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo sa paningin*
- Mga serbisyo sa kalusugan ng mga babae

Ang mga kahulugan at paglalarawan sa mga saklaw na serbisyo ay nasa Kabanata 8, “Mahahalagang numero at salitang kailangang malaman.”

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatuwiran at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, pinipigilan kang magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o binabawasan ang matinding pananakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala.

Kabilang sa mga medikal na kinakailangang serbisyo ang mga serbisyong kinakailangan para sa paglaki at pag-unlad na naaangkop sa edad, o para makamit, mapanatili, o maibalik ang kakayahang gumana ng katawan.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, ang serbisyo ay medikal na kinakailangan kung kailangan ito para iwasto o pabutihin ang mga depekto at sakit o kondisyon ng katawan o pag-iisip sa ilalim ng benepisyo ng pederal na Maaga at Pana-panahong Screening, Pagbuo ng Diagnosis at Paggamot (EPSDT). Kabilang dito ang pangangalagang kinakailangan para ayusin to tulungang gawing mas maginhawa ang sakit o kondisyon ng katawan o pag-iisip, o panatilihin ang kondisyon ng miyembro para hindi ito lumala.

Hindi kasama sa mga medikal na kinakailangang serbisyo ang:

- Mga paggamot na hindi pa nasusubukan o sinusubukan pa lang
- Mga serbisyo o gamit na hindi karaniwang tinatanggap bilang mabisa
- Mga serbisyong hindi kasama sa normal na kurso at tagal ng paggamot o mga serbisyong walang klinikal na alituntunin
- Mga serbisyo para sa kaginhawaan ng tagapangalaga o provider

Nakikipagtulungan ang Anthem sa ibang programa para tiyaking makukuha mo ang lahat ng mga medikal na kinakailangang serbisyo, kahit na saklaw ang mga serbisyong iyon ng ibang programa at hindi ng Anthem.

Kasama sa mga medikal na kinakailangang serbisyo ang mga saklaw na serbisyo na makatarungan at kailangan para:

- Protektahan ang buhay;
- Iwasan ang malubhang sakit o kapansanan;
- Bawasan ang matinding pananakit;
- Matamo ang paglaki at pag-unlad na naaayon sa edad, o
- Pagkamit, pagpapanatili, at pagpapanumbalik ng kapasidad sa paggana.

Para sa mga miyembrong wala pang 21 taon, kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang lahat ng saklaw na serbisyong inilista sa itaas kasama ng anumang



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

ibang kinakailangang pangangalagang pangkalusugan, serbisyong pang-diagnostic, paggamot, at ibang hakbang para iwasto o pabutihin ang mga depekto at sakit o kondisyon ng katawan o isip na kinakailangan ng benepisyo ng pederal na Maaga at Pana-panahong Screening, Pagbuo ng Diagnosis at Paggamot (EPSDT).

Nagbibigay ang EPSDT ng mga serbisyo sa pag-iwas, pag-diagnose, at paggamot para sa mga sanggol, bata, at kabataang may mababang kita na wala pang 21 taong gulang. Sumasaklaw ang EPSDT ng mas maraming serbisyo kaysa sa benepisyo para sa mga nasa hustong gulang. Idinisenyo ito para matiyak na makakakuha ang mga bata ng maagang pag-detect at pangangalaga para maiwasan o masuri at magamot ang mga problema sa kalusugan. Layunin ng EPSDT na tiyaking nakukuha ng bawat bata ang pangangalagang pangkalusugang kailangan nila kapag kinailangan nila ito – ang tamang pangangalaga para sa tamang bata sa tamang oras sa tamang setting.

Makikipagtulungan ang Anthem sa iba pang programa para matiyak na makukuha mo ang lahat ng serbisyong medikal na kinakailangan, kahit na sinasaklaw ng isa pang programa ang mga serbisyong iyon at hindi sinasaklaw ng Anthem. Basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa kabanatang ito.

Mga benepisyo sa Medi-Cal na saklaw ng Anthem

Mga pang-outpatient na serbisyo (ambulatory)

Mga pagbabakuna para sa nasa hustong gulang

Maaari kang makakuha ng mga pagbabakuna (mga iniksyon) para sa nasa hustong gulang mula sa provider na nasa network nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Sinasaklaw ng Anthem ang mga shot na inirerekomenda ng Komite sa Pagpapayo sa Mga Kasanayan sa Pagbabakuna (ACIP) ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC), kasama ang mga shot na kailangan mo kapag naglalakbay ka.

Maaari ka ring makakuha ng ilang serbisyo sa pagbabakuna (mga iniksyon) para sa nasa hustong gulang sa isang parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx. Para matuto pa tungkol sa Medi-Cal Rx, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa kabanatang ito.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Pangangalaga sa allergy

Saklaw ng Anthem ang pagsusuri at paggamot sa allergy, kabilang ang desensitization sa allergy, hypo-sensitization, o immunotherapy.

Mga serbisyo ng anesthesiologist

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo ng anesthesia na medikal na kinakailangan kapag tumanggap ka ng pangangalaga para sa outpatient. Maaaring kasama rito ang anesthesia o mga pamamaraan sa ngipin kapag ibinigay ng isang anesthesiologist na maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Mga chiropractic na serbisyo

Saklaw ng Anthem ang mga chiropractic na serbisyo, na limitado sa paggamot ng spine sa pamamagitan ng manu-manong pagsasaayos. Maaaring magpahintulot ang mga chiropractic na serbisyo ng higit sa 2 serbisyo sa isang buwan, o kumbinasyon ng 2 serbisyo bawat buwan mula sa mga sumusunod na serbisyo: acupuncture, audiology, occupational therapy, at therapy sa pagsasalita. Hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang. Maaaring paunang aprubahan ng Anthem ang iba pang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Kwalipikado ang mga miyembrong ito para sa mga chiropractic na serbisyo:

- Mga batang wala pang edad 21
- Mga buntis sa huling bahagi ng buwan, kabilang ang 60 araw pagkatapos matapos ang pagbubuntis
- Mga naninirahan sa pasilidad ng sanay na pag-aalaga, pasilidad sa namamagitan pangangalaga, o pasilidad ng subacute na pangangalaga
- Lahat ng miyembro kapag ang mga serbisyo ay ibinibigay sa mga departamento ng outpatient ng ospital ng county, mga klinika ng outpatient, Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC), o Panlalawigang Klinika para sa Kalusugan (RHC) sa network ng Anthem. Hindi nag-aalok ng mga chiropractic na serbisyo para sa outpatient ang lahat ng FQHC, RHC, o ospital ng county.

Mga pagtatasa sa kalusugan ng isip

Sinasaklaw ng Anthem ang isang taunang pagtatasa sa kalusugan ng isip para sa mga miyembrong 65 taong gulang pataas na hindi kwalipikado para sa katulad na pagtatasa bilang bahagi ng taunang pagpapatingin para sa pagpapanatili ng kalusugan sa ilalim ng programa ng Medicare. Hinahanap sa pagtatasa ng kalusugan ng kognisyon ang mga senyales ng Alzheimer's disease o dementia.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Mga serbisyo ng nagtatrabaho para sa kalusugan sa komunidad

Sinasaklaw ng Anthem ang mga serbisyo ng nagtatrabaho para sa kalusugan ng komunidad (CHW) para sa mga indibidwal kapag inirekomenda ng doktor o ibang lisensyadong practitioner para maiwasan ang sakit, kapansanan, at iba pang kondisyon ng kalusugan o ang paglala nito; mapahaba ang buhay; at maitaguyod ang kalusugan at kahusayan ng katawan at isip. Maaaring kasama sa mga serbisyo ang:

- Edukasyon at pagsasanay sa kalusugan, kasama ang pagkontrol at pag-iwas sa mga hindi gumagaling o nakakahawang sakit; kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali, bago at pagkatapos manganak (perinatal), at ng bibig; at pag-iwas sa pinsala
- Pagtataguyod ng at pagpapayo sa kalusugan, kasama ang pagtatakda ng layunin at paggawa ng mga plano ng aksyon para tugunan ang pag-iwas sa at pamamahala ng sakit

Mga serbisyo sa dialysis at hemodialysis

Saklaw ng Anthem ang mga paggamot sa pagda-dialysis. Saklaw din ng Anthem ang mga serbisyo sa hemodialysis (dialysis sa matagal na panahon) kung nagsumite ang iyong doktor ng kahilingan at inaprubahan ito ng Anthem.

Hindi kabilang sa coverage ng Medi-Cal ang:

- Kagamitan, mga supply, at tampok para sa kasiyahan, kaginhawaan, o luho
- Mga hindi medikal na item, tulad ng mga generator o accessory para gawing portable para sa pagbiyahe ang kagamitan para sa pag-dialysis sa bahay

Mga serbisyo ng doula

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo ng doula para sa mga miyembrong buntis o buntis noong nakaraang taon kapag inirerekomenda ng doktor o lisensyadong practitioner. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang lahat ng serbisyo ng doula. Ang mga doula ay mga nagtatrabaho para sa panganganak na nagbibigay ng edukasyong pangkalusugan, adbokasiya, at pisikal, emosyonal, at hindi medikal na suporta para sa mga buntis at postpartum na mga tao bago, habang, at pagkatapos ng panganganak, kabilang ang suporta sa panahon ng miscarriage, pagkamatay ng sanggol sa sinapupunan (stillbirth), at pagpapalaglag.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Mga serbisyo sa dyadic na pangangalaga

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa dyadic (DBH) na pangangalaga para sa mga miyembro at kanilang tagapag-alaga. Ang dyad ay isang bata at kanyang mga magulang o tagapag-alaga. Ang dyadic na pangangalaga ay nagseserbisyo sa mga magulang o tagapag-alaga at anak nang magkasama. Tina-target nito ang kapakanan ng pamilya para suportahan ang malusog na pag-unlad at kalusugan ng isip ng bata.

Kasama sa mga serbisyo sa dyadic na pangangalaga ang mga pagpapatingin sa well-child ng DBH, mga komprehensibong dyadic na serbisyo sa Mga Suporta sa Komunidad, mga dyadic na psycho-educational na serbisyo, mga dyadic na serbisyo sa magulang o tagapag-alaga, dyadic na pagsasanay sa pamilya, at pagpapayo para sa pagpapaunlad ng bata, at mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng ina.

Pang-outpatient na operasyon

Saklaw rin ng Anthem ang mga pamamaraan sa pang-outpatient na operasyon. Para sa ilang pamamaraan, kakailanganin mong kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) bago makuha ang mga serbisyong iyon. Itinuturing na elective ang mga pamamaraan sa pag-diagnose at ilang medikal na procedure sa outpatient o sa ngipin. Dapat kang makakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Mga serbisyo ng doktor

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo ng doktor na medikal na kinakailangan.

Mga serbisyo sa podiatry (paa)

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo sa podiatry na medikal na kinakailangan para sa pag-diagnose at para sa medikal, pang-operasyon, mekanikal, pangmanipula, at elektrikal na paggamot ng paa ng tao. Kabilang dito ang paggamot para sa bukung-bukong at para sa mga tendon na konektado sa paa. Kasama rin dito ang paggamot na walang operasyon ng mga kalamnan at tendon ng binti na kumokontrol sa mga paggana ng paa.

Mga therapy sa paggamot

Saklaw ng Anthem ang iba't ibang paggamot na therapy, kabilang ang:

- Chemotherapy
- Radiation therapy



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Pangangalaga sa nagsilang na ina at bagong silang na sanggol

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyong ito sa pangangalaga sa nagsilang na ina at bagong silang na sanggol:

- Mga serbisyo ng sentro ng panganganak
- Mga pump at supply para sa suso
- Edukasyon at tulong sa pagpapasuso
- Sertipikadong Nurse na Komadrona (CNM)
- Pangangalaga sa panahon at pagkatapos ng panganganak
- Diagnosis ng mga henetikong sakit ng sanggol at pagpapayo
- Mga serbisyo ng doula
- Lisensyadong Kumadrona (LM)
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa mga ina
- Pangangalaga ng bagong panganak na sanggol
- Pangangalaga sa panahon ng pagbubuntis

Mga serbisyo ng Telehealth

Ang telehealth ay isang paraan ng pagkuha ng mga serbisyo nang hindi kinakailangang nasa parehong pisikal na lokasyon ng iyong provider. Maaaring kasama sa telehealth ang live na pakikipag-usap kasama ang iyong provider sa pamamagitan ng telepono, video, o iba pang paraan. O maaaring kasama sa telehealth ang pagbabahagi ng impormasyon sa iyong provider nang hindi nag-uusap nang live. Makakakuha ka ng maraming serbisyo sa pamamagitan ng telehealth.

Maaaring hindi available ang telehealth para sa lahat ng saklaw na serbisyo. Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong provider para malaman kung aling mga serbisyo ang makukuha mo sa pamamagitan ng telehealth. Mahalagang sumasang-ayon ka at ang iyong provider na ang paggamit ng telehealth para sa isang serbisyo ay angkop para sa iyo. May karapatan ka sa mga serbisyo sa personal. Hindi mo kinakailangang gumamit ng telehealth kahit na sumang-ayon ang iyong provider na ito ay angkop para sa iyo.

Mga serbisyo para sa kalusugan ng isip

Mga serbisyong outpatient para sa kalusugan ng isip

Saklaw ng Anthem ang mga paunang pagtatasa sa kalusugan ng isip nang hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Puwede kang



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

makakuha ng pagtatasa sa kalusugan ng isip sa anumang oras mula sa lisensyadong provider sa kalusugan ng isip sa network ng Anthem nang walang referral.

Maaaring gumawa ng referral ang iyong PCP o provider ng kalusugan ng isip para sa higit pang pag-screen sa kalusugan ng isip sa isang espesyalista sa network ng Anthem para mapagpasyahan ang antas ng pangangalagang kailangan mo. Kung makita ng iyong mga resulta ng pag-screen sa kalusugan ng isip na ikaw ay nasa banayad o katamtamang pagkabalisa o may kapansanan sa paggana ng isip, emosyon, o pag-uugali, maaaring magbigay ang Anthem ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa iyo. Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo para sa kalusugan ng isip tulad ng:

- Indibidwal at panggrupong pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip (psychotherapy)
- Pagsusuring psychological kapag klinikal na ipinahiwatig para masuri ang isang kondisyon sa kalusugan ng isip
- Pag-unlad ng mga cognitive na kasanayan para mapabuti ang atensyon, memorya, at paglutas ng problema
- Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay sa therapy sa pamamagitan ng gamot
- Mga pang-outpatient na serbisyo sa laboratoryo
- Mga gamot sa outpatient na hindi pa saklaw sa ilalim ng Listahan ng Mga Nakakontraang Gamot ng Medi-Cal Rx (<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>), mga supply at supplement
- Konsultasyong psychiatric
- Pampamilyang therapy na kinabibilangan ng hindi bababa sa 2 miyembro ng pamilya. Kasama sa mga halimbawa ng pampamilyang therapy, ngunit hindi limitado sa mga ito ang:
 - Psychotherapy ng bata at magulang (edad 0 hanggang 5 taon)
 - Interaktibong therapy para sa magulang at bata (edad 2 hanggang 12 taon)
 - Therapy sa pag-iisip at pag-uugali para sa magkasintahan (mga nasa hustong gulang)

Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na ibinigay ng Anthem, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Kung hindi available ang paggamot na kailangan mo para sa sakit sa kalusugan ng isip sa network ng Anthem o hindi maibibigay ng iyong PCP o provider para sa kalusugan ng isip ang pangangalagang kailangan mo sa oras na nakalista sa itaas sa “Napapanahong pag-access sa pangangalaga,” sasaklawin at tutulungan ka ng Anthem na makuha ang mga serbisyong wala sa network.

Kung ipinapakita ng iyong screening sa kalusugan ng isip na mayroon kang mas mataas na antas ng kapansanan at kailangan mo ng mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip (SMHS), maaaring magrekomenda sa iyo ang iyong PCP o ang iyong provider para sa kalusugan ng isip sa plano sa kalusugan ng isip ng county para makuha ang pangangalagang kailangan mo.

Para matuto pa, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa pahina 104 sa ilalim ng, “Mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip.”

Pangangalagang pang-emergency

Mga pang-inpatient at pang-outpatient na serbisyong kinakailangan sa paggamot ng medikal na emergency

Saklaw ng Anthem ang lahat ng serbisyong kinakailangan para gamutin ang medikal na emergency na nangyari sa U.S. (kabilang ang mga teritoryong katulad ng Puerto Rico, U.S. Virgin Islands, atbp.). Saklaw din ng Anthem ang pangangalagang pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico.

Ang medikal na emergency ay isang medikal na kondisyon na may matinding pananakit o malalang pinsala. Dahil napakalubha ng kondisyon, kung hindi makakatanggap ng agarang medikal na pag-aasikaso, maaasahan ng sinumang may karaniwang (makatuwiran) kaalaman sa kalusugan at medisina (hindi propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na magreresulta ito sa:

- Malubhang panganib sa iyong kalusugan,
- Malubhang pinsala sa mga paggana ng katawan,
- Malubhang hindi paggana ng anumang organo o bahagi ng katawan, o
- Malubhang panganib sa aktibong pagle-labor ng isang buntis, ibig sabihin, pagle-labor sa panahong maaaring mangyari ang alinman sa mga sumusunod:
 - Hindi sapat ang panahon para mailipat ka nang ligtas sa ibang ospital bago ang panganganak.
 - Maaaring maging mapanganib ang paglilipat para sa iyong kalusugan o sa kaligtasan mo o ng iyong hindi pa naisisilang na sanggol.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Kung magbibigay sa iyo ang provider ng emergency room ng ospital ng hanggang 72 oras na supply ng inireresetang gamot para sa outpatient bilang bahagi ng iyong paggamot, sasaklawin ng Anthem ang inireresetang gamot bilang bahagi ng iyong saklaw na Mga Serbisyong Pang-emergency. Kung magbibigay sa iyo ang provider ng emergency room ng ospital ng reseta na kailangan mong dalhin sa pang-outpatient na parmacya para mapunan, sasaklawin ng Medi-Cal Rx ang resetang iyon.

Kung bibigyan ka ng pharmacist sa pang-outpatient na parmacya ng **pang-emergency na supply** ng gamot, sasaklawin ang pang-emergency na supply na iyon ng Medi-Cal Rx at hindi ng Anthem. Kung nangangailangan ang parmacya ng tulong sa pagbibigay sa iyo ng pang-emergency na supply ng gamot, hilingin sa kanila na tumawag sa Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**.

Saklaw ng mga pang-emergency na serbisyo sa transportasyon ng Anthem ang mga serbisyo ng ambulansya para makatulong na dalhin ka sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa isang emergency. Ibig sabihin, napakalala ng iyong kondisyon at maaaring mailagay sa panganib ang iyong kalusugan o buhay kapag gumamit ng ibang paraan para bumiyahe patungo sa lugar ng pangangalaga. Walang sinasaklaw na serbisyo sa labas ng U.S., maliban sa pangangalagang pang-emergency kung saan kinakailangan mong manatili sa isang ospital sa Canada o Mexico. Kung kukuha ka ng mga pang-emergency na serbisyo ng ambulansya sa Canada o Mexico at hindi ka naospital sa yugto ng pangangalagang iyon, hindi sasaklawin ng Anthem ang iyong mga serbisyo ng ambulansya.

Pangangalaga sa hospisyo at palliative na pangangalaga

Saklaw ng Anthem ang pangangalaga sa hospisyo at palliative na pangangalaga para sa mga bata at nasa hustong gulang, na nakakatulong na bawasan ang mga pisikal, emosyonal, panlipunan, at espiritual na kahirapan. Maaaring hindi makakuha ang mga taong nasa 21 taong gulang pataas ng pangangalaga sa hospisyo at palliative na pangangalaga nang sabay.

Pangangalaga sa hospisyo

Ang pangangalaga sa hospisyo ay benepisyo para sa mga miyembrong wala nang lunas ang karamdaman. Kinakailangan sa pangangalaga sa hospisyo na 6 na buwan o mas maikli ang inaasahang haba ng buhay ng miyembro. Isa itong pamamagitan na pangunahing nakatuon sa pangangasiwa ng pananakit at sintomas sa halip na paggamot para mapahaba ang buhay.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Kabilang sa pangangalaga sa hospisyo ang:

- Mga serbisyo ng pagkalinga
- Mga serbisyong pisikal, occupational, o sa pananalita
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Mga serbisyo sa tulong sa kalusugan at pamamahala sa bahay
- Mga medikal na supply at appliance
- Ilang gamot at biyolohikal na serbisyo (maaaring available ang ilan sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx)
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Patuloy na serbisyo sa pangangalaga sa loob ng 24 na oras sa mga panahon ng krisis at kapag kinakailangan para mapanatili sa bahay ang miyembrong wala nang lunas ang karamdaman
- Pangangalaga para sa panandaliang ginhawa ng inpatient para sa hanggang limang magkakasunod na araw sa isang beses sa ospital, pasilidad ng sanay na pag-aalaga o pasilidad ng hospisyo
- Panandaliang pangangalaga sa inpatient para sa pagkontrol ng pananakit o pangangasiwa ng sintomas sa isang ospital, pasilidad ng sanay na pag-aalaga o pasilidad ng hospisyo

Palliative na pangangalaga

Ang palliative na pangangalaga ay pangangalagang nakasentro sa pasyente at sa pamilya na nagpapahusay ng kalidad ng buhay sa pamamagitan ng maagap na pagtukoy, pag-iwas, at paggamot sa pagdurusa. Hindi kinakailangan sa palliative na pangangalaga na anim na buwan o mas maikli ang inaasahang haba ng buhay ng miyembro. Maaaring ibigay ang palliative na pangangalaga kasabay ng pangangalaga para sa pagpapagaling.

Kabilang sa palliative na pangangalaga ang:

- Pagpapalano ng paunang pangangalaga
- Pagsusuri at pagkonsulta tungkol sa palliative na pangangalaga
- Plano ng pangangalaga, kasama ang lahat ng awtorisadong palliative at curative na pangangalaga
- Team sa plano ng pangangalaga, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 - Doktor ng medisina o osteopathy
 - Katulong na doktor



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

- Rehistradong nars
 - Lisensyadong bokasyonal na nars o manggagamot na nars
 - Social worker
 - Chaplain
- Pagsasaayos ng pangangalaga
 - Pamamahala sa pananakit at sintomas
 - Kalusugan ng isip at mga medikal na serbisyong panlipunan

Hindi maaaring makakuha ang mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang pataas ng parehong palliative na pangangalaga at pangangalaga sa hospisyo nang sabay. Kung nakakatanggap ka ng palliative na pangangalaga at kwalipikado para sa pangangalaga sa hospisyo, pwede mong hilinging lumipat sa pangangalaga sa hospisyo anumang oras.

Pagpapaospital

Mga serbisyo ng anesthesiologist

Saklaw ng Anthem ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ng anesthesiologist sa kahabaan ng mga saklaw na pamamalagi sa ospital. Ang anesthesiologist ay isang provider na may espesyalisasyon sa pagbibigay ng anesthesia sa mga pasyente. Ang anesthesia ay isang uri ng gamot na ginagamit sa ilang medikal o pangngipin na pamamaraan.

Mga pang-inpatient na serbisyo sa ospital

Saklaw ng Anthem ang mga medikal na kinakailangang pangangalaga sa ospital para sa inpatient kapag na-admit ka sa ospital.

Rapid Whole Genome Sequencing

Ang Rapid Whole Genome Sequencing (RWGS) ay isang saklaw na benepisyo para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na isang taong gulang pababa at nakakatanggap ng mga serbisyo sa ospital para sa inpatient sa isang intensive care unit. Kasama rito ang indibidwal na sequencing, trio sequencing para sa isang magulang o mga magulang at kanilang sanggol, at ultra-rapid sequencing.

Ang RWGS ay isang bagong paraan ng pag-diagnose ng mga kondisyon sa tamang oras para maapektuhan ang pangangalaga sa Intensive Care Unit (ICU) ng mga batang isang taong gulang pababa. Kung kwalipikado ang iyong anak para sa Mga Serbisyo sa Bata ng California (CCS), maaaring saklawin ng CCS ang pananatili sa ospital at ang RWGS.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Mga serbisyo sa operasyon

Saklaw ng Anthem ang mga medikal na kinakailangang operasyon na isinasagawa sa ospital.

Ang programa ng Pagpapahaba ng Pangangalaga Matapos Manganak (PPCE)

Saklaw ng Anthem ang post-partum na pangangalaga hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis anuman ang kita, pagkamamamayan, o katayuan sa imigrasyon. Walang iba pang aksyon ang kailangan.

Mga serbisyo at device para sa rehabilitasyon at habilitasyon (therapy)

Kasama sa benepisyong ito ang mga serbisyo at aparato para tulungan ang mga taong may pinsala, kapansanan, o pangmatagalang kondisyon para magkaroon o muling magkaroon ng mga kasanayan sa pag-iisip at pisikal na kasanayan.

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo para sa rehabilitasyon at habilitasyon na inilarawan sa seksyong ito kung natutugunan ang lahat ng sumusunod na kinakailangan:

- Medikal na kinakailangan ang mga serbisyong ito
- Ang mga serbisyo ay para matugunan ang isang kondisyon sa kalusugan
- Ang mga serbisyo ay para tulungan kang panatilihin, alamin o pahusayin ang mga kasanayan at paggana para sa araw-araw na pamumuhay
- Nakakakuha ka ng mga serbisyo sa isang pasilidad na nasa network, maliban kung sa tingin ng isang doktor sa network na medikal na kinakailangang makuha mo ang mga serbisyo sa ibang lugar, o hindi available ang isang pasilidad na nasa network para gamutin ang iyong kondisyon sa kalusugan.

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo para sa rehabilitasyon/habilitasyon na ito:

Acupuncture

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyong acupuncture para maiwasan, baguhin, o mapawi ang nadaramang malubha at nagpapatuloy na matagal nang sakit na resulta ng pangkalahatang kilalang medikal na kondisyon.

Ang mga outpatient na serbisyo sa acupuncture, na mayroon man o walang elektronikong pagpapagana ng mga karayom, ay limitado hanggang sa 2 serbisyo kada buwan kasama ng mga serbisyo sa audiology, chiropractic, occupational therapy at therapy sa pagsasalita kapag ibinibigay ng isang doktor, dentista, podiatrist



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

o acupuncturist. Hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang. Maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ng Anthem ang higit pang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Audiology (pandinig)

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo sa audiology. Limitado ang pang-outpatient na audiology sa hanggang 2 serbisyo kada buwan kasama ng mga serbisyo sa acupuncture, chiropractic, occupational therapy at therapy sa pagsasalita (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ng Anthem ang higit pang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Mga paggamot sa kalusugan ng pag-uugali

Sinasaklaw ng Anthem ang mga serbisyo ng paggamot ukol sa kalusugan ng pag-uugali (BHT) para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang sa pamamagitan ng benepisyo ng EPSDT. Kinabibilangan ng BHT ang mga serbisyo at programa sa paggamot gaya ng inilapat na pagsusuri ng pag-uugali at mga programa sa interbensyon sa pag-uugali na nakabatay sa ebidensya na bubuo o nagpapanumbalik, sa maximum na magagawa, ng paggana ng taong wala pang 21 taong gulang.

Itinuturo ng mga serbisyo sa BHT ang mga kasanayan sa pamamagitan ng pag-obserba at pag-reinforce ng pag-uugali o sa pamamagitan ng pagtuturo sa hinahangad na pag-uugali sa pamamagitan ng sunod-sunod na hakbang. Ang mga serbisyo sa BHT ay nakabatay sa maaasahang katibayan. Hindi pang-eksperimento ang mga ito. Kabilang sa mga halimbawa ng mga serbisyo ng BHT ang mga interbensiyon sa pag-uugali, mga cognitive behavioral intervention package, komprehensibong paggamot ng pag-uugali, at inilapat na pagsusuri ng pag-uugali.

Ang mga serbisyo sa BHT ay dapat medikal na kinakailangan, inireseta ng isang lisensyadong doktor o psychologist, inaprubahan ng plano, at ibinigay sa paraang sumusunod sa inaprubahang plano ng paggamot.

Rehabilitasyon ng puso

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo para sa inpatient at outpatient na rehabilitasyon ng puso.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Matibay na kagamitang medikal (DME)

Saklaw ng Anthem ang pagbili o pagrenta ng mga DME na supply, kagamitan, at iba pang serbisyo na may reseta mula sa doktor, katulong na doktor, manggagamot na nars, o nars na espesyalista sa klinika. Sinasaklaw ang mga iniresetang item ng DME bilang medikal na kinakailangan para mapanatili ang mga paggana ng katawan na mahalaga sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay o para maiwasan ang malaking pisikal na kapansanan.

Karaniwan, hindi saklaw ng Anthem ang mga sumusunod:

- Kagamitan, mga feature, at mga supply para sa kaginhawaan, kadalian, o luho, maliban sa retail-grade na pump sa suso gaya ng inilarawan sa kabanatang ito sa ilalim ng “Mga pump at supply sa suso” sa “Pangangalaga sa nagsilang na ina at bagong silang na sanggol”
- Mga bagay na hindi nilayon para mapanatili ang mga normal na aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay, tulad ng mga kagamitan sa pag-eehersisyo kabilang ang mga device na nilayon para magbigay ng higit pang suporta para sa mga aktibidad sa libangan o isports
- Gamit para sa kalinisan, maliban kung medikal na kinakailangan para sa miyembro na wala pang 21 taong gulang
- Mga hindi medikal na gamit, tulad ng mga sauna bath o elevator
- Mga pagbabago sa iyong tahanan o kotse
- Mga device para sa pagsusuri ng dugo o ibang substance sa katawan (saklaw ng Medi-Cal Rx ang mga monitor ng glucose sa dugo, monitor para sa tuloy-tuloy na pagsubaybay sa glucose, test strip, at lancet)
- Mga elektronikong monitor ng puso o бага, maliban sa mga apnea monitor para sa sanggol
- Pagsasaayos o pagpapalit ng kagamitan dahil sa pagkawala, pagnanakaw, o maling paggamit, maliban na lamang kung medikal na kinakailangan para sa miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Iba pang item na hindi karaniwang ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan

Sa ilang sitwasyon, maaaring maaprubahan ang mga item na ito kapag nagsumite ang iyong doktor ng kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot).



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Enteral at parenteral nutrition

Ginagamit ang mga paraan na ito ng paghahatid ng nutrisyon sa katawan kapag pinipigilan ka ng iyong medikal na kondisyon na kumain nang normal. Maaaring saklawin ang mga formula ng enteral nutrition at produkto ng parenteral nutrition sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx, kapag medikal na kinakailangan. Saklaw din ng Anthem ang mga enteral at parenteral pump at tubing, kapag medikal na kinakailangan.

Mga hearing aid

Saklaw ng Anthem ang mga hearing aid kung sinuri ka para sa pagkawala ng pandinig, medikal na kinakailangan ang mga hearing aid at may reseta ka mula sa iyong doktor. Limitado ang coverage sa pinakamababang halaga ng tulong na nakakatugon sa iyong mga medikal na pangangailangan. Sasaklawin ng Anthem ang isang hearing aid maliban kung kailangan ng aid para sa bawat tainga para sa mga mas mahusay na resulta kaysa sa makukuha mo sa isang aid.

Mga hearing aid para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang:

Sa Los Angeles County, iniaatas ng batas ng estado na irekomenda ang mga batang kailangan ng hearing aid sa Mga Serbisyo sa Bata ng California (CCS) program para pagpasyahan kung kwalipikado ang bata para sa CCS. Kung kwalipikado ang bata para sa CCS, sasaklawin ng CCS ang gastos para sa mga medikal na kinakailangang hearing aid. Kung hindi kwalipikado ang bata para sa CCS, sasaklawin namin ang mga medikal na kinakailangang hearing aid bilang bahagi ng coverage ng Medi-Cal.

Mga hearing aid para sa mga miyembrong 21 taong gulang pataas.

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasaklawin namin ang sumusunod para sa bawat saklaw na hearing aid:

- Mga mold sa tainga na kailangan para sa pagsukat
- Isang standard na battery package
- Mga pagpapatingin para tiyaking gumagana nang maayos ang aid
- Mga pagpapatingin para sa paglilinis at pagsukat ng iyong hearing aid
- Pagsasaayos ng iyong hearing aid



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasaklawin namin ang pampalit na hearing aid kung:

- Hindi naiwawasto ng iyong kasalukuyang hearing aid ang pagkawala ng pandinig mo
- Nawala, nanakaw, o nasira ang iyong hearing aid at hindi na ito maayos, nang hindi mo kasalanan. Dapat mo kaming bigyan ng abisong nagsasabi sa amin kung paano ito nangyari

Para sa mga nasa hustong gulang na, 21 taong gulang pataas, **hindi** isinasali ng Medi-Cal ang:

- Mga pampalit na battery para sa hearing aid

Mga serbisyong pangkalusugan sa bahay

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyong pangkalusugan na ibinibigay sa iyong bahay kapag nakitang medikal na kinakailangan ito at inireseta ng iyong doktor o ng katulong na doktor, manggagamot na nars, o nars na espesyalista sa klinika.

Limitado ang mga serbisyong pangkalusugan sa bahay sa mga serbisyong saklaw ng Medi-Cal, kabilang ang:

- Part-time na sanay na pag-aalaga
- Mga part-time na serbisyong tulong sa kalusugan sa bahay
- May kasanayan sa pisikal, occupational na therapy at therapy sa pagsasalita
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Mga medikal na supply

Mga medikal na supply, kagamitan, at appliance

Saklaw ng Anthem ang mga medikal na supply na inireseta ng mga doktor, katulong na doktor, manggagamot na nars, at nars na espesyalista sa klinika. Saklaw ang ilang medikal na supply sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal Rx at hindi sa pamamagitan ng Anthem. Kapag saklaw ng FFS ang mga supply, sisingilin ng provider ang Medi-Cal.

Hindi saklaw ng Medi-Cal ang:

- Mga karaniwang gamit sa sambahayan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 - Adhesive tape (lahat ng uri)
 - Rubbing alcohol
 - Mga kosmetiko
 - Mga cotton ball at swab
 - Mga dusting powder
 - Mga tissue wipe
 - Witch hazel



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

- Mga karaniwang remedyo sa sambahayan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 - White petrolatum
 - Mga oil at lotion para sa tuyong balat
 - Talc at mga produktong may kombinasyon ng talc
 - Mga oxidizing agent tulad ng hydrogen peroxide
 - Carbamide peroxide at sodium perborate
- Mga hindi de-resetang shampoo
- Mga topical preparation na may benzoic at salicylic acid ointment, salicylic acid cream, ointment, o liquid, at zinc oxide paste
- Ibang gamit na karaniwang hindi pangunahing ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan at regular at pangunahing ginagamit ng mga tao na walang partikular na medikal na pangangailangan para sa mga ito.

Occupational therapy

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo sa occupational therapy, kabilang ang mga serbisyo sa pagtatasa sa occupational therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, tagubilin, at konsultasyon. Limitado ang mga serbisyo ng occupational therapy sa hanggang 2 serbisyo kada buwan kasama ng mga serbisyo sa acupuncture, audiology, chiropractic, at therapy sa pagsasalita (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ng Anthem ang higit pang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Orthotics/mga prosthesis

Saklaw ng Anthem ang mga orthotic at prosthetic device at mga serbisyong medikal na kinakailangan at inirereseta ng iyong doktor, podiatrist, dentista, o medikal na provider na hindi doktor. Kabilang sa mga ito ang mga naka-implant na device para sa pandinig, prosthesis para sa suso/mga bra para sa mastectomy, mga compression burn garment at mga prosthetic upang maibalik ang paggana o palitan ang isang bahagi ng katawan o para suportahan ang humina o napinsalang bahagi ng katawan.

Mga supply para sa ostomy at urology

Saklaw ng Anthem ang mga ostomy bag, urinary catheter, draining bag, at supply para sa irigasyon, at adhesive. Hindi kasama dito ang mga supply na para sa kaghinhawahan o kadalian, o mga luhong kagamitan o feature.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Pisikal na therapy

Saklaw ng Anthem ang mga medikal na kinakailangang serbisyo sa pisikal na therapy, kabilang ang pagtatasa ng pisikal na therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, tagubilin, serbisyo sa konsultasyon, at paglalapat ng mga topical na gamot.

Rehabilitasyon ng baga

Saklaw ng Anthem ang rehabilitasyon ng baga na medikal na kinakailangan at inireseta ng doktor.

Mga serbisyo ng pasilidad ng sanay na pag-aalaga

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo ng pasilidad ng sanay na pag-aalaga bilang medikal na kinakailangan kung may kapansanan ka at kailangan mo ng mataas na antas ng pangangalaga. Kasama sa mga serbisyong ito ang kuwarto at pagkain sa isang lisensiyadong pasilidad na may 24 na oras bawat araw na sanay na pag-aalaga.

Therapy sa pagsasalita

Saklaw ng Anthem ang therapy sa pagsasalita na medikal na kinakailangan. Limitado ang mga serbisyo sa therapy sa pagsasalita sa hanggang 2 serbisyo kada buwan, kasama ang mga serbisyo sa acupuncture, audiology, chiropractic, at occupational therapy. Hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang. Maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ng Anthem ang higit pang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Mga serbisyo para sa transgender

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo para sa transgender (mga serbisyo na gender-affirming) kapag medikal na kinakailangan ito o kapag natutugunan ng mga serbisyo ang panuntunan para sa reconstructive surgery.

Mga klinikal na pagsubok

Saklaw ng Anthem ang mga karaniwang gastos sa pangangalaga ng pasyente para sa mga pasyenteng tinanggap sa mga klinikal na pagsubok, kabilang ang mga klinikal na pagsubok para sa kanser, na nakalista para sa Estados Unidos sa <https://clinicaltrials.gov>. Saklaw ng Medi-Cal Rx, isang programang Medi-Cal FFS, ang karamihan ng mga inireresetang gamot para sa outpatient. Para matuto pa, basahin ang “Mga inireresetang gamot para sa outpatient” sa kabanatang ito.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Mga serbisyo sa laboratoryo at radiology

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo sa laboratoryo at X-ray para sa outpatient at inpatient kapag medikal na kinakailangan. Saklaw ang mga advanced na pamamaraan sa imaging, tulad ng mga CT scan, MRI at PET scan batay sa medikal na pangangailangan.

Mga serbisyong pang-iwas sa sakit at para sa pagpapanatili ng kalusugan at pamamahala ng hindi gumagaling na sakit

Sinasaklaw ng plano ang:

- Mga inirerekomendang bakuna ng Tagapayong Komite para sa Mga Kasanayan sa Pagbabakuna
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya
- Mga rekomendasyon ng Bright Futures ng American Academy of Pediatrics (https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf)
- Pag-screen para sa masasamang karanasan sa pagkabata (ACE)
- Mga serbisyong pang-iwas sa hika
- Mga serbisyong pang-iwas sa sakit para sa mga babae na inirerekomenda ng American College of Obstetricians and Gynecologists
- Tulong sa paghinto ng paninigarilyo, tinatawag din itong mga serbisyo sa pagtigil sa paninigarilyo
- Mga inirerekomendang serbisyong pang-iwas sa sakit ng United States Preventive Services Task Force Grade A at B

Ibinibigay ang mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya sa mga miyembrong nasa edad na maaari nang magkaroon ng anak para bigyan-daan silang pumili ng bilang at agwat ng mga bata. Kasama sa mga serbisyong ito ang lahat ng paraan ng pag-iwas sa pagbubuntis na inaprubahan ng FDA. Available ang PCP at mga espesyalista sa OB/GYN ng Anthem para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya.

Para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, maaari ka ring pumili ng doktor ng Medi-Cal o klinikang hindi konektado sa Anthem na hindi kailangang kumuha ng form ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Anthem. Maaaring hindi saklaw ang mga serbisyo mula sa provider na wala sa network na hindi nauugnay sa pagpapalano ng pamilya. Para matuto nang higit pa, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Saklaw din ng Anthem ang mga programa sa pamamahala ng hindi gumagaling na sakit na nakatuon sa mga sumusunod na kondisyon:

- Diabetes
- Cardiovascular na sakit
- Hika/COPD
- Depresyon

Para sa impormasyon sa pang-iwas na pangangalaga para sa mga kabataang 20 taong gulang pababa, basahin ang Kabanata 5, “Well care ng bata at kabataan.”

Programang Pag-iwas sa Diabetes

Ang Programa ng Pag-iwas sa Diabetes (DPP) ay isang programa sa pagbabago ng paraan ng pamumuhay na nakabatay sa ebidensya. Nakatuon ang 12 buwang programang ito sa mga pagbabago sa paraan ng pamumuhay. Idinisenyo ito para maiwasan o maantala ang pagsisimula ng Type 2 diabetes sa mga taong na-diagnose na may prediabetes. Maaaring maging kwalipikado para sa ikalawang taon ang mga miyembrong nakakatugon sa mga pamantayan. Nagbibigay ang programa ng suporta sa edukasyon at panggrupong suporta. Kabilang sa mga pamamaraan, ngunit hindi limitado sa mga ito, ang:

- Pagbibigay ng isang peer coach
- Pagtuturo ng pagsubaybay sa sarili at paglutas ng problema
- Pagbibigay ng paghihikayat at feedback
- Pagbibigay ng mga pang-impormasyong materyal na susuporta sa mga layunin
- Pagsubaybay sa mga routine na weigh-in upang makatulong sa pagkamit ng mga layunin

Dapat matugunan ng mga miyembro ang ilang partikular na panuntunan para makasali sa DPP. Tumawag sa Anthem para malaman kung kwalipikado ka para sa programa.

Mga reconstructive na serbisyo

Saklaw ng Anthem ang operasyon para iwasto o ayusin ang hindi normal na istruktura ng katawan para mapabuti o bumuo ng normal na anyo hangga’t maaari. Ang mga hindi normal na istruktura ng katawan ay iyong sanhi ng mga congenital na depekto, mga abnormalidad sa pag-unlad, trauma, impeksyon, tumor, sakit, o paggamot ng sakit na nagresulta sa pagkawala ng istruktura ng katawan, gaya ng mastectomy. Maaaring ilapat ang ilang limitasyon at paghihigpit.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Mga serbisyo sa pagsusuri ng sakit sa paggamit ng mga kontroladong kemikal

Saklaw ng Anthem ang:

- Screening sa Alkohol at Droga, Pagtatasa, Maikling Pamamagitan, at Referral sa Paggamot (SABIRT)

Para sa saklaw ng paggamot sa buong county, basahin ang “Mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng mga kontroladong kemikal” sa ibaba sa kabanatang ito.

Mga benepisyo sa paningin

Saklaw ng Anthem ang:

- Karaniwang pagsusuri sa mata isang beses kada 24 na buwan; saklaw ang mas madalas na pagsusuri sa mata kung medikal na kinakailangan para sa mga miyembro, tulad ng mga may diabetes.
- Mga salamin sa mata (mga frame at lens) isang beses kada 24 na buwan na may balidong reseta
- Mga pamalit na salamin sa mata sa loob ng 24 na buwan kung nagbago ang iyong reseta o ang iyong salamin sa mata ay nawala, nanakaw, o nasira at hindi na maaaring kumpunihin at hindi mo ito kasalanan. Dapat mo kaming bigyan ng abiso na nagsasabi sa amin kung paano nawala, nanakaw, o nasira ang iyong salamin sa mata.
- Mga device para sa mahinang paningin para sa mga may kahinaan ng mata na hindi maaayos ng standard na salamin, contact lens, gamot, o operasyon, na nakakahadlang sa kakayahan ng taong gumawa ng pang-araw-araw na aktibidad (tulad ng macular degeneration na kaugnay ng edad)
- Mga medikal na kinakailangang contact lens. Maaaring saklawin ang pagsusuri para sa contact lens at mga contact lens kung hindi posible ang paggamit ng salamin sa mata dahil sa sakit o kondisyon sa mata (tulad ng wala ang isang tainga). Kabilang sa mga medikal na kondisyon na kwalipikado para sa mga espesyal na contact lens, ngunit hindi limitado sa mga ito, ang aniridia, aphakia, at keratoconus.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyong hindi pang-emergency

Puwede kang makakuha ng medikal na transportasyon kung mayroon kang mga medikal na pangangailangang pumipigil sa paggamit mo ng kotse, bus, o taxi sa iyong mga appointment. Maaari kang makakuha ng medikal na transportasyon para sa mga saklaw na serbisyo at saklaw ng Medi-Cal na appointment sa parmasya. Maaari kang humiling ng medikal na transportasyon sa pamamagitan ng paghiling nito sa iyong doktor, dentista, podiatrist, o provider sa sakit sa kalusugan ng isip o paggamit ng mga kontroladong kemikal. Pagpapasiyahan ng iyong provider ang tamang uri ng transportasyon para matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Kung magdesisyon silang kailangan mo ng medikal na transportasyon, irereseta nila ito sa pamamagitan ng pagsagot ng form at pagsumite nito sa Anthem. Kapag naaprubahan na ito, may bisa ang pag-apruba nang hanggang 12 buwan, depende sa medikal na pangangailangan. Kapag naaprubahan, maaari kang makakuha ng maraming pagsakay hangga't kailangan mo. Kakailanganin ng iyong doktor na suriin muli ang iyong medikal na pangangailangan para sa medikal na transportasyon at muling aprubahan ito kada 12 buwan.

Ang medikal na transportasyon ay isang ambulansya, litter van, wheelchair van, o sasakyang panghimpapawid. Pinapahintulutan ng Anthem ang pinakamababang halaga ng medikal na transportasyon para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyong appointment. Ibig sabihin niyon, halimbawa, kung ikaw ay pisikal o medikal na maibibiyaha sa wheelchair van, hindi magbabayad ang Anthem para sa ambulansiya. May karapatan ka lamang sa pagbiyahe sa himpapawid kung hindi posible ang anumang uri ng pagbiyahe sa lupa dahil sa iyong medikal na kondisyon.

Makakakuha ka ng medikal na transportasyon kung:

- Pisikal o medikal itong kinakailangan na may nakasulat na pahintulot ng isang doktor o ibang provider dahil hindi mo magagawang pisikal o medikal na gumamit ng bus, taxi, kotse, o van para makapunta sa iyong appointment.
- Kailangan mo ng tulong mula sa nagmamaneho papunta at pabalik sa iyong bahay, sasakyan, o lugar ng paggamot dahil sa kapansanang pisikal o sa pag-iisip.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Para humiling ng medikal na transportasyon na inireseta ng iyong doktor para sa mga hindi agarang (karaniwang) appointment, tumawag sa Anthem sa **1-888-285-7801** o **1-877-931-4755 (TTY 866-288-3133)** nang hindi bababa sa limang araw ng trabaho (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment. Para sa mga agarang appointment, tumawag sa lalong madaling panahon. Ihanda ang iyong ID card ng miyembro kapag tatawag ka. Para sa katayuan sa iyong naka-iskedyul na transportasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa linya ng Tulong sa Pagsakay sa **1-877-931-4756 (TTY 866-288-3133)**.

Mga limitasyon ng medikal na transportasyon

Ibinibigay ng Anthem ang pinakamurang medikal na transportasyon na tumutugon sa iyong mga medikal na pangangailangan sa pinakamalapit na provider sa iyong tahanan kung saan may available na appointment. Hindi ka makakakuha ng medikal na transportasyon kung hindi saklaw ng Medi-Cal ang serbisyong nakukuha mo, o hindi ito isang appointment sa parmasya na saklaw ng Medi-Cal. May listahan ng mga saklaw na serbisyo sa Handbook ng Miyembro na ito.

Kung saklaw ng Medi-Cal ang uri ng appointment ngunit hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan, hindi sasaklawin ng Anthem ang medikal na transportasyon pero makakatulong ito sa iyo na iiskedyul ang iyong transportasyon gamit ang Medi-Cal. Hindi saklaw ang transportasyon sa labas ng network o lugar ng serbisyo maliban kung may paunang pag-apruba ng Anthem. Para matuto pa o para humingi ng medikal na transportasyon, tumawag sa Anthem sa **1-888-285-7801 (TTY 711)** o **1-877-931-4755 (TTY 866-288-3133)**.

Gagastusin ng miyembro

Walang bayad kapag ang Anthem ang nagsasaayos ng transportasyon.

Paano makakuha ng transportasyong hindi medikal

Kabilang sa mga benepisyo mo ang pagkuha ng masasakyan sa iyong mga appointment kapag para sa serbisyong saklaw ng Medi-Cal ang appointment at wala kang anumang access sa transportasyon. Makakakuha ka ng masasakyan, nang wala kang babayaran, kapag nasubukan mo na ang lahat ng iba pang paraan para makakuha ng transportasyon at ikaw ay:

- Naglalakbay patungo at pabalik mula sa appointment para sa serbisyo ng Medi-Cal na pinahintulutan ng iyong provider, o
- Kumukuha ng mga reseta at medikal na supply



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Binibigyang-daan ka ng Anthem na gumamit ng kotse, taxi, bus, o iba pang pampubliko o pribadong paraan ng pagpunta sa iyong medikal na appointment para sa mga serbisyong saklaw ng Medi-Cal. Sasaklawin ng Anthem ang pinakamababang halaga ng uri ng transportasyong hindi medikal na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan. Minsan, maaaring mag-reimburse sa iyo (bayaran) ang Anthem para sa mga pagsakay sa pribadong sasakyan na iyong isinaayos.

Dapat aprubahan ito ng Anthem bago ka sumakay.

Dapat mong sabihin sa amin kung bakit hindi ka makakasakay sa ibang paraan, gaya ng bus. Maaari kang tumawag, mag-email, o magsabi sa amin nang personal. Kung mayroon kang access sa transportasyon o kaya mong sariling magmaneho patungo sa iyong appointment, hindi ka ire-reimburse ng Anthem. Para lang sa mga miyembrong walang access sa transportasyon ang benepisyong ito.

Para sa reimbursement ng mileage, dapat kang magsumite ng mga kopya ng dokumento ng driver gaya ng:

- Lisensya sa pagmamaneho,
- Rehistro ng sasakyan, at
- Katibayan ng insurance ng sasakyan

Para humiling ng pagsakay para sa mga serbisyong pinahintulutan, tawagan ang Anthem sa **1-888-285-7801 (TTY 711)** o **1-877-931-4755 (TTY 866-288-3133)** nang hindi bababa sa limang araw ng trabaho (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment. O tumawag sa sandaling magagawa mo kapag mayroon kang agarang appointment. Ihanda ang iyong ID card ng miyembro kapag tatawag ka. Para sa katayuan ng iyong naka-iskedyul na transportasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa linya ng Tulong sa Pagsakay sa **1-877-931-4756**.

Tandaan: Maaari ding makipag-ugnayan ang mga American Indian sa kanilang lokal na Indian Health Clinic para humiling ng transportasyong hindi medikal.

Mga limitasyon ng transportasyong hindi medikal

Ibinibigay ng Anthem ang pinakamurang transportasyong hindi medikal na tumutugon sa iyong mga pangangailangan sa pinakamalapit na provider sa iyong tahanan kung saan may available na appointment. Ang mga miyembro ay hindi maaaring magmaneho nang mag-isa o direktang ma-reimburse para sa transportasyong hindi medikal. Para matuto nang higit pa, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer Center sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Hindi nalalapat ang transportasyong hindi medikal kung:

- Medikal na kinakailangan ang isang ambulansya, litter van, wheelchair van, o iba pang anyo ng medikal na transportasyon para makapunta sa isang sinasaklaw na serbisyo ng Medi-Cal
- Kailangan mo ng tulong mula sa nagmamaneho papunta at pabalik sa iyong tirahan, sasakyan, o lugar ng paggamot dahil sa pisikal o medikal na kondisyon
- Ikaw ay naka-wheelchair at hindi makagalaw papasok at palabas ng sasakyan nang hindi tinutulungan ng nagmamaneho
- Hindi saklaw ng Medi-Cal ang serbisyo

Gagastusin ng miyembro

Walang bayad kapag ang Anthem ang nagsasaayos ng hindi medikal na transportasyon.

Mga gastos sa pagbiyahe

Sa ilang sitwasyon, kung kailangan mong bumiyahe para sa mga appointment sa doktor na hindi available malapit sa iyong bahay, maaaring sagutin ng Anthem ang mga gastos sa pagbiyahe gaya ng mga pagkain, pananatili sa hotel, at iba pang nauugnay na gastos gaya ng paradahan, mga toll, atbp. Maaari din saklawin ang mga ito para sa taong kasama mo sa biyahe para tulungan ka sa iyong appointment o taong nag-donate ng organ sa iyo para sa organ transplant. Kailangan mong humiling ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyong ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Anthem sa **1-888-285-7801 (TTY 711)** o **1-877-931-4755 (TTY 866-288-3133)**.

Mga serbisyo sa ngipin

Gumagamit ang Medi-Cal ng mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga para ibigay ang iyong mga serbisyo sa ngipin. Para matuto pa, pumunta sa Health Care Options sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>. Maaari kang manatili sa Fee-for-Service Dental, o maaari mong piliin ang Dental Managed Care. Para piliin o baguhin ang iyong plano sa ngipin, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263. Maaaring hindi ka itala sa PACE o SCAN plan at Dental Managed Care plan sa parehong panahon.

Ibinibigay ng Programa sa Pinapamahalaang Pangangalaga sa Ngipin ng Medi-Cal ang iyong mga serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal. Para sa tulong sa paghahanap ng dentista, o para sa tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa ngipin, maaari mong tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Saklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa ngipin, kabilang ang:

- Mga serbisyo sa pag-diagnose at pang-iwas para sa ngipin gaya ng mga eksaminasyon, X-ray, at paglilinis ng ngipin
- Mga serbisyong pang-emergency sa pagkontrol ng pananakit
- Mga pagbubunot ng ngipin
- Mga filling
- Mga paggamot ng root canal (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratoryo)
- Scaling at root planing
- Buo at hindi buong pustiso
- Orthodontics para sa mga kwalipikadong bata
- Topical fluoride

Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Programa para sa Ngipin ng Medi-Cal sa **1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711)**. Maaari ka ring pumunta sa website ng Programa para sa Ngipin ng Medi-Cal sa <https://smilecalifornia.org/>.

Kung may mga tanong ka o gusto mong malaman ang higit pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin at nakatala ka sa Dental Managed Care plan, tumawag sa iyong nakatalagang Dental Managed Care plan.

Iba pang benepisyo at programa na saklaw ng Anthem

Mga serbisyong pang-iwas sa hika

Tumutulong ang Anthem sa edukasyong pangkalusugan at pag-navigate tungkol sa mga pangunahing kaalaman sa hika, wastong paggamit ng mga pangmatagalang controller at gamot sa mabilisang lunas, mga pamamaraan sa sariling pamamahala na nakabatay sa ebidensya at mga kasanayan sa pagsubaybay sa sarili, at mga aksyon para mabawasan o makontrol ang mga pagkakalantad sa kapaligiran na nagpapalala ng mga sintomas ng hika.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

LiveHealth® Online

Maaaring ma-access ng mga miyembro ng Anthem ang LiveHealth Online nang 24/7 gamit ang smartphone, tablet, o computer. Iniuugnay ng LiveHealth Online ang mga pasyente sa mga sertipikado ng board na doktor na sumusuporta sa kalusugan ng katawan at isip. Maaaring magreseta ng mga gamot ang doktor at ipadala ang mga ito sa iyong parmasya. Tanging mga hindi kontroladong substance lamang ang maaaring ireseta.

Maaaring gamitin ng mga miyembro ang LiveHealth Online nang 24/7 sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-548-3432 (TTY 711), sa pamamagitan ng pag-download sa libreng mobile app ng LiveHealth Online, o sa pagpunta sa livehealthonline.com para magparehistro.

Mga detalye ng programa ng LiveHealth Online	Medikal sa LiveHealth Online	Psychiatry sa LiveHealth Online	Psychology sa LiveHealth Online
Mga Uri ng Provider	Mga doktor na sertipikado ng board	Mga doktor na sertipikado ng Board	Lisensyadong psychologist (PHD) at therapist (mga master level na social worker)
Inaalok na Benepisyo		Gamot kung klinikal na kinakailangan	Gamot kung klinikal na kinakailangan pagkatapos ng inisyal na pagsusuri
Availability	Anumang oras nang 24/7 sa 365 araw ng taon	Appointment mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. sa lahat ng time zone	Appointment mula 7 a.m. hanggang 11:00 p.m.
Tagal ng pagpapatingin	10 minuto	30 hanggang 45 minuto para sa paunang pagtatasa;	45 minuto



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

		15 minuto para sa mga follow up na sesyon kung kinakailangan para sa pagsusuri ng gamot.	
Average na tagal ng paghihintay	Humigit-kumulang 10 minuto	14 na araw pababa	4 na araw pababa
Edad na sineserbisyuhan	Walang limitasyon sa edad, tutukuyin ng doktor kung magagamot nang virtual o hindi ang pasyente.	18 taon pataas	10 taon pataas
Halaga	Madaling pagtanggap ng pangangalaga sa bahay. Iniwasan ang maaksayang paghihintay para sa mga pagpapatingin sa ER para sa mga hindi pang-emergency na kondisyon.	Higit na mas malawak na access sa mga provider ng kalusugan ng isip sa tahanan.	Higit na mas malawak na access sa mga provider ng kalusugan ng isip sa tahanan.

Mga Karaniwang Ginagamot na Kondisyon

- Mga galos, hindi malubhang sugat Altapresyon
- Hika
- Mga allergy/allergic rhinitis
- Pananakit ng likod
- Ubo/sipon
- Diabetes/hypoglycemia
- Pagdurumi



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- Pananakit ng tainga
- Lagnat, influenza/trangkaso
- Pananakit ng ulo/migraine
- Kawalang-pagpipigil sa pag-ihi/pagdumi
- Kawalan ng tulog
- Pagduduwal/pagsusuka
- Pinkeye at iba pang impeksyon sa mata
- Mga rash/pagpapantal sa balat
- Impeksyon sa sinus
- Pananakit ng lalamunan/pharyngitis
- Mga pilay at pagkabanat ng kalamnan

Kabilang sa Mga Karaniwang Ginagamot na Kondisyon sa Pag-uugali ang:

- Pagkabalisa
- Bipolar disorder
- Pagharap sa sakit
- Depresyon
- Pagdadalamhati
- Mga panic attack
- Mga isyu sa pag-aalaga ng bata
- Post-traumatic stress disorder
- Obsessive-compulsive disorder
- Mga isyu sa relasyon
- Stress

Nag-aalok ang LiveHealth Online ng patuloy na paggamot mula sa parehong provider sa kalusugan ng pag-uugali.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Mga limitasyon ng LiveHealth Online

Hindi nagbibigay ang LiveHealth Online ng:

- Pag-iwas sa sakit o patuloy na medikal na pangangalaga
- Mga utos sa laboratoryo
- Access sa pangangalaga ng espesyalista
- Dapat magtakda ng appointment ang mga miyembro sa kanilang PCP bilang unang pagpipilian para sa pangangalagang hindi pang-emergency.

Pagpapatunay ng membership sa Anthem para sa LiveHealth Online

Dapat idagdag ang ID ng miyembro ng Anthem sa account ng LiveHealth Online para makatanggap ng mga libreng serbisyo. Dapat 18 taon gulang ang mga miyembro para magkaroon ng sarili nilang account sa LiveHealth Online.

Maidadagdag ng mga magulang ang ID ng miyembro ng Anthem ng kanilang anak sa personal na account.

Makapag-iimbita ang mga miyembro ng mga bisita upang makilahok sa mga live na pagpapatingin sa video:

- Mga miyembro ng pamilya
- Iba pang provider

Maibabahagi ng mga miyembro ang buod ng kanilang medikal na rekord sa kanilang PCP o kaninuman sa pamamagitan ng pag-email o fax.

Nag-aalok ang LiveHealth Online ng patuloy na paggamot mula sa parehong provider sa kalusugan ng pag-uugali:

Makatatanggap ang mga miyembro ng 24/7 na tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-888-548-3432 (TTY 711)**, sa pamamagitan ng pag-download ng libreng mobile app ng LiveHealth Online o sa pagbisita sa livehealthonline.com para magparehistro.

Para sa agarang tulong sa pagpapareseta matapos ang online na pagpapatingin, maaaring tumawag ang mga miyembro sa **1-888-982-7956**.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Mga pinamamahalaang serbisyo at suporta sa pangmatagalang pangangalaga

Saklaw ng Anthem, para sa mga miyembrong kwalipikado, ang mga pinamamahalaang serbisyo at suporta sa pangmatagalang pangangalaga sa mga sumusunod na uri ng pasilidad o tirahan sa pangmatagalang pangangalaga:

- Mga serbisyo sa pasilidad ng sanay na pag-aalaga ayon sa pag-apruba ng Anthem
- Mga serbisyo sa pasilidad ng subacute na pangangalaga (kabilang ang nasa hustong gulang at bata) ayon sa pag-apruba ng Anthem
- Mga serbisyong Nakabatay sa Tahanan at Komunidad ayon sa inaprubahan ng L.A. Care
 - Mga Serbisyong Nasa Komunidad para sa Mga Nasa Tamang Gulang (CBAS)
 - Mga Pansuportang Serbisyo sa Loob ng Bahay (IHSS)
- Mga inaprubahang serbisyo sa pasilidad sa namamagitan pangangalaga ng Anthem, kabilang ang:
 - Pasilidad sa namamagitan pangangalaga/may kapansanan sa pag-unlad (ICF/DD),
 - Pasilidad sa namamagitan pangangalaga/may kapansanan sa pag-unlad-panghabilitasyon (ICF/DD-H), at
 - Pasilidad sa namamagitan pangangalaga/may kapansanan sa pag-unlad-pagkalinga (ICF/DD-N)

Kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalagang ito, titiyakin ng Anthem na mailalagay ka sa isang pasilidad o tirahan para sa pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng antas ng pangangalaga na pinakaangkop sa iyong mga medikal na pangangailangan.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pinamamahalaang pangmatagalang serbisyo ng pangangalaga, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Karaniwang Pagsasaayos ng Pangangalaga

Mahirap ang pagkuha ng pangangalaga mula sa maraming iba't ibang provider o sa iba't ibang sistema ng kalusugan. Gusto ng Anthem na matiyak na makukuha ng mga miyembro ang lahat ng serbisyong medikal na kinakailangan, inireresetang gamot, at



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Makakatulong ang Anthem sa pagsasaayos at pamamahala ng iyong mga pangangailangan sa kalusugan, nang wala kang babayaran. Available ang tulong na ito kahit na sumasaklaw ang isa pang programa sa mga serbisyo.

Maaaring mahirap malaman kung paano matugunan ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan pagkatapos mong umalis sa ospital o kung kumukuha ka ng pangangalaga sa iba't ibang sistema. Narito ang ilang paraan na makakatulong ang Anthem sa mga miyembro:

- Kung nahihirapan kang makakuha ng follow-up na appointment o mga gamot pagkatapos mong ma-discharge mula sa ospital, makakatulong sa iyo ang Anthem.
- Kung kailangan mo ng tulong para makapunta sa personal na appointment, matutulungan ka ng Anthem na makakuha ng libreng transportasyon.

Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa kalusugan o kalugusan ng iyong anak, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Kumplikadong Pamamahala sa Pangangalaga (CCM)

Maaaring maging kwalipikado ang mga miyembrong may mga mas kumplikadong pangangailangan sa kalusugan para sa mga karagdagang serbisyong nakatuon sa koordinasyon ng pangangalaga. Nag-aalok ang Anthem ng mga serbisyo sa Kumplikadong Pamamahala sa Pangangalaga (CCM) sa mga populasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: mga batang may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, mga buntis at post-partum na indibidwal, mga miyembrong tumatanggap ng LTSS, mga miyembrong may Huling Yugto ng Sakit sa Bato (ESRD), mga miyembrong nag-a-access sa benepisyo ng pag-transplant, mga miyembrong may kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali o mga sakit sa paggamit ng mga kontroladong kemikal, at mga miyembrong may maraming hindi gumagaling na kondisyon.

Mayroong Nakatalagang Tagapamahala ng Pangangalaga sa Anthem ang mga miyembrong nakatala sa CCM at Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (basahin sa ibaba) na makakatulong hindi lang sa karaniwang pagsasaayos ng pangangalagang inilarawan sa itaas, kundi pati na rin sa pinalawak na hanay ng mga suporta sa transisyonal na pangangalaga na available kung idi-discharge ka mula sa ospital, pasilidad ng sanay na pag-aalaga, psychiatric na ospital, o paggamot sa tirahan.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (ECM)

Saklaw ng Anthem ang mga serbisyo ng ECM para sa mga miyembrong may napakakumplikadong pangangailangan. May karagdagang serbisyo ang ECM para matulungan kang makakuha ng pangangalagang kailangan mo para manatiling malusog. Inuugnay nito ang iyong pangangalaga mula sa iba't ibang doktor at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Tumutulong ang ECM sa pagsasaayos ng pangunahin at pang-iwas na pangangalaga, pangangalaga sa malalang kondisyon, kalusugan ng pag-uugali, pag-unlad, kalusugan ng bibig, mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS) na nakabatay sa komunidad, at mga referral sa mga mapagkukunan sa komunidad.

Kung kwalipikado ka, maaaring may makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa mga serbisyo ng ECM. Maaari ka ring tumawag sa Anthem para malaman kung at kailan mo makukuha ang ECM. O makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Malalaman nila kung kwalipikado ka para sa ECM o irerekomenda ka para sa mga serbisyo sa pamamahala ng pangangalaga.

Mga saklaw na serbisyo ng ECM

Kung kwalipikado ka para sa ECM, magkakaroon ka ng sarili mong team sa pangangalaga na may Punong Tagapamahala ng Pangangalaga. Makikipag-usap ang taong ito sa iyo at sa iyong mga doktor, espesyalista, pharmacist, tagapamahala ng pangangalaga: provider ng mga serbisyong panlipunan, at iba pa. Tinitiyak nila na nagtutulong ang lahat para maibigay sa iyo ang pangangalagang kailangan mo. Matutulungan ka rin ng Punong Tagapamahala ng Pangangalaga na maghanap at mag-apply para sa iba pang serbisyo sa iyong komunidad. Kabilang sa ECM ang:

- Pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap
- Komprehensibong pagsusuri at pangangasiwa ng pangangalaga
- Pinahusay na pagsasaayos ng pangangalaga
- Pagtataguyod ng kalusugan
- Komprehensibong transisyonal na pangangalaga
- Mga serbisyo sa suporta sa miyembro at pamilya
- Pagsasaayos at referral sa mga suporta sa komunidad at lipunan

Para malaman kung angkop ba ang ECM para sa iyo, kausapin ang iyong kinatawan sa Anthem o provider ng pangangalagang pangkalusugan.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Gagastusin ng miyembro

Walang gastos sa miyembro para sa mga serbisyong ECM.

Mag-opt out

Kung magpasya kang hindi angkop para sa iyo ang Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga, maaari kang mag-opt out anumang oras sa pamamagitan ng pag-abiso sa iyong Punong Tagapamahala ng Pangangalaga o sa pamamagitan ng pagtawag sa iyong kinatawan ng Anthem.

Mga Suporta sa Komunidad

Maaari kang makakuha ng mga suporta sa ilalim ng iyong Plano sa Pangangalaga para sa Indibidwal. Mga medikal na naaangkop at sulit na alternatibong serbisyo o setting ang Mga Suporta sa Komunidad para sa mga saklaw sa ilalim ng Pang-estadong Plano ng Medi-Cal. Opsyonal para sa mga miyembro ang mga serbisyong ito. Kung kwalipikado ka, maaaring makatulong sa iyo ang mga serbisyong ito na mamuhay nang mas malaya. Hindi papalitan ng mga ito ang mga benepisyong natatanggap mo na sa ilalim ng Medi-Cal. Maaaring kasama sa Mga Suporta ng Komunidad ang tulong sa paghahanap o pagpapanatili ng pabahay, mga medikal na iniangkop na pagkain, o iba pang tulong para sa iyo o sa iyong tagapag-alaga. Kung kailangan mo ng tulong o gusto mong malaman kung anong Mga Suporta sa Komunidad ang maaaring available para sa iyo, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)** o tumawag sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Walang gastos sa miyembro para sa mga serbisyo sa Mga Suporta ng Komunidad.

Ang mga sumusunod ay Mga Suporta sa Komunidad na inaalok ng Anthem:

- ***Mga Serbisyo sa Pag-navigate sa Paglipat ng Pabahay at Mga Serbisyo sa Pangungupahan at Pagpapanatili ng Pabahay***
 - Kasama ang mga serbisyo para matulungan ang mga miyembro na makahanap ng pabahay at mapanatili ang ligtas at matatag na pangungupahan.
- ***Mga Pagkain/Mga Medikal na Iniangkop na Pagkain***
 - Mga programa sa pagkain na inihahatid sa bahay na naglalayong mapabuti ang mga resulta ng kalusugan at tugunan ang mga hadlang na nauugnay sa kawalan ng seguridad sa pagkain.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- ***Pangangalaga sa Pagpapagaling (Medikal na Pahinga)***
 - Panandaliang pinagsama-sama at klinikal na pangangalaga para sa mga miyembro na hindi na nangangailangan ng pagpapaospital ngunit nangangailangan pa rin ng pangangalaga mula sa isang pinsala o karamdaman (kabilang ang mga kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali).
- ***Mga Deposito sa Pabahay***
 - Tumutulong sa pagtukoy, pagsasaayos, pagsiguro, o pagpopondo ng mga pang-isang beses na serbisyo at pagbabagong kinakailangan para bigyang-daan ang tao na magtatag ng pangunahing sambahayan, hindi ito bumubuo ng silid at pagkain (room and board).
- ***Sentro ng Pagpapanumbalik mula sa Pagkalulong***
 - Mga alternatibong destinasyon para sa mga miyembrong napag-alamang lasing sa publiko at kung hindi man ay dadalhin sa departamento para sa emergency o kulungan.
- ***Mga Serbisyo sa Personal na Pangangalaga at Homemaker***
 - Sinusuportahan ang mga miyembrong nangangailangan ng tulong sa mga pang-araw-araw na gawain, tulad ng pagliligo, pagbibihis, personal na kalinisan, pagluluto at pagkain.
- ***Mga Serbisyo ng Pangangalaga sa Panandaliang Ginhawa***
 - Mga panandaliang serbisyo na ibinibigay sa mga tagapag-alaga ng mga nangangailangan ng paminsan-minsang pansamantalang pangangasiwa para magbigay ng kaluwagan sa tagapag-alaga.
- ***Mga Pagbabagay sa Pagiging Accessible sa Kapaligiran (Mga Pagbabago sa Tahanan)***
 - Mga pisikal na pagbabagay sa tahanan para matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng indibidwal, o magbigay-daan sa miyembro na makakilos nang may higit na kalayaan sa tahanan.
- ***Mga Remedyo para sa Hika***
 - Nagbibigay ng mga pisikal na pagbabago sa kapaligiran sa tahanan na kinakailangan para matiyak ang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng miyembro, o magbigay-daan sa miyembro na kumilos sa tahanan at kung wala



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

nito, maaaring magresulta ang mga yugto ng malalang hika sa pangangailangan para sa mga serbisyong pang-emergency at pagpapaospital.

- ***Paglipat mula sa Pasilidad ng Pangangalaga/Pagpunta sa Mga Pasilidad para sa May Tulong na Pamumuhay***
 - Tumutulong sa mga miyembro na mamuhay sa komunidad sa pamamagitan ng pagpapadali sa mga paglipat mula sa pasilidad ng pangangalaga pabalik sa komunidad na setting na parang tahanan, o pagpigil sa mga pagpasok sa pasilidad ng pangangalaga para sa mga may napipintong pangangailangan.
- ***Mga Serbisyo sa Paglipat sa Komunidad/Paglipat mula sa Pasilidad ng Pangangalaga patungo sa Tahanan***
 - Tumutulong sa mga miyembro na manirahan sa komunidad para maiwasan ang karagdagang pagpasok sa institusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga hindi paulit-ulit na gastos sa pag-set up para sa mga miyembrong lumipat mula sa lisensyadong pasilidad patungo sa isinaayos na pamumuhay sa isang pribadong tirahan.
- ***Pabahay sa Panandaliang Pagpapaospital***
 - Nagbibigay sa mga walang tirahan, at may mataas na pangangailangang medikal o pangkalusugan sa pag-uugali, ng pagkakataong ipagpatuloy kaagad ang kanilang medikal, psychiatric, o paggaling sa paggamit ng mga kontroladong kemikal pagkatapos lumabas sa institusyonal na setting para sa inpatient.
- ***Mga Programa para sa Habilitasyon sa Araw***
 - Nagbibigay ng mga serbisyo sa loob o labas ng tahanan ng isang tao para tulungan siya sa pagkuha, pagpapanatili, at pagpapabuti ng pagtulong sa sarili. Pakikipagkapwa-tao, at kakayahang umangkop na kinakailangan para matagumpay na manirahan sa komunidad.

Kung kailangan mo ng tulong o gusto mong malaman kung anong Mga Suporta sa Komunidad ang maaaring available para sa iyo, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. O tawagan ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Transplant ng pangunahing organ

Mga transplant para sa mga batang wala pang 21 taong gulang

Sa Los Angeles County, iniaatas ng batas ng estado na irekomenda ang mga batang kailangan ng mga transplant sa Mga Serbisyo sa Bata ng California (CCS) program para pagpasyahan kung kwalipikado ang bata para sa CCS. Kung kwalipikado ang bata para sa CCS, sasaklawin ng CCS ang mga gastos para sa transplant at mga kaugnay na serbisyo.

Kung hindi kwalipikado ang bata para sa CCS, irerekomenda ng Anthem ang bata sa isang kwalipikadong sentro ng pag-transplant para sa pagtatasa. Kung kukumpirmahin ng sentro ng pag-transplant na kakailanganin at ligtas ang transplant, sasaklawin ng Anthem ang transplant at mga kaugnay na serbisyo.

Dapat irekomenda ng Anthem ang mga kwalipikadong bata ng Mga Serbisyo sa Bata ng California (CCS) sa Special Care Center (SCC) na aprubado ng CCS para sa pagsusuri sa loob ng 72 oras mula nang makilala ang bata ng doktor o espesyalista ng bata bilang potensyal na kandidato para sa transplant. Kung kukumpirmahin ng SCC na kakailanganin at ligtas ang transplant, sasaklawin ng Anthem ang transplant at mga kaugnay na serbisyo.

Mga transplant para sa mga taong nasa 21 taong gulang pataas

Kung magpasya ang iyong doktor na kailangan mo ng transplant ng pangunahing organ, irerekomenda ka ng Anthem sa isang kwalipikadong sentro ng transplant para sa pagsusuri. Kung kukumpirmahin ng sentro ng pag-transplant na kakailanganin at ligtas ang transplant para sa iyong medikal na kondisyon, sasaklawin ng Anthem ang transplant at mga kaugnay na serbisyo.

Kinabibilangan ng mga transplant ng pangunahing organ na saklaw ng Anthem ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- | | |
|-----------------|-------------------------|
| ▪ Bone marrow | ▪ Atay |
| ▪ Puso | ▪ Atay/maliit na bituka |
| ▪ Puso/baga | ▪ Baga |
| ▪ Bato | ▪ Pancreas |
| ▪ Bato/pancreas | ▪ Maliit na bituka |

Mga programa sa gamot sa kalye

Maaaring makatanggap ang mga miyembrong nakakaranas ng kawalan ng tirahan ng mga saklaw na serbisyo mula sa Provider ng Gamot sa Kalye sa loob ng network ng



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

provider ng Anthem. Ang Provider ng Gamot sa Kalye ay isang lisensyadong doktor sa pangunahing pangangalaga o hindi doktor sa network ng pangunahing pangangalaga. Maaaring pumili ang mga miyembrong nakakaranas ng kawalan ng tirahan ng Provider ng Gamot sa Kalye ng Anthem para maging kanilang Provider ng Pangunahing Pangangalaga (PCP), kung nakakatugon ang Provider ng Gamot sa Kalye sa pamantayan sa pagiging kwalipikado ng PCP at sumasang-ayong maging PCP ng miyembro. Para sa higit pang impormasyon sa programa ng gamot sa kalye ng Anthem, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Mga gastusin sa transportasyon at paglalakbay para sa CCS

Maaari kang makakuha ng transportasyon, pagkain, tuluyan, at iba pang gastos tulad ng paradahan, mga toll, atbp. kung kailangan mo o ng iyong pamilya ng tulong para makapunta sa medikal na appointment na may kaugnayan sa isang kondisyon na kwalipikado sa CCS at walang ibang available na mapagkukunan. Dapat mong tawagan ang Anthem at hilingin ang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) bago ka magbayad mula sa sariling bulsa para sa mga pagkain at tuluyan sa transportasyon. Nagbibigay ang Anthem ng hindi medikal at hindi pang-emergency na medikal na transportasyon gaya ng nakasaad sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo.”

Kung nakitang kinakailangan ang iyong mga gastos sa transportasyon o paglalakbay at naberipika ng Anthem na sinubukan mong kumuha ng transportasyon sa pamamagitan ng Anthem, maaari kang makakuha ng pag-reimburse mula sa Anthem. Dapat ka naming ma-reimburse sa loob ng 60 araw sa kalendaryo pagkatapos mong isumite ang mga kinakailangang resibo at patunay ng mga gastos sa transportasyon.

Mga serbisyong nakabatay sa bahay at komunidad (HCBS) sa labas ng mga serbisyo ng WCM

Kung kwalipikado kang magpatala sa 1915(c) waiver, maaari kang makakuha ng mga serbisyong nakabatay sa bahay at komunidad na hindi nauugnay sa kondisyong kwalipikado sa CCS pero kinakailangan para manatili ka sa setting ng komunidad sa halip na sa institusyon. Halimbawa, kung kailangan mo ng mga pagbabago sa bahay para matugunan ang iyong mga pangangailangan sa setting na nakabatay sa komunidad, hindi mababayaran ng Anthem ang mga gastusing iyon bilang kondisyong nauugnay sa CCS. Ngunit kung nakatala ka sa 1915(c) waiver, maaaring saklawin ang mga pagbabago sa bahay kung medikal na kinakailangan ang mga ito para maiwasan ang institusyonalisasyon.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal

Iba pang serbisyong makukuha mo sa pamamagitan ng Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa ng Medi-Cal.

Hindi saklaw ng Anthem ang ilang serbisyo, ngunit maaari mo pa ring makuha ang mga ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal o iba pang programang Medi-Cal. Makikipag-ugnayan ang Anthem sa iba pang programa para matiyak na makukuha mo ang lahat ng serbisyong medikal na kinakailangan, kabilang ang mga saklaw ng isa pang programa at hindi ng Anthem. Inililista sa seksyong ito ang mga serbisyong ito. Para matuto nang higit pa, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Mga inireresetang gamot para sa outpatient

Mga inireresetang gamot na saklaw ng Medi-Cal Rx

Saklaw ng Medi-Cal Rx ang mga inireresetang gamot na ibinibigay ng parmasya, na isang programang Medi-Cal FFS. Maaaring saklawin ng Anthem ang ilang gamot na ibinibigay ng provider sa tanggapan o klinika. Kung ang iyong provider ay nagrereseta ng mga gamot na ibinigay sa tanggapan ng doktor, infusion center, o ng provider ng infusion sa bahay, ituturing ang mga ito na mga gamot na ibinibigay ng doktor.

Kung nagbigay ng gamot ang medikal na propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na hindi nakabatay sa parmasya, sasaklawin ito sa ilalim ng benepisyong medikal. Maaaring magreseta sa iyo ang iyong provider ng mga gamot sa Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata ng Medi-Cal Rx.

Minsan, kailangan mo ng gamot na wala sa Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata. Nangangailangan ang mga gamot na ito ng pag-apruba bago mo mapunan ang reseta sa parmasya. Susuriin at pagpapasyahan ng Medi-Cal Rx ang mga kahilingang ito sa loob ng 24 na oras.

- Maaaring magbigay sa iyo ang pharmacist sa iyong parmasya ng outpatient ng 14 na araw na pang-emergency na supply kung sa tingin niya ay kailangan mo ito. Babayaran ng Medi-Cal Rx ang pang-emergency na gamot na ibinibigay ng parmasya ng outpatient.
- Maaaring tanggihan ng Medi-Cal Rx ang hindi pang-emergency na kahilingan. Kung tatanggihan nila ito, magpapadala sila ng liham kung bakit. Sasabihin nila sa iyo ang mga maaari mong gawin. Para matuto pa, basahin ang “Mga Reklamo” sa Kabanata 6.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Para malaman kung nasa Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata ang isang gamot o para makakuha ng kopya ng Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata, tawagan ang Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711.**

O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Mga Parmasya

Kung pinupunan o muling pinupunan mo ang inireresetang gamot, dapat mong kunin ang iyong mga iniresetang gamot mula sa parmasyang nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx. Mahahanap mo ang listahan ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa:

<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>

Maaari ka ring humanap ng parmasyang malapit sa iyo o parmasyang kayang magpadala sa iyo ng iyong inireresetang gamot gamit ang mail sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711.**

Kapag nakapili ka na ng parmasya, dalhin ang iyong reseta sa parmasya. Maaari din itong ipadala ng iyong provider sa parmasya para sa iyo. Ibigay sa parmasya ang iyong reseta kasama ang iyong Identification Card para sa Mga Benepisyo (BIC) ng Medi-Cal. Tiyaking alam ng parmasya ang tungkol sa lahat ng gamot na iniinom mo at anumang allergy na mayroon ka. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong reseta, tanungin ang pharmacist.

Maaari ding makakuha ang mga miyembro ng mga serbisyo sa transportasyon mula sa Anthem para makapunta sa mga parmasya. Para matuto nang higit pa tungkol sa mga serbisyo sa transportasyon, basahin ang “Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyong hindi pang-emergency” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip

Ibinibigay ang ilang serbisyo para sa kalusugan ng isip ng mga plano sa kalusugan ng isip ng county at hindi ng Anthem. Kabilang dito ang mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip (SMHS) para sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa pagiging angkop para sa SMHS. Maaaring kabilang sa SMHS ang mga serbisyo sa outpatient, tirahan, at inpatient na ito:

Mga pang-outpatient na serbisyo:

- Mga serbisyo para sa kalusugan ng isip
- Mga serbisyo ng suporta sa gamot



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- Mga serbisyo ng masusing paggamot sa araw
- Mga serbisyo para sa rehabilitasyon sa araw
- Mga serbisyo ng pamamagitan sa krisis
- Mga serbisyo sa pagpapatatag sa krisis
- Nakatuong pamamahala sa kaso
- Mga therapeutic behavioral service na sinasaklaw para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Masusing pagsasaayos ng pangangalaga (ICC) na saklaw para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Mga masusing serbisyo na nakabase sa tahanan (IHBS) na saklaw para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Therapeutic foster care (TFC) na sinasaklaw para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer (PSS) (opsyonal)

Mga serbisyo sa tirahan:

- Mga serbisyo sa paggamot sa tahanan para sa nasa hustong gulang
- Mga serbisyo sa paggamot sa tahanan para sa krisis

Mga serbisyo sa inpatient:

- Mga serbisyo sa ospital para sa psychiatric na inpatient
- Mga serbisyo sa pasilidad para sa psychiatric na kalusugan

Para matuto pa sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip na ibinibigay ng planong pangkalusugan sa kalusugan ng isip ng county, maaari mong tawagan ang iyong plano sa kalusugan ng isip ng county.

Para makita online ang walang bayad na numero ng telepono ng lahat ng county, pumunta sa: dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx. Kung nalaman ng Anthem na kakailanganin mo ng mga serbisyo mula sa plano sa kalusugan ng isip ng county, tutulungan ka ng Anthem na kumonekta sa mga serbisyo ng plano sa kalusugan ng isip ng county.

Mga serbisyo sa paggamot ng sakit sa paggamit ng mga kontroladong kemikal

Hinihikayat ng Anthem ang mga miyembrong gustong tumulong sa paggamit ng alkohol o iba pang paggamit ng kontroladong kemikal na makakuha ng pangangalaga. Available ang mga serbisyo para sa paggamit ng kontroladong kemikal mula sa mga



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

provider ng pangkalahatang pangangalaga tulad ng pangunahing pangangalaga, mga ospital para sa inpatient, at mga departamento para sa emergency at mula sa mga may espesyalidad na provider ng serbisyo sa sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal. Kadalasang nagbibigay ng mga espesyal na serbisyo ang Mga Plano sa Kalusugan ng Pag-uugali ng County.

Para matuto nang higit pa tungkol sa mga opsyon sa paggamot para sa mga sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal, tawagan ang Hotline sa Mga Serbisyo ukol sa Pag-abuso sa Droga o Alak (SASH) ng Pagpigil at Pagkontrol sa Pag-abuso sa Droga o Alak (SAPC) ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan (DPH) ng Los Angeles County sa **1-844-804-7500**.

Maaaring magkaroon ang mga miyembro ng Anthem ng pagtatasa para itugma sila sa mga serbisyong pinakaangkop sa kanilang mga pangangailangan at kagustuhan sa kalusugan. Kapag medikal na kinakailangan, kinabibilangan ng mga available na serbisyo ang paggamot sa outpatient, paggamot sa tirahan, at mga gamot para sa mga sakit sa paggamit ng mga kontroladong kemikal (tinatawag ding Paggamot na Ginagamitan ng Gamot (MAT)) tulad ng buprenorphine, methadone, at naltrexone.

Nagbibigay ang county ng mga serbisyo para sa sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal sa mga miyembro ng Medi-Cal na kwalipikado para sa mga serbisyong ito. Inire-refer ang mga miyembro na tinukoy para sa mga serbisyo sa paggamot para sa pag-abuso sa droga o alak sa departamento ng kanilang county para sa paggamot. Para sa listahan ng lahat ng numero ng telepono ng mga county, pumunta sa https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx.

Magbibigay o magsasaayos ang Anthem ng MAT na ibibigay sa pangunahing pangangalaga, ospital para sa inpatient, departamento para sa emergency, at iba pang medikal na setting.

Maaaring isama ang mga serbisyo ng paggamit ng mga kontroladong kemikal, ngunit hindi limitado sa:

- Paggamot ng Outpatient
- Intensibong Paggamot ng Outpatient
- Pangangasiwa ng Kaso



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon
- Pangangasiwa ng Pag-withdraw (Detox)
- Paggamot sa Tirahan
- Mga Serbisyo ng Suporta sa Pagpapagaling
- Recovery Bridge Housing
- Mga serbisyong Boluntaryong Detoxification ng Inpatient kung natutugunan mo ang mga pamantayan

Mga Serbisyo sa Bata ng California (CCS)

Ang CCS ay isang programang Medi-Cal na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may ilang partikular na kondisyon sa kalusugan, sakit, o malalang problema sa kalusugan at nakakatugon sa mga panuntunan ng programa ng CCS. Kung naniniwala ang Anthem o ang iyong PCP na may kwalipikadong kondisyon sa CCS ang iyong anak, irerekomenda siya sa programa ng county ng CCS para suriin kung kwalipikado siya.

Magpapasya ang tauhan ng programa ng CCS ng county kung kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng CCS. Hindi nagpapasya ang Anthem sa pagiging kwalipikado sa CCS. Kung kwalipikado ang iyong anak na makakuha ng ganitong uri ng pangangalaga, gagamutin siya ng mga provider ng CCS siya para sa kondisyong kwalipikado sa CCS. Patuloy na sasaklawin ng Anthem ang mga uri ng serbisyo na walang kinalaman sa kondisyon ng CCS gaya ng mga pisikal, bakuna, at well-child na checkup.

Hindi saklaw ng Anthem ang mga serbisyong sinasaklaw ng programa ng CCS. Para masaklawan ng CCS ang mga serbisyong ito, dapat aprubahan ng CCS ang provider, mga serbisyo at kagamitan.

Hindi saklaw ng CCS ang lahat ng kondisyon sa kalusugan. Saklaw ng CCS ang karamihan sa mga kondisyong pangkalusugan na pisikal na hindi pinagana o nangangailangan ng paggamot sa mga gamot, operasyon, o rehabilitasyon (rehab). Kasama sa mga halimbawa ng kwalipikadong kondisyon ng CCS ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- | | |
|----------------------------|--------------|
| ▪ Congenital heart disease | ▪ Mga tumor |
| ▪ Mga kanser | ▪ Hemophilia |



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

- Sick cell anemia
- Mga problema sa thyroid
- Diabetes
- Mga malubhang hindi gumagaling na problema sa bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- Bingot (Cleft lip/palate)
- Spina bifida
- Pagkawala ng pandinig
- Mga katarata
- Cerebral palsy
- Mga seizure sa ilang partikular na sitwasyon
- Rheumatoid arthritis
- Muscular dystrophy
- AIDS
- Matinding pinsala sa ulo, utak, o gulugod
- Malulubhang pagkapaso sa katawan
- Malalang depormadong mga ngipin

Binabayaran ng Medi-Cal ang mga serbisyo ng CCS. Kung hindi kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng programa ng CCS, patuloy siyang makakakuha ng medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa Anthem.

Para matuto nang higit pa tungkol sa CCS, pumunta sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/ccs>. O tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

1915(c) waiver ng Mga Serbisyong Nakabatay sa Bahay at Komunidad (HCBS)

Ang anim na 1915(c) waiver sa Medi-Cal ng California ay nagpapahintulot sa estado na magkaloob ng mga serbisyo sa mga taong mangangailangan sana ng pangangalaga sa pasilidad ng pagkalinga o ospital sa setting na nakabase sa komunidad na kanilang pinili. May kasunduan ang Medi-Cal sa Pederal na Pamahalaan na nagpapahintulot sa mga serbisyo ng waiver na maialok sa pribadong bahay o sa isang parang tahanan na setting sa komunidad. Ang mga serbisyong inaalok sa ilalim ng mga waiver ay hindi dapat mas malaki ang gastos kaysa sa alternatibong antas ng pang-institusyonal na pangangalaga. Ang mga tatanggap ng HCBS Waiver ay dapat maging kwalipikado para sa full-scope na Medi-Cal. Ang anim na 1915(c) waiver ng Medi-Cal ay:

- Waiver ng May Tulong na Pamumuhay (ALW) ng California
- Waiver ng Programa sa Sariling Pagpapasiya ng California (SDP) para sa Mga Indibidwal na May Mga Kapansanan sa Pag-unlad
- Waiver ng HCBS para sa Mga Taga-California na May Mga Kapansanan sa Pag-unlad (HCBS-DD)



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- Waiver ng Mga Alternatibong Nakabatay sa Bahay at Komunidad (HCBA)
- Waiver ng Programa ng Medi-Cal (MCWP), na dating tinatawag na Waiver ng Human Immunodeficiency Virus/Acquired Immune Deficiency Syndrome (HIV/AIDS)
- Programa ng mga Serbisyo sa Matatanda na Maramihan ang Layunin (MSSP)

Para matuto pa tungkol sa Mga Waiver ng Medi-Cal, pumunta sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/Pages/HCBSWaiver.aspx>. O tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Mga Pansuportang Serbisyo sa Loob ng Bahay (IHSS)

Ang programang Mga Serbisyonang Pansuporta sa Bahay (IHSS) ay nagbibigay ng tulong sa personal na pangangalaga sa loob ng bahay sa mga kwalipikadong taong may edad, bulag, at may kapansanan bilang alternatibo sa pangangalaga sa labas ng bahay. Nagbibigay-daan ito sa mga tatanggap na manatiling ligtas sa kanilang sariling mga bahay.

Para matuto pa tungkol sa IHSS na available sa iyong county, pumunta sa <https://www.cdss.ca.gov/inforesources/ihss>. O tumawag sa iyong lokal na ahensya ng serbisyonang panlipunan ng county.

Mga serbisyonang hindi mo makukuha mula sa Anthem o Medi-Cal

Hindi saklaw ng Anthem at Medi-Cal ang ilang serbisyo. Hindi saklaw ng mga serbisyo ng Anthem o Medi-Cal ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- | | |
|--|------------------------------------|
| ▪ In vitro fertilization (IVF), kasama ang, pero hindi limitado sa, mga pag-aaral o pamamaraan sa kawalan ng kakayahang magkaanak para ma-diagnose o magamot ito | ▪ Pagpapanatili ng fertility |
| | ▪ Mga pang-eksperimentong serbisyo |
| | ▪ Mga pagbabago sa bahay |
| | ▪ Mga pagbabago sa sasakyan |
| | ▪ Operasyong pampaganda |

Maaaring saklawin ng Anthem ang hindi saklaw na serbisyo kung medikal na kinakailangan ito. Dapat magsumite ang iyong provider ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) na kahilingan sa Anthem na may mga dahilan kung bakit medikal na kailangan ang hindi saklaw na benepisyo.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Para matuto nang higit pa, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Pagtatasa ng mga bago at umiiral na teknolohiya

Sinusunod ng Anthem ang mga pagbabago at pagsulong sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga bagong paggamot, gamot, pamamaraan at device. Tinatawag din itong “bagong teknolohiya.” Sinusunod ng Anthem ang bagong teknolohiya para matiyak na may access sa ligtas at epektibong pangangalaga ang mga miyembro. Sinusuri ng Anthem ang bagong teknolohiya para sa mga pamamaraan, gamot, at device sa medisina at kalusugan ng isip. Maaaring magmula sa miyembro, practitioner, organisasyon, tagasuri ng doktor ng Anthem, o iba pang tauhan ang mga kahilingan para suriin ang bagong teknolohiya.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

5. Well care ng bata at kabataan

Ang mga batang miyembro na wala pang 21 taong gulang ay maaaring kaagad na makakuha ng mga espesyal na pangkalusugang serbisyo pagkatapos nilang magpatala. Tinitiyak nito na nakukuha nila ang tamang pangangalaga na pang-iwas, para sa ngipin, at kalusugan ng isip, kabilang ang mga serbisyo sa pag-unlad at espesyalidad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga serbisyong ito.

Mga serbisyo sa bata (Mga batang wala pang 21 taong gulang)

Sinasaklaw ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang para sa kinakailangang pangangalaga. Kasama sa listahan sa ibaba ang mga serbisyong medikal na kinakailangan para gamutin o pangalagaan ang anumang depekto at mga diagnosis sa katawan o pag-iisip. Kasama sa mga saklaw na serbisyo, ngunit hindi limitado sa:

- Mga well-child na pagpapatingin at check-up sa teenager (mahahalagang pagpapatingin na kailangan ng mga bata)
- Mga bakuna (shot)
- Pagtatasa ng at paggamot sa kalusugan ng pag-uugali
- Pagsusuri ng at paggamot sa kalusugan ng isip, kasama ang pang-indibidwal, panggrupo, at pampamilyang psychotherapy (saklaw ng county ang mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip)
- Pag-screen para sa masasamang karanasan sa pagkabata (ACE)
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kasama ang screening para sa pagkalason dahil sa lead sa dugo
- Pangkalusugan at pang-iwas na edukasyon
- Mga serbisyo sa paningin



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

- Mga serbisyo sa ngipin (saklaw ng Medi-Cal Dental)
- Mga serbisyo sa pagdinig (saklaw ng Mga Serbisyo sa Bata ng California (CCS) para sa mga batang kwalipikado. Sinasaklaw ng Anthem ang mga serbisyo para sa mga batang hindi kwalipikado para sa CCS).

Tinatawag ang mga serbisyong ito na Maaga at Pana-panahong Screening, Pagbuo ng Diagnosis at Paggamot (EPSDT). Saklaw ang mga serbisyong EPSDT na inirerekomenda sa mga alituntunin ng Bright Futures ng mga doktor ng bata para matulungan ka o ang iyong anak na manatiling malusog nang wala kang kailangang gastusin.

Para basahin ang mga alituntuning ito, pumunta sa https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf.

Mga well-child na check-up sa kalusugan at pang-iwas na pangangalaga

Kabilang sa pang-iwas na pangangalaga ang mga regular na check-up sa kalusugan, mga screening para matulungan ang iyong doktor na mahanap nang maaga ang mga problema, at mga serbisyo sa pagpapayo para matuklasan ang mga sakit, karamdaman, o medikal na kondisyon bago magdulot ng mga problema ang mga ito. Nakakatulong ang mga regular na check-up sa iyo o sa doktor ng iyong anak na mahanap ang anumang problema. Maaaring kabilang sa mga problema ang medikal, ngipin, paningin, pandinig, kalusugan ng isip, at anumang sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal (alkohol o droga). Saklaw ng Anthem ang mga check-up para sa pag-screen para sa mga problema (kabilang ang pagtatasa sa antas ng lead sa dugo) anumang oras na kailanganin ang mga ito, kahit na hindi ito sa panahon ng regular na check-up mo o ng iyong anak.

Kasama rin sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ang mga iniksyon na kailangan mo o ng iyong anak. Dapat tiyakin ng Anthem na napapanahon ang lahat ng nakatalang bata sa lahat ng iniksyon na kailangan nila kapag nagpapatingin sila sa kanilang doktor. Makukuha ang mga serbisyo sa pang-iwas na pangangalaga at screening nang walang bayad at hindi nito kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Dapat makakuha ang iyong anak ng mga check-up sa mga edad na ito:

- 2-4 na araw pagkasilang
- 1 buwang gulang
- 2 buwang gulang
- 4 na buwang gulang
- 6 na buwang gulang
- 9 na buwang gulang
- 12 buwang gulang
- 15 buwang gulang
- 18 buwang gulang
- 24 na buwang gulang
- 30 buwang gulang
- Isang beses kada taon mula 3 hanggang 20 taong gulang

Kabilang sa mga well-child na check-up sa kalusugan ang:

- Kompletong kasaysayan at pisikal na pagsusuri mula ulo hanggang paa
- Mga iniksyong naaangkop sa edad (Sumusunod ang California sa iskedyl ng Bright Futures ng American Academy of Pediatrics: https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf)
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kasama ang screening para sa pagkalason dahil sa lead sa dugo
- Edukasyong pangkalusugan
- Pagsusuri sa paningin at pandinig
- Pagsusuri sa kalusugan ng bibig
- Pagtatasa sa kalusugan ng pag-uugali

Kung makakita ang doktor ng problema sa kalusugan ng katawan o isip mo o ng iyong anak sa panahon ng pag-check up o screening, maaaring kailanganin mo o ng iyong anak na kumuha ng pangangalagang medikal. Sasaklawin ng Anthem ang pangangalagang iyon nang wala kang babayaran, kabilang ang:

- Pangangalaga ng doktor, manggagamot na nars, at ospital
- Mga bakuna para mapanatili kang malusog
- Mga therapy na pisikal, para sa pananalita/wika, at occupational
- Mga serbisyong pangkalusugan sa bahay, kabilang ang mga medikal na kagamitan, supply, at appliance
- Paggamot para sa mga problema sa paningin, kabilang ang salamin sa mata
- Paggamot sa mga problema sa pandinig, kasama ang mga hearing aid kapag hindi sila saklaw ng CCS
- Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali para sa mga kondisyong pangkalusugan gaya ng mga autism spectrum disorder, at iba pang kapansanan sa pag-unlad
- Pamamahala ng kaso at edukasyon sa kalusugan



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- Reconstructive na operasyon, na isang operasyon na iwinawasto o itinatama ang mga hindi pangkaraniwang bahagi ng katawan na dulot ng mga depekto sa pagkapanganak, mga problema sa paglilinang, trauma, impeksiyon, mga tumor, o sakit upang mapabuti ang paggana o bumuo ng normal na anyo

Screening para sa pagkalason dahil sa lead sa dugo

Dapat masuri ang lahat ng batang nakatala kung may pagkalason sa dugo dahil sa lead sa edad na 12 at 24 na buwang gulang o sa pagitan ng 36 at 72 buwang gulang kung hindi sila nasuri nang mas maaga. Dapat ding suriin ang mga bata sa tuwing naniniwala ang doktor na ang pagbabago sa buhay ay naglalagay sa panganib sa bata.

Tumulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa well care ng bata at kabataan

Tutulungan ng Anthem ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang at ang kanilang mga pamilya na makuha ang mga serbisyong kanilang kailangan. Magagawa ng tagapangasiwa ng pangangalaga ng Anthem na:

- Sabihan ka tungkol sa mga available na serbisyo
- Tumulong na maghanap ng mga provider na nasa network o wala sa network, kapag kinakailangan
- Tumulong na gumawa ng mga appointment
- Magsaayos ng medikal na transportasyon para makapunta ang mga bata sa kanilang mga appointment
- Tumulong sa pagsasaayos ng pangangalaga para sa mga serbisyong available sa pamamagitan ng Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal, gaya ng:
 - Mga serbisyo sa paggamot at rehabilitasyon para sa kalusugan ng isip at mga sakit sa paggamit ng mga kontroladong kemikal
 - Paggamot sa mga isyu sa ngipin, kabilang ang orthodontics



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Iba pang serbisyong makukuha mo sa pamamagitan ng Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa

Mga check-up sa ngipin

Panatilihin ang malinis ang mga gilagid ng iyong sanggol sa pamamagitan ng maingat na pagpahid sa mga gilagid gamit ang washcloth araw-araw. Sa humigit-kumulang apat hanggang anim na buwang gulang, magsisimula ang “teething” habang nagsisimulang lumabas ang mga ngipin ng sanggol. Dapat kang gumawa ng appointment para sa unang pagpapatingin para sa ngipin ng iyong anak sa lalong madaling panahon pagkatapos lumabas ng unang ngipin niya o pagsapit ng kanyang unang kaarawan, alinman ang mauuna.

Ang mga serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal na ito ay mga libre o murang serbisyo para sa:

Mga sanggol na may edad 1 hanggang 4

- Unang pagpapatingin para sa ngipin ng sanggol
- Unang pagsusuri sa ngipin ng sanggol
- Mga pagsusuri sa ngipin (bawat 6 na buwan, at kung minsan, higit pa)
- Mga X-ray
- Paglilinis ng ngipin (bawat 6 na buwan, at kung minsan, higit pa)
- Fluoride varnish (bawat 6 na buwan, at kung minsan, higit pa)
- Mga filling
- Mga pagbubunot ng ngipin (pagtanggag ng ngipin)
- Mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin
- *Pagpapatulog (sedation) (kung medikal na kinakailangan)

Mga batang may edad na 5-12 taon

- Mga pagsusuri sa ngipin (bawat 6 na buwan, at kung minsan, higit pa)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (bawat 6 na buwan, at kung minsan, higit pa)
- Paglilinis ng ngipin (bawat 6 na buwan, at kung minsan, higit pa)
- Mga molar sealant
- Mga filling
- Mga root canal
- Mga pagbubunot ng ngipin (pagtanggag ng ngipin)
- Mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin
- *Pagpapatulog (sedation) (kung medikal na kinakailangan)



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Kabataang may edad na 13-20 taon

- Mga pagsusuri sa ngipin (bawat 6 na buwan, at kung minsan, higit pa)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (bawat 6 na buwan, at kung minsan, higit pa)
- Paglilinis ng ngipin (bawat 6 na buwan, at kung minsan, higit pa)
- Orthodontics (braces) para sa mga kwalipikado
- Mga filling
- Mga crown
- Mga root canal
- Mga pagbubunot ng ngipin (pagtanggal ng ngipin)
- Mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin Pagpapatulog (sedation) (kung medikal na kinakailangan)

*Dapat isaalang-alang ng mga provider ang pagpapatulog at pangkalahatang anesthesia kapag natukoy at naidokumento nila ang dahilan kung bakit hindi medikal na naaangkop ang lokal na anesthesia, at ang paggamot sa ngipin ay paunang inaprubahan o hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Ito ang ilan sa mga dahilan kung bakit hindi maaaring gamitin ang lokal na anesthesia at maaaring gamitin sa halip ang pagpapatulog o pangkalahatang anesthesia:

- Kondisyon ng katawan, pag-uugali, sa pag-unlad, o emosyon na humahadlang sa pasyente sa pagtugon sa mga pagsusubok ng provider na magsagawa ng paggamot
- Mga pangunahing pamamaraan sa pagpapanumbalik o operasyon
- Batang hindi nakikipagtulungan
- Malalang impeksyon sa bahaging iniksyunan
- Pagkabigo ng lokal na anesthesia na kontrolin ang pananakit

Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Programa para sa Ngipin ng Medi-Cal sa **1-800-322-6384** (TTY **1-800-735-2922 o 711**). O pumunta sa <https://smilecalifornia.org/>.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801** (TTY **711**). Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Mga karagdagang serbisyo ng referral sa pang-iwas na edukasyon

Kung nag-aalala ka na ang iyong anak ay hindi nakikilahok at natututo nang mabuti sa paaralan, makipag-usap sa doktor, mga guro, o mga tagapangasiwa ng iyong anak sa paaralan. Karagdagan sa iyong mga benepisyong medikal na saklaw ng Anthem, mayroong mga serbisyo na dapat ibigay ng paaralan para matulungan ang iyong anak sa pagkatuto at hindi mahuli. Kabilang sa mga serbisyong maaaring ibigay para matulungan ang iyong anak na matuto ay ang:

- Mga serbisyo sa pananalita at wika
- Mga psychological na serbisyo
- Pisikal na therapy
- Occupational therapy
- Pantulong na teknolohiya
- Mga Serbisyong Panlipunan
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Mga serbisyo ng nars sa paaralan
- Transportasyon papunta at mula sa paaralan

Ang Deparatmento ng Edukasyon ng California ay nagbibigay at nagbabayad para sa mga serbisyong ito. Kasama ng mga doktor at guro ng iyong anak, makakagawa ka ng iniangkop na planong pinakamainam na makakatulong sa anak mo.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema

May dalawang paraan para iulat at lutasin ang mga problema:

- Gumamit ng **reklamo (karaingan)** kapag mayroon kang problema o hindi ka nasisiyahan sa Anthem o provider o sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot na nakuha mo mula sa provider.
- Gumamit ng **apela** kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Anthem na palitan ang iyong mga serbisyo o hindi ito saklawin.

Mayroon kang karapatan na maghain ng mga karaingan at apela sa Anthem para sabihin sa amin ang iyong problema. Hindi nito inaalís ang anumang legal na karapatan at remedyo mo. Hindi kami mandiskrimina o gaganti sa iyo para sa paghahain ng reklamo sa amin o pag-uulat ng mga isyu. Ang pagsasabi sa amin tungkol sa iyong problema ay makakatulong sa amin na mapabuti ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Maaari kang makipag-ugnayan muna sa Anthem para ipaalam sa amin ang tungkol sa iyong problema. Tawagan kami sa Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. oras sa Pasipiko sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Sabihin sa amin ang iyong problema.

Kung hindi pa rin naresolba ang iyong karaingan o apela pagkalipas ng 30 araw, o hindi ka nasisiyahan sa resulta, maaari mong tawagan ang Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DMHC). Hilingin sa kanila na suriin ang iyong reklamo o magsagawa ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR). Kung agaran ang iyong usapin, tulad ng mga may kinalaman sa seryosong banta sa iyong kalusugan, maaari kang tumawag kaagad sa DMHC nang hindi muna naghahain ng karaingan o apela sa Anthem. Maaari kang tumawag sa DMHC nang libre sa **1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891)**. O pumunta sa: <https://www.dmhc.ca.gov>.

Maaaring makatulong din ang Ombudsman ng Pinapamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) ng California. Maaari silang tumulong kung nagkakaproblema ka sa pagsali, pagpapalit, o pag-alis sa isang planong pangkalusugan. Maaari din silang tumulong



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

kung lumipat ka ng tirahan at nahihirapan kang ipalipat ang iyong Medi-Cal sa bago mong county. Maaari kang tumawag sa Ombudsman Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa **1-888-452-8609**. Libre ang tawag.

Maaari ka ring magsampa ng karaingan sa tanggapan ng pagiging kwalipikado ng iyong county tungkol sa iyong pagiging kwalipikado sa Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado kung kanino mo ihahain ang iyong karaingan, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Para mag-ulat ng maling impormasyon tungkol sa iyong insurance sa kalusugan, tumawag sa Medi-Cal Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa **1-800-541-5555**.

Mga Reklamo

Ang reklamo (karaingan) ay kapag mayroon kang problema o hindi ka nasisiyahan sa mga serbisyong nakukuha mo mula sa Anthem o sa isang provider. Walang limitasyon sa oras ng paghahain ng reklamo. Maaari kang maghain ng reklamo sa Anthem anumang oras sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o online. Ang iyong awtorisadong kinatawan o provider ay maaari ding maghain ng reklamo para sa iyo nang may pahintulot mo.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang Anthem sa **1-888-285-7801 (TTY 711)** Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Ibigay ang ID number ng iyong planong pangkalusugan, ang iyong pangalan at ang dahilan ng iyong reklamo.
- **Sa pamamagitan ng mail:** Tawagan ang Anthem sa **1-888-285-7801 (TTY 711)** at hilinging ipadala sa iyo ang form. Kapag nakuha mo na ang form, sagutan ito. Tiyakin na isulat ang iyong pangalan, ID number ng planong pangkalusugan, at ang dahilan ng iyong reklamo. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at paano ka namin matutulungan.

Ipadala ang form sa:

Attn: Grievance Coordinator
Anthem Blue Cross
P.O. Box 60007
Los Angeles, CA 90060-0007



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Magkakaroon ang tanggapan ng iyong doktor ng mga form ng reklamo.

- **Online:** Pumunta sa website ng Anthem sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng iyong reklamo, maaari ka namin tulungan. Maaari ka naming bigyan ng mga walang bayad na serbisyo sa wika. Tumawag sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Sa loob ng 5 araw sa kalendaryo mula sa pagtanggap ng iyong reklamo, magpapadala kami sa iyo ng liham na magbibigay-alam sa iyo na natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, papadalhan ka namin ng isa pang liham na magsasabi sa iyo kung paano namin nilutas ang iyong problema. Kung tatawag ka sa Anthem tungkol sa karaingan na hindi tungkol sa coverage ng pangangalagang pangkalusugan, medikal na pangangailangan, o paggamot na pang-eksperimento o sinisiyasat pa lang, at kung nalutas ang iyong karaingan sa katapusan ng sunod na araw ng trabaho, maaaring hindi ka na makatanggap ng liham.

Kung mayroon kang agarang bagay na may kaugnayan sa malubhang alalahanin sa kalusugan, magsisimula kami ng pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Bibigyan ka namin ng desisyon sa loob ng 72 oras. Para humiling ng pinabilis na pagsusuri, tawagan kami sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Sa loob ng 72 oras ng pagkuha ng iyong reklamo, kami ang magpapasya kung paano namin pangangasiwaan ang iyong reklamo at kung mapapabilis namin ito. Kung nalaman namin na hindi namin mapapabilis ang iyong reklamo, sasabihin namin sa iyo na lulutasin namin ang iyong reklamo sa loob ng 30 araw. Maaari kang direktang makipag-ugnayan sa DMHC para sa anumang dahilan, kasama kung naniniwala kang kwalipikado ang iyong alalahanin para sa pinabilis na pagsusuri, o hindi tumugon sa iyo ang Anthem sa loob ng 72 oras na panahon.

Hindi napapailalim sa proseso ng karaingan ng Anthem o kwalipikado para sa Hiwalay na Medikal na Pagsusuri ang mga reklamong may kaugnayan sa mga benepisyong sa parmasya ng Medi-Cal Rx. Maaaring isumite ng mga miyembro ang mga reklamo tungkol sa mga benepisyong sa parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273)** at pindutin ang **7** o **711**. O pumunta sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Maaaring kwalipikado para sa Hiwalay na Medikal na Pagsusuri ang mga reklamong nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx. Ang walang bayad na numero ng telepono ng DMHC ay **1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891)**. Mahahanap mo online ang form ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri/Pagrereklamo at mga tagubilin sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov/>.

Mga Apela

Magkaiba ang apela at ang reklamo. Ang apela ay isang kahilingan para suriin namin at baguhin ang isang desisyong ginawa namin tungkol sa iyong mga serbisyo. Kung nagpadala kami sa iyo ng liham ng Abiso ng Aksyon (NOA) na nagsasabi sa iyo na tinatanggihan, inaantala, binabago, o winawakasan namin ang serbisyo, at hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon, maaari kang maghain ng apela. Maaari ding humingi sa amin ang iyong awtorisadong kinatawan o provider ng apela para sa iyo na may nakasulat na pahintulot mo.

Dapat kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw mula sa petsang nakalagay sa NOA na natanggap mo mula sa amin. Kung nagdesisyon kaming bawasan, suspindihin, o itigil ang serbisyong nakukuha mo ngayon, maaari mong patuloy na makuha ang mga serbisyong iyon habang hinihintay mong pagpasiyahan ang iyong apela. Tinatawag itong Binabayaranang Tulong Habang Naghihintay. Para makakuha ng Binabayaranang Tulong Habang Naghihintay, dapat kang humiling sa amin ng apela sa loob ng 10 araw mula sa petsa sa NOA o bago ang petsa kung kailan sinabi naming ititigil ang iyong mga serbisyo, alinman ang mas nahuhuli. Kapag humiling ka ng apela sa ilalim ng mga sitwasyong ito, magpapatuloy ang mga serbisyo.

Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono, pagsulat o online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang Anthem sa **1-888-285-7801 (TTY 711)** Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Ibigay ang iyong pangalan, ID number ng plano sa kalusugan at ang serbisyo na iyong inaapela.
- **Sa pamamagitan ng mail:** Tawagan ang Anthem sa **1-888-285-7801 (TTY 711)** at hilinging ipadala sa iyo ang form. Kapag nakuha mo na ang form, sagutan ito. Tiyaking ilagay ang iyong pangalan, ID number ng planong pangkalusugan at ang serbisyong inaapela mo.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Ipadala ang form sa:

Attn: Grievance Coordinator
Anthem Blue Cross
P.O. Box 60007
Los Angeles, CA 90060-0007
Los Angeles, CA 90017

May mga form ng apela sa tanggapan ng iyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng Anthem. Pumunta sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghiling ng apela o sa Binabayarang Tulong Habang Naghihintay, maaari ka naming tulungan. Maaari ka naming bigyan ng mga walang bayad na serbisyo sa wika. Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Sa loob ng 5 araw mula sa pagtanggap ng iyong apela, magpapadala kami sa iyo ng liham na magbibigay-alam sa iyong natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa iyo ang aming desisyon sa apela at papadalhan ka namin ng liham ng Abiso ng Paglutas ng Apela (NAR). Kung hindi kami makapagbibigay ng desisyon sa apela sa loob ng 30 araw, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado mula sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (CDSS) at isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) sa DMHC. Ngunit kung Pagdinig ng Estado ang una mong hiniling, at nangyari na ang pagdinig, hindi ka maaaring humiling ng IMR sa DMHC. Sa kasong iyon, ang Pagdinig ng Estado ang may panghuling pasya.

Kung nais mo o ng iyong doktor na gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil ang oras upang makapagpasya sa iyong apela ay maglalagay sa panganib sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang kumilos, maaari kang humiling ng isang pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Para humingi ng pinabilis na pagsusuri, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Magdedesisyon kami sa loob ng 72 oras mula noong matanggap ang iyong apela.

Ano ang dapat gawin kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon sa apela

Kung humiling ka ng apela at nakatanggap ng liham ng NAR na nagsasabi sa iyo na hindi namin binago ang aming desisyon, o hindi ka kailanman nakakuha ng liham ng NAR at nakalipas na ito sa 30 araw, maaari kang:



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- Humingi ng **Pagdinig ng Estado** mula sa Departamento ng Mga Serbisyon Panlipunan ng California (CDSS), at susuriin ng isang hukom ang iyong kaso. Ang walang bayad na numero ng telepono ng CDSS ay **1-800-743-8525 (TTY1-800-952-8349)**. Maaari ka ring humingi ng Pagdinig ng Estado online sa <https://www.cdss.ca.gov>.
- Maghain ng form ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri/Pagrereklamo sa Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC) para masuri ang desisyon ng Anthem. Humingi ng **Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR)** mula sa DMHC. Kung kwalipikado ang iyong reklamo para sa proseso ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) ng DMHC, susuriin ng doktor sa labas na hindi bahagi ng Anthem ang iyong kaso at gagawa ng desisyon na dapat sundin ng Anthem.

Ang walang bayad na numero ng telepono ng DMHC ay **1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891)**. Mahahanap mo online ang form ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri/Pagrereklamo at mga tagubilin sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov>.

Hindi mo kinakailangang magbayad para sa isang Pagdinig ng Estado o isang IMR.

May karapatan ka sa parehong Pagdinig ng Estado at IMR. Ngunit kung Pagdinig ng Estado ang una mong hiniling, at nangyari na ang pagdinig, hindi ka maaaring humiling ng IMR. Sa pagkakataong ito, ang Pagdinig ng Estado ang may huling desisyon.

Ang mga seksyon sa ibaba ay magbibigay sa iyo ng higit pang impormasyon kung paano humiling ng Pagdinig ng Estado at ng isang IMR.

Hindi pinapangasiwaan ng Anthem ang mga reklamo at apelang nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx. Maaari mong isumite ang mga reklamo at apela tungkol sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273)** at pindutin ang **7 o 711**. Maaaring kwalipikado para sa Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) ang mga reklamo at apela na nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyong nauugnay sa iyong benepisyo sa parmasya sa ilalim ng Medi-Cal Rx, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado. Hindi ka maaaring humingi sa DMHC ng IMR para sa mga desisyon sa benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Mga Reklamo at Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) sa Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC)

Ang IMR ay kapag sinusuri ng isang doktor mula sa labas na walang kaugnayan sa planong pangkalusugan ang iyong kaso. Kung nais mo ng IMR, dapat ka munang maghain ng apela sa Anthem. Kung wala kang nabalitaan mula sa iyong planong pangkalusugan sa loob ng 30 araw sa kalendaryo, o hindi ka masaya sa desisyon ng iyong planong pangkalusugan, maaari kang humiling ng IMR. Dapat kang humiling ng IMR sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa sa paunawa na nagsasabi sa iyo ng desisyon sa apela, ngunit mayroon ka lamang 120 araw upang humiling ng Pagdinig ng Estado. Kaya kung gusto mo ng IMR at Pagdinig ng Estado, ihain ang iyong reklamo sa lalong madaling panahon. Tandaan, kung una mong hiniling ang Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig, hindi ka na makakahiling ng IMR. Sa pagkakataong ito, ang Pagdinig ng Estado ang may huling desisyon.

Maaari kang makakuha ng IMR kaagad nang hindi muna nagsasampa ng apela sa Anthem. Nalalapat ito sa mga sitwasyon kung saan agaran ang iyong alalahanin sa kalusugan, gaya ng mga alalahaning may kaugnayan sa seryosong banta sa iyong kalusugan.

Kung hindi kwalipikado ang iyong reklamo sa DMHC para sa IMR, susuriin pa rin ng DMHC ang iyong reklamo para tiyaking tama ang pagpapasya ng Anthem kapag inapela mo ang pagtanggap nito sa mga serbisyo.

Responsable ang Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa pangangasiwa ng mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, dapat ka munang tumawag sa telepono sa iyong planong pangkalusugan sa Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)** at gamitin ang proseso ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago kontakin ang departamento. Hindi nagbabawal sa anumang posibleng legal na karapatan o mga remedyong available sa iyo ang paggamit ng pamamaraan ng karaingang ito. Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingang may kaugnayan sa isang emergency, isang karaingang hindi kasiya-siyang nalutas ng iyong planong pangkalusugan, o isang karaingang nananatiling hindi nalulutas nang mahigit sa 30 araw, maaari mong tawagan ang departamento para sa tulong. Maaari ka ring maging kwalipikado para sa Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR). Kung kwalipikado ka para sa isang IMR, ang proseso ng IMR ay magbibigay ng



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

isang walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na desisyon na ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng isang iminungkahing serbisyo o paggamot, mga desisyon sa pagsaklaw para sa mga paggamot na may kalikasang pang-eksperimento o pagsisiyasat, at mga hindi pagkakasundo sa pagbabayad para sa mga emergency o agarang medikal na serbisyo. Mayroon ding walang bayad na numero ng telepono ang departamento (**1-888-466-2219**) at linya ng TDD (**1-877-688-9891**) para sa may kapansanan sa pandinig at pananalita. May mga form ng pagrereklamo, form ng aplikasyon sa IMR, at tagubilin online sa internet sa website ng departamento www.dmhc.ca.gov/.

Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong kasama ang Anthem at hukom mula sa CDSS. Tutulong ang hukom para lutasin ang iyong problema o para sabihin sa iyo na tama ang aming desisyon. Maaari ka lang humiling ng Pagdinig ng Estado kung nakapaghain ka na ng apela sa amin at hindi ka pa rin nasisiyahan sa aming desisyon, o kung wala kang natanggap na desisyon sa iyong apela pagkalipas ng 30 araw.

Dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsa ng aming liham ng NAR. Kung binigyan ka namin ng Binabayaranang Tulong Habang Naghihintay sa panahon ng iyong apela at gusto mo itong ipagpatuloy hanggang magkaroon ng desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa aming liham ng NAR o bago ang petsa na isinaad namin kung kailan titigil ang iyong mga serbisyo, alinman ang mas mahuhuli.

Kung kailangan mo ng tulong sa paninigurado na magpapatuloy ang Binabayaranang Tulong Habang Naghihintay hanggang magkaroon ng huling desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, makipag-ugnayan sa Anthem sa pagitan ng Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang mabuti, tawagan ang **711**. Maaaring hilingin ng iyong awtorisadong kinatawan o provider ang isang Pagdinig ng Estado para sa iyo gamit ang iyong nakasulat na pahintulot.

Minsan ay maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi kinukumpleto ang aming proseso ng apela.

Halimbawa, kung hindi ka namin naabisuhan nang tama o nasa oras tungkol sa iyong mga serbisyo, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi kinakailangang



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

kompletuhin ang aming proseso ng apela. Tinatawag itong Itinuturing na Pagkompleto sa Proseso. Narito ang ilang halimbawa ng Itinuturing na Pagkompleto sa Proseso:

- Hindi namin naibigay sa iyo ang liham ng NOA o NAR sa iyong pinipiling wika.
- Nagkaroon kami ng pagkakamali na nakakaapekto sa anuman sa mga karapatan mo
- Hindi ka namin nabigyan ng liham ng NOA
- Hindi ka namin nabigyan ng liham ng NAR
- Nagkamali kami sa aming liham ng NAR
- Hindi namin napagpasiyahan ang iyong apela sa loob ng 30 araw.
Napagpasiyahan naming agaran ang iyong kaso pero hindi kami nakasagot sa iyong apela sa loob ng 72 oras.

Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa mga ganitong paraan:

- **Online:** Humiling ng pagdinig online sa www.CDSS.CA.GOV
- **Fax:** Punan ang form na kasama ng iyong abiso ng paglutas ng mga apela at I-fax ito sa Dibisyon ng Mga Pagdinig ng Estado sa **1-833-281-0905**
- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang Dibisyon ng Mga Pagdinig ng Estado sa **1-800-743-8525 (TTY 1-800-952-8349 o 711)**
- **Sa pamamagitan ng mail:** Punan ang form na ibinigay kasama ng iyong abiso ng paglutas ng mga apela at ipadala ito sa:
California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, MS 09-17-442
Sacramento, CA 94244-2430

Kung kailangan mo ng tulong sa paghiling ng Pagdinig ng Estado, maaari ka naming tulungan. Maaari ka naming bigyan ng mga walang bayad na serbisyo sa wika. Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.

Sa araw ng pagdinig, ibibigay mo ang iyong panig. Ibibigay namin ang aming panig. Maaaring umabot nang hanggang 90 araw bago makapagpasiya ang hukom para sa iyong kaso. Dapat sundin ng Anthem kung ano ang desisyon ng hukom.

Kung gusto mong gumawa ng mabilis na desisyon ang CDSS dahil ang oras na kailangan para magkaroon ng Pagdinig ng Estado ay maglalagay sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang gumana nang ganap sa panganib, ikaw, ang iyong awtorisadong kinatawan, o ang iyong provider ay maaaring makipag-ugnayan sa CDSS



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

at humingi ng pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Dapat magdesisyon ang CDSS nang hindi lalagpas sa 3 araw ng trabaho pagkatanggap nito ng iyong kompletong file ng kaso mula sa Anthem.

Panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso

Kung pinaghihinalaan mong nakagawa ng panloloko, pag-aaksaya o pang-aabuso ang provider o taong kumukuha ng Medi-Cal, responsibilidad mong iulat ito sa pamamagitan ng pagtawag sa kumpidensiyal na walang bayad na numero sa 1-800-822-6222 o magsumite ng reklamo online sa <https://www.dhcs.ca.gov/>.

Kabilang sa panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso ng provider ang:

- Pagpapalsipika ng mga medikal na rekord
- Pagreset ng mas maraming gamot kaysa sa medikal na kinakailangan
- Pagbibigay ng mas maraming serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan kaysa sa medikal na kinakailangan
- Pagsingil para sa mga serbisyong hindi ibinigay
- Pagsingil para sa mga serbisyo ng propesyonal kahit hindi naman ginawa ng propesyonal ang serbisyo
- Pag-aalok ng mga libre o may diskwentong gamit at serbisyo sa mga miyembro para maimpluwensiyahan ang pipiliing provider ng miyembro
- Pagbabago ng provider ng pangunahing pangangalaga ng miyembro nang hindi alam ng miyembro

Kabilang sa mga panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso ng isang taong tumatanggap ng benepisyo ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagpapaupa, pagbebenta, o pagbibigay ng ID card sa planong pangkalusugan o Identification Card sa Mga Benepisyo (BIC) ng Medi-Cal sa ibang tao
- Pagkuha ng magkakatulad o magkakaparehong paggamot o mga gamot mula sa higit sa isang provider
- Pagpunta sa emergency room kapag hindi naman ito isang emergency
- Paggamit ng Social Security number o ID number ng planong pangkalusugan ng ibang tao
- Pagkuha ng mga masasakyan para sa medikal at hindi medikal na transpostasyon para sa mga serbisyong walang kaugnayan sa pangangalagang pangkalusugan, para sa mga serbisyong hindi saklaw ng Medi-Cal, o kapag wala kang medikal na appointment o kukuning reseta



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Para iulat ang panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso, isulat ang pangalan, address, at ID number ng taong gumawa ng panloloko, pag-aaksaya, at pag-aabuso. Ibigay ang lahat ng impormasyong kaya mong ibigay tungkol sa tao, gaya ng numero ng telepono o ang espesyalidad kung isa siyang provider. Ibigay ang mga petsa ng mga kaganapan at ang buod ng eksaktong nangyari.

Ipadala ang iyong ulat sa:

Anthem Blue Cross
21215 Burbank Blvd.
Woodland Hills, CA 91367
Attn: Special Investigations Unit (SIU)

Sa pamamagitan ng telepono: Hotline para sa panloloko ng Anthem SIU:
1-888-231-5044 (TTY 711)



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

7. Mga karapatan at responsibilidad

Bilang isang miyembro ng Anthem, may ilan kang partikular na karapatan at responsibilidad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na iyon. Kabilang din sa kabanatang ito ang mga legal na abiso na mayroon kang karapatan bilang miyembro ng Anthem.

Ang iyong mga karapatan

Ito ang iyong mga karapatan bilang miyembro ng Anthem:

- Tratuhan nang may paggalang at dignidad, nang nagbibigay ng naaayong pagsasaalang-alang sa iyong karapatan sa pagkapribado at ang pangangailangang panatilihin ang pagiging kumpidensiyal ng iyong medikal na impormasyon
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa planong pangkalusugan at sa mga serbisyo nito, kabilang ang mga sinasaklaw na serbisyo, mga practitioner, at mga karapatan at responsibilidad ng miyembro
- Makakuha ng ganap na isinaling nakasulat na impormasyon ng miyembro sa iyong pinipiling wika, kasama ang lahat ng paunawa hinggil sa karaingan at mga apela
- Magrekomenda tungkol sa patakaran sa responsibilidad at karapatan ng miyembro ng Anthem
- Makapili ng provider ng pangunahing pangangalaga sa loob ng network ng Anthem
- Magkaroon ng napapanahong access sa mga provider sa network
- Makilahok sa pagpapasiya ng mga provider tungkol sa sarili mong pangangalagang pangkalusugan, kasama ang karapatang tumanggi sa paggamot
- Sabihin ang mga karaingan, sa paraang pasalita o pasulat man, tungkol sa organisasyon o pangangalagang natanggap
- Alamin ang medikal na dahilan sa desisyon ng Anthem na tanggihan, iantala, tapusin o baguhin ang kahilingan para sa pangangalagang medikal
- Makakuha ng pagsasaayos ng pangangalaga



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

- Humiling ng apela sa mga pasiyang tanggihan, ipagpaliban, o limitahan ang mga serbisyo o benepisyo
- Makakuha ng mga libreng serbisyo sa pasalitang interpretasyon at pagsasalin para sa iyong wika
- Tumanggap ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o ibang mga grupo
- Gumawa ng mga paunang direktiba
- Humiling para sa isang Pagdinig ng Estado kung ang serbisyo o benepisyo ay tinanggihan at nakapaghain ka na ng apela at hindi ka pa rin nasisiyahan sa naging desisyon, o kung hindi ka nakatanggap ng desisyon sa iyong apela matapos ang 30 araw, kabilang ang impormasyon hinggil sa mga kalagayan kung saan maaaring posible ang pinabilis na pagdinig
- Mag-disenroll (mag-drop) mula sa Anthem at magpalit ng planong pangkalusugan sa county kapag hiniling
- I-access ang mga serbisyong pinapahintulutan para sa menor de edad
- Makatanggap ng mga nakasulat na materyales na nagbibigay ng impormasyon sa miyembro sa mga alternatibong format (kasama na ang braille, malalaking titik, audio, at naa-access na elektronikong format) kapag hiniling at nang napapanahon na angkop para sa format na hinihiling at alinsunod sa seksyon 14182 (b)(12) ng Kodigo ng Kapakanan at Mga Institusyon (W&I)
- Maging malaya sa anumang uri ng paghihigpit o pagbubukod na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, pagdidisiplina, kaghinhawahan, o paghihiganti
- Tapat na talakayin ang impormasyon tungkol sa mga available na opsyon at alternatibo sa paggamot, na ipapakita sa paraang naaangkop sa iyong kondisyon at kakayahang umintindi, nang hindi iniisip ang gastusin o kung kasama sa coverage
- Magka-access at makatanggap ng kopya ng iyong mga medikal na tala, at hilinging baguhin o iwasto ang mga ito, alinsunod sa seksyon 164.524 at 164.526 ng 45 Kodigo ng Mga Pederal na Regulasyon (CFR)
- Kalayaang isagawa ang mga karapatang ito nang hindi masamang naaapektuhan ang paraan kung paano ka tinatrato ng Anthem, iyong mga provider, o ng estado
- Magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, Mga Nagsasariling Paanakan, mga Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan, Klinikang Pangkalusugan para sa Indian, mga serbisyo ng komadrona, Panlalawigang Klinika para sa Kalusugan, serbisyo sa impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik at mga serbisyong pang-emergency sa labas ng network ng Anthem alinsunod sa pederal na batas
- Makatanggap ng mga libreng nakasulat na materyal ng plano sa iyong gustong wika o alternatibong format (tulad ng audio, braille o malalaking print)



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Ang iyong mga responsibilidad

Mayroong mga responsibilidad na ito ang mga miyembro ng Anthem:

- Agad makipag-ugnayan sa iyong PCP para iiskedyul ang Unang Pagtatasa ng Kalusugan (sa loob ng 120 araw mula sa iyong pagpapatala) para sa iyo o sa iyong anak.
- Ibigay sa amin, iyong mga doktor, at ibang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang impormasyon na kailangan para tulungan kang makatanggap ng pinakamahasag na posibleng pangangalaga at lahat ng mga benepisyo na may karapatan ka.
- Unawain ang iyong mga problema sa kalusugan hangga't magagawa mo at makipagtulungan sa iyong mga doktor o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan para makagawa ng plano ng paggamot na pinagkakasunduan ninyong lahat.
- Sundin ang plano ng pangangalaga na iyong napagkasunduan kasama ang iyong mga doktor at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan.
- Sundin ang payo ng iyong doktor tungkol sa mabuting pag-aalaga sa iyong sarili.
- Gamitin ang mga wastong pagmumulan ng pangangalaga.
- Dalhin ang iyong ID card ng Anthem kapag nagpapatingin ka sa doktor.
- Tratuhan ang iyong doktor at ibang tagapangalaga nang may respeto.
- Unawain ang planong pangkalusugang ito.
- Alamin at sundin ang mga tuntunin ng planong pangkalusugang ito.
- Alamin ang mga batas na namamahala sa planong pangkalusugang ito at ang mga uri ng serbisyong natatanggap mo.
- Mabatid na hindi ka namin maaaring idiskrimina dahil sa iyong edad, kasarian, lahi, bansang pinagmulan, kultura, mga pangangailangan sa wika, sekswal na oryentasyon, o kalusugan.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Abiso laban sa diskriminasyon

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod ng Anthem ang mga batas sa mga karapatang sibil ng estado at pederal. Ang Anthem ay hindi ilegal na nandidiskrimina, nagbubukod ng tao o nagtatrato nang naiiba sa kanila dahil sa kanilang kasarian, lahi, kulay ng balat, relihiyon, pinanggalingang angkan, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa isip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa kasal, gender, pagkakakilanlan ng gender, o sekswal na oryentasyon.

Nagbibigay ang Anthem ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang matulungan silang makipag-usap nang mas madali, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
 - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malalaking print, audio, mga accessible na elektronikong format at iba pang format)
- Walang gastos na serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing ginagamit na wika, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Anthem sa pagitan ng Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-888-285-7801**. O kaya, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, tumawag sa TTY 711 para magamit ang Serbisyo sa Pag-relay ng California.

Paano maghain ng karaingan

Kung naniniwala kang nabigo ang Anthem na ibigay ang mga serbisyong ito o ilegal itong nandiskrimina sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay ng balat, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa isip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa kasal, gender, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na oryentasyon, maaari kang maghain ng karaingan sa Punong Opisyal ng Pagsunod ng Planong Pangkalusugan ng Anthem. Maaari kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng pagsulat, sa personal, o elektronikong paraan.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Makipag-ugnayan sa Sentro ng Pangangalaga sa Customer 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. O kaya, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, tumawag sa **711** para magamit ang Serbisyo sa Pag-relay ng California.

Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang form ng reklamo o sumulat ng liham at ipadala ito sa:

Deputy Director, Office of Civil Rights
Department of Health Care Services
Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413

- **Sa personal:** Bumisita sa tanggapan ng iyong doktor o sa Anthem at ipaalam na gusto mong maghain ng karaingan.
- **Sa elektronikong paraan:** Bisitahin ang website ng Anthem sa **mss.anthem.com/california-medicaid/benefits/member-materials.html%23MemberGrievanceForms**.

Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil – Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California

Maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa **1-916-440-7370**. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarinig nang mabuti, tumawag sa 711 (Serbisyo sa Pag-relay ng Telekomunikasyon).
- **Sa pamamagitan ng pagsulat:** Punan ang kalakip na form ng pagrereklamo o magpadala ng liham sa:
Deputy Director, Office of Civil Rights
Department of Health Care Services
Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Mahahanap ang mga form sa reklamo sa

https://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx.

- **Sa elektronikong paraan:** Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil – Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S.

Kung naniniwala kang ikaw ay nadiskrimina batay sa lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S. sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa 1-800-368-1019. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, tumawag sa TTY 1-800-537-7697 o 711 para gamitin ang Serbisyo sa Pag-relay ng California.
- **Sa pamamagitan ng pagsulat:** Punan ang kalakip na form ng pagrereklamo o magpadala ng liham sa:
U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201

Available ang mga form sa reklamo sa <https://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html>.

- **Sa elektronikong paraan:** Bisitahin ang Portal ng Reklamo ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp>.

Mga paraan para makibahagi bilang miyembro

Nais ng Anthem na makarinig mula sa iyo. Bawat quarter, may mga pagpupulong ang Anthem para pag-usapan kung ano ang gumagana nang maayos at kung paano mapapahusay pa ang Anthem. Iniimbitahan ang mga miyembro na pumunta sa mga ito. Pumunta sa isang pagpupulong!



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Komite sa Pampublikong Patakaran

Mayroon ding grupo ang Anthem na tinatawag na Komite sa Pampublikong Patakaran. Nagpupulong ang grupo nang apat na beses kada taon at may pakikilahok ng doktor na kabilang sa network at mga miyembro ng Anthem Medi-Cal. Tatalakayin ng mga miyembro kung paano pahuhusayin ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa komunidad.

Ang grupo ay:

- Makikipagtulungan sa mga lider sa medikal na komunidad
- Makikipagtulungan sa mga nakatataas na tagapagpaganap ng Anthem
- Magrekomenda kung paano mapapabuti ng Anthem ang mga serbisyo at paghahatid ng mga ito, pati na ang mga outreach na programa
- Susuriin ang literatura ng miyembro para matiyak ang pagka-angkop sa kultura

Mga Panrehiyong Tagapayong Komite ng Komunidad ng L.A. Care

Bilang miyembro ng Anthem, maaari kang sumali sa Mga Panrehiyong Tagapayong Komite ng Komunidad ng L.A. Care. May labing-isang Panrehiyong Tagapayong Komite ng Komunidad (RCAC) ang L.A. Care sa Los Angeles County (binibigkas ang RCAC na “rack”). Binubuo ang grupong ito ng mga miyembro, provider, at tagapagtaguyod ng pangangalagang pangkalusugan ng L.A. Care. Ang kanilang layunin ay pakinggan ang boses ng kanilang mga komunidad sa Board of Governors ng L.A. Care, na gumagabay sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan para pagsilbihan ang ating mga miyembro. Maaari kang sumali sa grupong ito kung gusto mo. Pinag-uusapan ng grupo ang tungkol sa kung paano pahusayin ang mga patakaran ng L.A. Care at responsibilidad nito para sa:

- Pagtulong sa L.A. Care na maunawaan ang mga isyu sa pangangalagang pangkalusugan na nakakaapekto sa mga taong nakatira sa iyong lugar
- Pagsisilbing mata at tainga ng L.A. Care sa 11 rehiyon ng RCAC sa buong Los Angeles County
- Pagbibigay ng impormasyong pangkalusugan sa mga tao sa iyong komunidad

Kung gusto mong maging bahagi ng grupong ito, tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Mga pagpupulong ng Board of Governors ng L.A. Care

Nagpapasya ang Board of Governors ng mga patakaran para sa L.A. Care. Kahit sino ay maaaring dumalo sa mga pagpupulong. Nagpupulong ang Board of Governors sa unang Huwebes ng bawat buwan sa ganap na 2 p.m. Makakahanap ka ng higit pang impormasyon sa mga pagpupulong ng Board of Governors at mga update sa iskedyl sa lacare.org.

Abiso sa mga gawi sa pagkapribado

Available ang pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng Anthem para sa pagpapanatili ng pagiging kumpidensiyal ng mga medikal na rekord at ibibigay sa iyo kapag hiniling.

Kung ikaw ay nasa edad at kapasidad na pumayag sa mga sensitibong serbisyo, hindi mo kailangang kumuha ng pahintulot ng sinumang miyembro para makakuha ng mga sensitibong serbisyo o magsumite ng claim para sa mga sensitibong serbisyo. Maaari kang magbasa ng higit pa tungkol sa mga sensitibong serbisyo sa seksyong “Sensitibong pangangalaga” ng handbook na ito.

Maaari mong hilingin sa Anthem na magpadala ng mga komunikasyon tungkol sa mga sensitibong serbisyo sa isa pang mailing address, email address, o numero ng telepono na pipiliin mo. Tinatawag itong “kahilingan para sa mga kumpidensiyal na komunikasyon.” Kung humiling ka ng mga kumpidensiyal na komunikasyon, hindi magbibigay ang Anthem ng impormasyon sa iyong mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga sa sinuman nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot. Kung hindi ka magbibigay ng mailing address, email address, o numero ng telepono, magpapadala ang Anthem ng mga komunikasyon sa iyong pangalan sa address o numero ng telepono na nasa file.

Igalang ng Anthem ang iyong mga kahilingan para makakuha ng mga kumpidensiyal na komunikasyon sa form at format na iyong hiniling. O titiyakin namin na madaling mailagay sa form at format ang iyong mga komunikasyon na iyong hiniling. Ipapadala namin ang mga iyon sa lugar na pipiliin mo. Tumatagal ang iyong kahilingan para sa mga kumpidensiyal na komunikasyon hanggang sa kanselahin mo ito o magsumite ka ng bagong kahilingan para sa mga kumpidensiyal na komunikasyon.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Mga Kumpidensiyal na Komunikasyon ng Medikal na Impormasyon

Maaaring humiling ng kumpidensiyal na komunikasyon ang sinumang miyembro, kabilang ang nasa hustong gulang o menor de edad na maaaring pumayag sa serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan nang walang pahintulot ng magulang o legal na tagapag-alaga, alinsunod sa batas ng Estado o Pederal na Pamahalaan, alinman sa pagsulat o elektronikong paraan. Maaaring ipadala ang kahilingan para sa kumpidensiyal na komunikasyon sa pamamagitan ng pagsulat sa Anthem Blue Cross, P.O. Box 60007, Los Angeles, CA 90060-0007. Maaaring gawin ang elektronikong kahilingan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang sa website ng **www.anthem.com/ca**. Maaari ding tumawag sa amin ang mga miyembro sa numero ng telepono sa likod ng kanilang ID card.

Mailalapat ang kahilingan para sa kumpidensiyal na komunikasyon sa lahat ng komunikasyong nagsisiwalat ng medikal na impormasyon o pangalan at address ng Provider na nauugnay sa mga medikal na serbisyong natatanggap ng indibidwal na humihiling ng kumpidensiyal na komunikasyon.

Magiging balido ang kahilingan sa kumpidensiyal na komunikasyon hanggang sa matanggap ang pagbawi ng kahilingan mula sa miyembro na unang humiling ng kumpidensiyal na komunikasyon, o matanggap ang bagong kahilingan sa kumpidensiyal na komunikasyon. Ipatatupad ng Anthem ang kumpidensiyal na kahilingan sa komunikasyon sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo pagkatanggap ng elektronikong kahilingan o kahilingan sa pamamagitan ng telepono, o sa loob ng labing-apat (14) na araw ng kalendaryo mula sa petsang nakatanggap kami ng nakasulat na kahilingan sa pamamagitan ng first-class na mail. Kikilalanin din namin na natanggap namin ang kahilingan at magbibigay kami ng kalagayan kung makikipag-ugnayan sa amin ang miyembro.

Matatagpuan ang pahayag ng Anthem tungkol sa mga patakaran at pamamaraan nito para sa pagprotekta sa iyong medikal na impormasyon (tinatawag na “Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado”) sa **dhcs.ca.gov/formsandpubs/laws/priv/Documents/Notice-of-Privacy-Practices-English.pdf**

Abiso tungkol sa mga batas

Maraming batas ang inilalapat sa Handbook ng Miyembro na ito. Maaaring makaapekto ang mga batas na ito sa iyong mga karapatan at responsibilidad kahit na hindi isinama o ipinaliwanag ang mga batas sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

nalalapat sa handbook na ito ay mga batas ng estado at pederal na pamahalaan tungkol sa programang Medi-Cal. Maaaring nalalapat din ang ibang pederal at pang-estadong batas.

Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang panghuling tagabayad, ibang coverage sa kalusugan, at pagbawi dahil sa tort

Sumusunod ang programang Medi-Cal sa mga batas at regulasyong Pang-estado at Pederal na nauugnay sa legal na pananagutan ng mga third party para sa mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa mga miyembro. Gagawin ng Anthem ang lahat ng makatwirang hakbang para matiyak na ang programang Medi-Cal ang panghuling tagabayad.

Maaaring may ibang coverage sa kalusugan (OHC) ang mga miyembro ng Medi-Cal, na tinatawag ding pribadong insurance sa kalusugan. Bilang kondisyon ng pagiging kwalipikado para sa Medi-Cal, dapat kang mag-apply para sa o magpanatili ng anumang available na OHC kapag wala itong gastos para sa iyo.

Iniaatas ng mga pederal at pang-estadong batas sa mga miyembro ng Medi-Cal na iulat ang OHC at anumang pagbabago sa kasalukuyang OHC. Maaaring kailanganin mong bayaran ang DHCS para sa anumang benepisyong nabayaran nang hindi sinasadya kung hindi ka mabilis na nag-uulat ng OHC. Isumite online ang iyong OHC sa <http://dhcs.ca.gov/OHC>.

Kung wala kang access sa internet, maaari mong iulat ang OHC sa Anthem. O tumawag sa **1-800-541-5555 (TTY 1-800-430-7077 o 711)** sa loob ng California, o **1-916-636-1980** (sa labas ng California).

May karapatan at responsibilidad ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DHCS) na mangolekta para sa mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal kung saan hindi ang Medi-Cal ang unang tagabayad. Halimbawa, kung naaksidente ka sa sasakyan o kung napinsala ka sa trabaho, maaaring dapat munang magbayad ang insurance sa kabayaran para sa sasakyan o kabayaran para sa manggagawa, o i-reimburse ang Medi-Cal.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Kung ikaw ay napinsala, at may pananagutan ang ibang tao para sa iyong pinsala, dapat abisuhan mo o ng iyong legal na kinatawan ang DHCS sa loob ng 30 araw mula sa paghahain ng legal na aksyon o isang claim. Isumite ang iyong abiso online sa:

- Programa para sa Sariling Pagkapinsala sa <https://dhcs.ca.gov/PI>
- Programa sa Pag-recover ng Workers' Compensation sa <https://dhcs.ca.gov/WC>

Para matuto pa, bisitahin ang <https://dhcs.ca.gov/tplrd> o tumawag sa 1-916-445-9891.

Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian

Dapat humingi ang programang Medi-Cal ng muling pagbabayad mula sa mga na-probate na pag-aari ng ilang partikular na yumaong miyembro para sa mga benepisyong Medi-Cal na natanggap sa o pagkalipas ng kanilang ika-55 kaarawan. Kasama sa muling pagbabayad ang Fee-for-Service (FFS) at mga premium ng pinamamahalaang pangangalaga o mga pagbabayad ng capitation para sa mga serbisyo ng pasilidad ng pagkalinga, mga serbisyo ng nakabase sa bahay at komunidad, at mga kaugnay na serbisyo sa ospital at inireresetang gamot na natanggap noong ang miyembro ay inpatient sa pasilidad ng pagkalinga o tumatanggap ng mga serbisyo sa bahay at komunidad. Hindi maaaring lumagpas ang muling pagbabayad sa halaga ng napatunayang (probated) pag-aari ng miyembro.

Para matuto pa, pumunta sa website para sa pagbawi ng ari-arian ng DHCS sa <https://dhcs.ca.gov/er> o tumawag sa 1-916-650-0590.

Abiso ng Aksyon

Padadalhan ka ng Anthem ng liham na Abiso ng Aksyon (NOA) anumang oras na tanggihan, ipagpaliban, tapusin o baguhin ng Anthem ang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Anthem, maaari kang maghain kahit kailan ng apela sa Anthem. Pumunta sa seksyong Mga Apela sa itaas para sa mahalagang impormasyon sa paghahain ng iyong apela. Kapag magpapadala ang Anthem ng NOA sa iyo, sasabihin nito sa iyo ang lahat ng karapatang mayroon ka kung hindi ka sasang-ayon sa aming desisyon.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

Mga nilalaman sa mga abiso

Kung ganap o bahagyang binatang ng Anthem ang mga pagtangga, pag-antala, pagtatapos, o pagbabago sa medikal na pangangailangan, dapat maglaman ang iyong NOA ng mga sumusunod:

- Pahayag ng aksyon na balak gawin ng Anthem
- Malinaw at maikling paliwanag ng mga dahilan para sa desisyon ng Anthem
- Paano nagpasya ang Anthem, kasama ang mga panuntunang ginamit ng Anthem
- Ang mga medikal na dahilan para sa desisyon. Dapat malinaw na ipaliwanag ng Anthem kung paano hindi natutugunan ng kondisyon ng miyembro ang mga panuntunan o alituntunin.

Mga pagsasalin

Inaatasan ang Anthem na ganap na isalin at ibigay ang nakasulat na impormasyon ng miyembro sa mga karaniwang pinipiling wika, kasama ang lahat ng abiso sa karaingan at apela.

Dapat kasama sa ganap na isinaling abiso ang medikal na dahilan para sa desisyon ng Anthemna tanggihan, antalahin, baguhin, bawasan, suspindihin, o ihinto ang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Kung hindi available ang iyong pinipiling wika, iniaatas sa Anthem na mag-alok ng pasalitang tulong sa iyong pinipiling wika para maunawaan mo ang impormasyong nakukuha mo.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

8. Mahahalagang numero at salitang dapat malaman

Mahahalagang numero ng telepono

- Sentro ng Pangangalaga sa Customer ng Anthem **1-888-285-7801 (TTY 711)**
- Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273)** at pindutin ang **7 o 711**
- 24/7 na Linya ng Nurse: **1-800-224-0336 (TTY 711)**
- Pamamahala sa Pangangalaga ng Anthem: **1-888-334-0870**
- Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan: **1-800-400-0815 (TTY 877-688-9891)**
- Medi-Cal Dental: **1-800-322-6384 (TTY 800-735-2922)**
- Plano ng Serbisyo sa Paningin: **1-844-239-7644 (TTY 800-428-4833)**
- Tanggapan ng Pagpapalano ng Pamilya ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan: **1-800-942-1054**
- Unit ng Pamublikong Pagtatanong at Pagtugon ng Departamento ng Mga Serbisyonang Panlipunan: **1-800-952-5253 (TTY 800-952-8349)**
- Ombudsman ng Pinapamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan: **1-888-452-8609**
- Health Care Options: **1-800-430-4263**
- Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Indian: **1-916-930-3927**
- ModivCare (transportasyon): **1-877-931-4755 (TTY 866-288-3133)**
- Helpline para sa Pagsunod ng Anthem **1-800-400-4889**
- Mga Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield of California – **1-877-287-6290**



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- Resource Center ng Komunidad ng Planong Pangkalusugan ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise – East L.A. **1-213-438-5570**
- Resource Center ng Komunidad ng Planong Pangkalusugan ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise – El Monte **1-213-428-1495**
- Resource Center ng Komunidad ng Planong Pangkalusugan ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise – Inglewood **1-310-330-3130**
- Resource Center ng Komunidad ng Planong Pangkalusugan ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise – Lincoln Heights **1-213-294-2840**
- Resource Center ng Komunidad ng Planong Pangkalusugan ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise – Long Beach **1-562-256-9810**
- Resource Center ng Komunidad ng Planong Pangkalusugan ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise – Lynwood **1-310-661-3000**
- Resource Center ng Komunidad ng Planong Pangkalusugan ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise – Metro L.A. **1-213-428-1457**
- Resource Center ng Komunidad ng Planong Pangkalusugan ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise – Norwalk **1-562-651-6060**
- Resource Center ng Komunidad ng Planong Pangkalusugan ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise – Pacoima **1-213-438-5497**
- Resource Center ng Komunidad ng Planong Pangkalusugan ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise – Palmdale **1-213-438-5580**
- Resource Center ng Komunidad ng Planong Pangkalusugan ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise – Pomona **1-909-620-1661**
- Resource Center ng Komunidad ng Planong Pangkalusugan ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise – Wilmington **1-213-428-1490**
- Mga Serbisyo para sa Kapansanan
- Serbisyo sa Pag-relay ng California (CRS) – (TTY 711)
 - **1-888-877-5379**
 - **1-800-735-2922**
- Impormasyon ng Americans with Disabilities Act (ADA) **1-800-514-0301** (TTY **1-800-514-0383**)
- Mga Serbisyo para sa Mga Bata
 - Mga Serbisyo sa Bata ng California (CCS) **1-800-288-4584**
 - Child Health and Disability Prevention (CHDP) **1-800-993-2437** (**1-800-993-CHDP**)



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801** (TTY 711). Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **anthem.com/ca/medi-cal**.

- Mga Serbisyo ng Estado ng California
 - Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan (DHCS) ng Estado ng California **1-916-636-1980**
 - Tanggapan ng Ombudsman ng Medi-Cal Managed Care **1-888-452-8609**
 - Programang Hingil sa Ngipin ng Medi-cal (Denti-Cal) **1-800-322-6384** (TTY/TDD **1-800-735-2922**)
 - Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (CDSS) **1-800-952-5253**
 - Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC) **1-888-466-2219** (**1-888-HMO-2219**) (TTY/TDD **1-877-688-9891**)
- Health Care Options:
 - Arabic **1-800-576-6881**
 - Armenian **1-800-840-5032**
 - Cambodian/Khmer **1-800-430-5005**
 - Cantonese **1-800-430-6006**
 - Ingles **1-800-430-4263**
 - Farsi **1-800-840-5034**
 - Hmong **1-800-430-2022**
 - Korean **1-800-576-6883**
 - Laotian **1-800-430-4091**
 - Mandarin **1-800-576-6885**
 - Russian **1-800-430-7007**
 - Espanyol **1-800-430-3003**
 - Tagalog **1-800-576-6890**
 - Vietnamese **1-800-430-8008**
 - TTY/TDD **1-800-430-7077**
- U.S. Office for Civil Rights **1-866-627-7748**
- Supplemental Social Income (SSI) ng Social Security Administration **1-800-772-1213**
- Los Angeles County - Departamento ng Mga Pampublikong Serbisyong Panlipunan (DPSS): Customer Service Center **1-866-613-3777** (TTY/TDD **1-800-660-4026**)
- Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Los Angeles County **1-213-240-8101**
- Departamento ng Kalusugan ng Isip ng Los Angeles County **1-800-854-7771**
- Women, Infant and Children Program (WIC) **1-888-942-9675**



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801** (TTY 711). Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Mga salitang dapat malaman

Aktibong pagle-labor: Ang yugto ng panahon kung kailan ang isang babae ay nasa tatlong yugto ng panganganak at hindi ligtas na maililipat sa ibang ospital bago ang panganganak o ang paglipat ay maaaring makasama sa kalusugan at kaligtasan ng babae o hindi pa naisisilang na sanggol.

Malala (Acute): Isang maikli, biglaang kondisyong medikal na nangangailangan ng mabilis na atensiyong medikal.

American Indian: Indibidwal na nakakatugon sa kahulugan ng “Indian” sa ilalim ng pederal na batas sa 42 CFR seksyon 438.14, na tumutukoy sa isang tao bilang isang “Indian” kung natutugunan ng tao ang alinman sa mga sumusunod:

- Miyembro ng isang pederal na kinikilalang tribong Indian,
- Nakatira sa isang sentrong panlungsod at nakakatugon sa isa o higit pa sa mga sumusunod:
 - Miyembro ng isang tribo, banda, o iba pang organisadong grupo ng mga Indian, kabilang ang mga tribo, banda o grupo na winakasan mula noong 1940 at ang mga kinikilala ngayon o sa hinaharap ng estado kung saan sila nakatira, o kung sino ang isang inapo sa una o pangalawang antas ng sinumang ganoong miyembro, o
 - Eskimo o Aleut o ibang Alaska Native, o
 - Itinuturing ng Kalihim ng Interior na isang Indian para sa anumang layunin, o
 - Napagpasyahan na maging isang Indian sa ilalim ng mga regulasyong inilabas ng Kalihim ng Interior, o
- Itinuturing ng Kalihim ng Interior na isang Indian para sa anumang layunin, o
- Itinuturing ng Kalihim ng Kalusugan at Serbisyong Pantao bilang isang Indian para sa mga layunin ng pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa Indian, kabilang ang pagiging California, Indian, Eskimo, Aleut, o iba pang Alaska Native.

Apela: Kahilingan ng miyembro sa Anthem na suriin at palitan ang desisyong ginawa tungkol sa coverage para sa hiniling na serbisyo.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Mga benepisyo: Mga serbisyo at gamot ng pangangalagang pangkalusugan na sinasaklaw sa ilalim ng planong pangkalusugan na ito.

Mga Serbisyo sa Bata ng California (CCS): Programang Medi-Cal na nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga bata hanggang sa edad na 21 na may ilang partikular na kondisyon, sakit, o hindi gumagaling na problema sa kalusugan.

Tagapamahala ng pangangalaga: Mga rehistradong nars o social worker na maaaring tumulong sa iyong maunawaan ang mga pangunahing problema sa kalusugan at magsaayos ng pangangalaga sa iyong mga provider.

Sertipikadong Nurse na Komadrona (CNM): Isang taong lisensyado bilang isang rehistradong nars at sertipikado bilang kumadronang nars ng California Board of Registered Nursing. Pinapayagang dumalo sa mga kaso ng normal na panganganak ang isang sertipikadong nurse na komadrona.

Chiropractor: Isang provider na gumagamot sa spine sa pamamagitan ng manwal na manipulasyon.

Hindi gumagaling na kondisyon: Isang sakit o iba pang medikal na problema na hindi tuluyang magagamot o lumalala sa paglipas ng panahon o na dapat gamutin upang hindi na lumala ang iyong kondisyon.

Klinika: Isang pasilidad na maaaring piliin ng mga miyembro bilang provider ng pangunahing pangangalaga (PCP). Maaaring isa itong Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC), klinika sa komunidad, Panlalawigang Klinika para sa Kalusugan (RHC), Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Mga Indian (IHCP), o iba pang pasilidad ng pangunahing pangangalaga.

Mga serbisyong nasa komunidad para sa mga nasa tamang gulang (CBAS): Mga serbisyo para sa outpatient at nakabase sa pasilidad para sa sanay na pag-aalaga, mga serbisyong panlipunan, mga therapy, pangangalaga sa sarili, pagsasanay at suporta sa pamilya at tagapag-alaga, mga serbisyo sa nutrisyon, transportasyon, at iba pang mga serbisyo para sa mga kwalipikadong miyembro.

Reklamo: Pasalita o nakasulat na pagpapahayag ng pagkadismaya ng miyembro tungkol sa serbisyong saklaw ng Medi-Cal, Anthem, plano sa kalusugan ng isip ng county, o provider ng Medi-Cal. Kapareho ng reklamo ang karaingan.

Pagpapatuloy ng pangangalaga: Ang kakayahan ng miyembro ng plano na manatiling nakatatanggap ng mga serbisyong Medi-Cal mula sa kanyang kasalukuyang provider na wala sa network hanggang 12 buwan, kung sumasang-ayon ang provider at ang Anthem.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata (CDL): Ang aprubadong listahan ng gamot para sa Medi-Cal Rx kung saan maaaring mag-order ang iyong provider ng mga saklaw na gamot na iyong kailangan.

Pagsasaayos ng Mga Benepisyo (COB): Ang proseso ng pagtukoy kung aling coverage ng insurance (Medi-Cal, Medicare, komersyal na insurance o iba pa) ang may pangunahing responsibilidad sa paggamot at pagbabayad para sa mga miyembrong may higit sa isang uri ng coverage ng insurance sa pangangalagang pangkalusugan.

Copayment (co-pay): Bayad na ibinibigay mo, sa pangkalahatan sa oras ng serbisyo, bilang karagdagan sa bayad ng insurer.

Coverage (saklaw na serbisyo): Mga serbisyo ng Medi-Cal kung saan ang Anthem ang may pananagutan sa pagbabayad. Napapailalim ang mga saklaw na serbisyo sa mga tuntunin, kondisyon, limitasyon at pagbubukod ng kontrata sa Medi-Cal at ayon sa nakalista sa Ebidensya ng Coverage (EOC) na ito at sa anumang pagbabago.

DHCS: Ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ito ang tanggapan ng estado na nangangasiwa sa programa ng Medi-Cal.

Pag-disenroll: Ang paghinto sa paggamit sa planong pangkalusugan na ito dahil hindi ka na kwalipikado o nagpalit ng bagong planong pangkalusugan. Dapat kang lumagda sa form na nagsasabing ayaw mo nang gamitin ang planong pangkalusugan na ito o tumawag sa HCO at mag-disenroll sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono.

DMHC: Ang Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ito ang tanggapan ng Estado na nangangasiwa sa mga planong pangkalusugan sa pinapamahalaang pangangalaga.

Matibay na kagamitang medikal (DME): Kagamitang medikal na kinakailangan at ipinag-utos ng iyong doktor o iba pang provider. Ang Anthem ang magpapasya kung uupa o bibili ng DME. Hindi dapat mas malaki ang mga gastos sa pagrenta kaysa sa gastos sa pagbili.

Maaga at pana-panahong screening, pagbuo ng diagnosis at paggamot (EPSDT): Tinutukoy ang mga serbisyo ng EPSDT bilang benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal para sa wala pang 21 taong gulang para matulungan silang manatiling malusog. Dapat makatanggap ang mga miyembro ng mga tamang check-up sa kalusugan para sa kanilang edad at mga wastong screening para mahanap ang mga problema sa kalusugan at magamot ang mga sakit nang maaga, pati anumang paggamot para alagaan o makatulong sa mga kondisyong mahahanap sa mga check-up.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Pang-emergency na medikal na kondisyon: Isang medikal na kondisyon o kondisyon ng isip na may malulubhang sintomas, gaya ng aktibong pagle-labor (tingnan ang pakahulugan sa itaas) o matinding pananakit, na ang isang taong may makatuwirang kaalaman ng karaniwang tao sa kalusugan at medisina ay makatuwirang maniniwala na ang hindi pagkuha ng agarang pangangalagang medikal ay maaaring:

- Maglagay sa malubhang panganib ng iyong kalusugan o ang kalusugan ng hindi pa naisisilang na sanggol
- Magdulot ng kapansanan sa paggana ng katawan
- Magdulot ng hindi maayos na paggana ng isang bahagi ng katawan

Pangangalagang pang-emergency: Isang eksaminasyong ginagawa ng doktor o kawani sa ilalim ng patnubay ng doktor, ayon sa pinapahintulutan ng batas, para malaman kung mayroong pang-emergency na medikal na kondisyon. Mga serbisyong medikal na kinakailangan para maging maayos ang iyong kalagayan ayon sa mga kakayahan ng pasilidad.

Pang-emergency na medikal na transportasyon: Transportasyon sa isang ambulansya o pang-emergency na sasakyan papunta sa isang emergency room para tumanggap ng pang-emergency na medikal na pangangalaga.

Enrollee: Isang taong miyembro ng isang planong pangkalusugan at tumatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.

Dati nang pasyente: Isang pasyenteng may kasalukuyang kaugnayan sa provider at pumunta sa provider na iyon sa loob ng tinukoy na tagal ng panahon na itinatag ng planong pangkalusugan.

Mga hindi kasaling serbisyo: Mga serbisyong hindi saklaw ng California Medi-Cal Program.

Mga pang-eksperimentong paggamot: Mga gamot, kagamitan, o pamamaraan o serbsiyong nasa yugto ng pagsubok sa laboratoryo o pag-aaral sa hayop bago ang pagsubok sa mga tao. Ang mga pang-eksperimentong serbisyo ay hindi napapasailalim sa klinikal na pagsisiyasat.

Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya: Mga serbisyo upang pigilan o ipagpaliban ang pagbubuntis.

Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC): Isang health center sa isang lugar na wala gaanong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang kumuha ng pangunahin at pang-iwas na pangangalaga sa isang FQHC.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal: Minsan ay hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyo, ngunit maaari mo pa ring kunin ang mga ito sa pamamagitan ng Medi-Cal FFS, tulad ng maraming serbisyo sa parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Follow-up na pangangalaga: Regular na pangangalaga ng doktor upang masuri ang katayuan ng pasyente pagkatapos ng pagpapaospital o habang nagsasagawa ng paggamot.

Panloloko: Isang sinadyang pagkilos upang manlinlang o magkunwari ng isang taong nakakaalam na ang panloloko ay maaaring magresulta sa ilang walang pahintulot na benepisyo para sa tao o iba pang tao.

Mga Freestanding na Paanakan (Mga FBC): Mga pasilidad na pangkalusugan kung saan ang panganganak ng sanggol ay ipinlanong mangyari nang malayo sa tirahan ng buntis na babae na lisensyado o aprubado ng estado na magbigay ng pangangalaga para sa labor sa pagbubuntis at panganganak o pangangalaga matapos manganak at iba pang serbisyo para sa nakakalakad na kabilang sa plano. Hindi ospital ang mga pasilidad na ito.

Karaingan: Pasalita o pasulat na pagpapahayag ng miyembro ng kawalang-kasiyahan tungkol sa Anthem, provider, o sa kalidad ng pangangalaga o mga serbisyo na ibinigay. Halimbawa ng karaingan ang reklamong inihain sa Anthem tungkol sa provider sa network.

Mga serbisyo at device sa habilitasyon: Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa iyo na manatili, matuto o pahusayin ang mga kasanayan at paggana para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Health Care Options (HCO): Ang programang maaaring magpatala sa iyo o mag-disenroll sa iyo sa planong pangkalusugan.

Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan: Mga doktor at espesyalista tulad ng mga surgeon (nag-oopera), doktor na gumagamot ng kanser, o doktor na gumagamot ng mga espesyal na bahagi ng katawan, at nakikipagtulungan sa Anthem o nasa network ng Anthem. Dapat magkaroon ng lisensya ang mga provider ng network ng Anthem para magsanay sa California at bigyan ka ng mga saklaw ng serbisyo ng Anthem.

Kadalasang kailangan mo ng referral mula sa iyong PCP para makapagpatingin sa espesyalista. Maaaring kailanganin ng iyong PCP na kumuha ng paunang pag-apruba mula sa Anthem bago mo makuha ang pangangalaga mula sa espesyalista.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP para sa ilang uri ng serbisyo, tulad ng pagpapalano ng pamilya, emergency na pangangalaga, pangangalaga ng OB/GYN, o mga sensitibong serbisyo.

Insurance sa kalusugan: Saklaw ng insurance na nagbabayad para sa mga medikal na gastusin at gastusin sa operasyon sa pamamagitan ng pagbabayad sa naka-insure para sa mga gastusin mula sa sakit o pinsala o direktang pagbabayad sa provider ng pangangalaga.

Pangangalagang pangkalusugan sa tahanan: Sanay na pag-aalaga at iba pang serbisyo na ibinibigay sa tahanan.

Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa tahanan: Mga provider na nagbibigay sa iyo ng sanay na pag-aalaga at iba pang serbisyo sa tahanan.

Hospisyo: Pangangalaga para mabawasan ang pisikal, emosyonal, panlipunan, at espirital na kahirapan para sa isang miyembrong may walang lunas na sakit. Mayroong pangangalaga sa hospisyo kapag 6 na buwan o mas maikli ang inaasahang haba ng buhay ng miyembro.

Ospital: Isang lugar kung saan ka kumukuha ng pang-inpatient at pang-outpatient na pangangalaga mula sa mga doktor at nars.

Pang-outpatient na pangangalaga sa ospital: Pangangalagang medikal o pangangalaga para sa operasyong ginagawa sa ospital nang walang pag-admit bilang isang inpatient.

Pagpapaospital: Pagtanggap sa isang ospital para sa paggamot bilang isang inpatient.

Mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian (IHCP): Isang programa sa pangangalagang pangkalusugan na pinapatakbo ng Serbisyong Pangkalusugan para sa Mga Indian (IHS), isang Indian na Tribo, Programang Pangkalusugan ng Tribo, Pangtribong Organisasyon, o Organisasyon ng Mga Indian sa Lungsod (UIO) ayon sa pagpapakahulugan ng mga katawagang iyon sa Seksyon 4 ng Batas sa Pagpapabuti ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa mga Indian (25 U.S.C. seksyon 1603).

Pang-inpatient na pangangalaga: Kapag kailangan mong manatili nang magdamag sa ospital o iba pang lugar para sa pangangalagang medikal na kailangan mo.

Pasilidad o tirahan sa namamagitan pangangalaga: Pangangalaga na ibinibigay sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga o tahanan na nagbibigay ng 24 na oras na serbisyo sa tirahan. Kinabibilangan ng mga uri ng pasilidad o tirahan sa



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

namamagitan pangangalaga ang pasilidad sa namamagitan pangangalaga/may kapansanan sa pag-unlad (ICF/DD), pasilidad sa namamagitan pangangalaga/may kapansanan sa pag-unlad-panghabilitasyon (ICF/DD-H), at pasilidad sa namamagitan pangangalaga/may kapansanan sa pag-unlad-pagkalinga (ICF/DD-N).

Pangsiyasat na paggamot: Isang gamot, biyolohikal na produkto, o device sa paggamot na matagumpay na nakompleto ang unang yugto ng klinikal na pag-iimbestiga na inaprubahan ng FDA pero hindi inaprubahan ng FDA para sa pangkalahatang paggamit at nananatiling nasa ilalim ng pag-iimbestiga sa isang klinikal na pag-iimbestigang inaprubahan ng FDA.

Pangmatagalang pangangalaga: Pangangalaga sa pasilidad nang mas mahaba kaysa sa buwan ng pagpasok at dagdag isang buwan.

Plano sa pinamamahalaang pangangalaga: Planong Medi-Cal na gumagamit lang ng ilang partikular na doktor, espesyalista, klinika, parmasya at ospital para sa mga tatanggap ng Medi-Cal na nakatala sa planong iyon. Ang Anthem ay isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga.

Medi-Cal Rx: Benepisyo sa parmasya ng FFS Medi-Cal na tinatawag na “Medi-Cal Rx” na nagbibigay ng mga benepisyo at serbisyo sa parmasya, kabilang ang mga resetang gamot at ilang medikal na supply para sa lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal.

Medikal sa tahanan: Isang modelo ng pangangalaga na magbibigay ng mas mahusay na kalidad ng pangangalagang pangkalusugan, magpapabuti sa sariling pamamahala ng mga miyembro ng kanilang sariling pangangalaga at magpapababa sa maiiwasang mga gastusin sa paglipas ng panahon.

Medikal na kinakailangan (o medikal na pangangailangan): Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay ang mahahalagang serbisyo na makatuwiran at pumoprotekta sa buhay. Kinakailangan ang pangangalaga para maiwasan ang mga pasyenteng magkaroon ng malubhang karamdaman o kapansanan. Binabawasan ng pangangalagang ito ang matinding pananakit sa pamamagitan ng paggamot sa sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyo ng Medi-Cal na medikal na kinakailangan ang pangangalagang kinakailangan para maayos ang o makatulong sa sakit o kondisyon ng katawan o pag-iisip, kabilang ang mga sakit sa paggamit ng mga kontroladong kemikal, tulad ng nakasaad sa Seksyon 1396d(r) ng Titulo 42 ng Kodigo ng Estados Unidos.

Medikal na transportasyon: Transportasyon kapag hindi ka makakapunta sa saklaw na medikal na appointment o para sa pagkuha ng mga reseta sakay ng kotse, bus, tren,



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

o taxi, at inireseta ito para sa iyo ng iyong provider. Nagbabayad ang Anthem para sa pinakamababang gastusin sa transportasyon para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng pagbiyahe papunta sa iyong appointment.

Medicare: Ang programa ng insurance sa kalusugan ng pederal na pamahalaan para sa mga taong 65 taong gulang pataas, ilang partikular na taong mas bata na may mga kapansanan, at mga taong may huling yugto ng sakit sa rectum (permanenteng pagpalya ng kidney na nangangailangan ng dialysis o transplant, at minsang tinatawag na ESRD).

Miyembro: Sinumang kwalipikadong miyembro ng Medi-Cal na nakatala sa Anthem na may karapatang tumanggap ng mga saklaw na serbisyo.

Provider ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip: Mga lisensyadong tao na nagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip at kalusugan ng pag-uugali sa mga pasyente.

Mga serbisyo ng kumadrona: Pangangalaga sa pagbubuntis, intrapartum at pagkatapos manganak, kabilang ang pangangalaga sa pagpaplanong pamilya para sa nanay at agarang pangangalaga para sa bagong panganak na sanggol, na ibinibigay ng mga sertipikadong nurse na komadrona (CNM) at mga lisensyadong kumadrona (LM).

Network: Grupo ng mga doktor, klinika, ospital, at iba pang provider na nakikipagkontrata sa Anthem para magbigay ng pangangalaga.

Provider na nasa network (o provider sa loob ng network): Tingnan ang “Kalahok na provider.”

Serbisyong hindi sinasaklaw: Serbisyong hindi saklaw ng Anthem.

Transportasyong hindi medikal: Transportasyon kapag bumibiyahe papunta at pabalik mula sa appointment para sa saklaw na serbisyong Medi-Cal na pinahintulutan ng iyong provider at kapag kumukuha ng mga inireresetang gamot at medikal na supply.

Provider na hindi kalahok: Provider na wala sa network ng Anthem.

Ibang coverage sa kalusugan (OHC): Tumutukoy sa pribadong insurance sa kalusugan ang ibang coverage sa kalusugan (OHC) maliban sa Medi-Cal. Maaaring kasama sa mga serbisyo ang medikal, para sa ngipin, paningin, parmasya o mga suplementong plano ng Medicare (Part C at D).

Orthotic device: Isang device na ginagamit bilang suporta o brace na nakakabit sa labas ng katawan para suportahan o itama ang malubhang napinsala o may sakit na bahagi ng katawan na medikal na kinakailangan para sa medikal na paggaling ng miyembro.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Mga serbisyong sa labas ng lugar ng serbisyo: Mga serbisyo habang nasa labas ng lugar ng serbisyo ang miyembro.

Provider na wala sa network: Provider na hindi bahagi ng network ng Anthem.

Pang-outpatient na pangangalaga: Kapag hindi mo kailangang manatili sa gabi sa isang ospital o ibang lugar para sa pangangalagang medikal na kailangan mo.

Mga pang-outpatient na serbisyo sa kalusugan ng isip: Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga miyembrong may mga hindi malubha hanggang katamtamang kondisyon ng kalusugan ng isip kabilang ang:

- Indibidwal o panggrupong pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng isip (psychotherapy)
- Pagsusuring psychological kapag klinikal na ipinahiwatig para masuri ang isang kondisyon sa kalusugan ng isip
- Mga pang-outpatient na serbisyo para sa mga layunin ng pagsubaybay sa therapy ng gamot
- Konsultasyong psychiatric
- Laboratoryo para sa outpatient, mga supply, at supplement

Palliative na pangangalaga: Pangangalaga para mabawasan ang mga pisikal, emosyonal, ukol sa pakikisalamuha at espirituwal na problema ng isang miyembrong may malalang karamdaman. Hindi kinakailangan sa palliative na pangangalaga na 6 na buwan o mas maikli ang inaasahang haba ng buhay ng miyembro.

Kalahok na ospital: Lisensiyadong ospital na may kontrata sa Anthem na magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro sa oras na makatanggap ang miyembro ng pangangalaga. Ang mga saklaw na serbisyong maaaring ialok ng ilang kalahok na ospital sa mga miyembro ay limitado ng mga patakaran sa pagsusuri ng paggamit at katiyakan ng kalidad ng Anthem kontrata ng Anthem sa ospital.

Kalahok na provider (o kalahok na doktor): Isang doktor, ospital, o iba pang lisensiyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensiyadong pasilidad para sa kalusugan, kabilang ang mga pasilidad ng sub-acute na pangangalaga na may kontrata sa Anthem na mag-alok ng mga saklaw na serbisyo sa mga miyembro sa oras na tumanggap ang miyembro ng pangangalaga.

Mga serbisyo ng doktor: Mga serbisyong ibinibigay ng isang taong lisensyado sa ilalim ng batas ng estado na magsanay ng medisina o osteopathy, hindi kasama ang mga serbisyong iniaalok ng mga doktor habang naka-admit ka sa ospital na sinisingil sa bill sa ospital.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Plano: Pumunta sa “Plano sa pinamamahalaang pangangalaga.”

Mga serbisyo pagkatapos ng pagpapatatag: Mga serbisyong sinasaklaw na nauugnay sa isang pang-emergency na medikal na kondisyon na ibinibigay pagkatapos bumuti ang kalagayan ng isang miyembro upang mapanatili ang pagiging matatag ng kondisyon ng miyembro. Sinasaklaw at babayaran ang mga serbisyo sa pangangalaga pagkatapos ng pagpapatatag. Maaaring kailanganin ng mga ospital na wala sa network ang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Paunang pag-apruba (paunang pahintulot): Ang proseso kung saan ikaw o ang iyong provider ay dapat humiling ng pag-apruba mula sa Anthem para sa ilang partikular na serbisyo para matiyak na sasaklawin sila ng Anthem. Hindi pag-apruba ang isang referral. Ang paunang pag-apruba ay kapareho ng paunang pahintulot.

Coverage ng inireresetang gamot: Coverage para sa mga gamot na inirereseta ng provider.

Mga inireresetang gamot: Isang gamot na legal na nangangailangan ng utos mula sa isang lisensyadong provider para maibigay, hindi tulad ng mga over the counter (“OTC”) na gamot na hindi nangangailangan ng reseta.

Pangunahing pangangalaga: Tingnan ang “Karaniwang pangangalaga.”

Provider ng pangunahing pangangalaga (PCP): Ang lisensyadong provider na mayroon ka para sa karamihan ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Tutulungan ka ng iyong PCP na makuha ang pangangalagang kailangan mo.

Ang iyong PCP ay maaaring isang:

- General practitioner
- Internist
- Doktor ng Mga Bata
- Practitioner na pampamilya
- OB/GYN
- Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian (IHCP)
- Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC)
- Panlalawigang Klinika para sa Kalusugan (RHC)
- Manggagamot na nars
- Katulong na doktor
- Klinika



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Paunang pahintulot (paunang pag-apruba): Ang proseso kung saan ikaw o ang iyong provider ay dapat humiling ng pag-apruba mula sa Anthem para sa ilang partikular na serbisyo para matiyak na sasaklawin sila ng Anthem. Hindi pag-apruba ang isang referral. Ang paunang pahintulot ay kapareho ng paunang pag-apruba.

Prosthetic device: Isang artipisyal na device na ikinakabit sa katawan upang palitan ang isang nawawalang parte ng katawan.

Direktoryo ng Provider: Listahan ng mga provider na nasa network ng Anthem.

Psychiatric na pang-emergency na medikal na kondisyon: Isang karamdaman sa isip na kung saan ang mga sintomas ay malubha o ganap na matindi upang maging sanhi ng agarang panganib sa iyong sarili o sa ibang tao o hindi ka kaagad makapaglaan o makagamit ng pagkain, tirahan, o pananamit dahil sa sakit sa pag-iisip.

Mga serbisyo sa kalusugan ng publiko: Mga serbisyong pangkalusugan na nakatuon sa buong populasyon. Kabilang dito, bukod sa iba pa, ang pagsusuri sa sitwasyon ng kalusugan, pagbabantay sa kalusugan, pagtataguyod sa kalusugan, mga serbisyo sa pag-iwas sa sakit, pagkontrol ng nakahahawang sakit, pangangalaga at kalinisan ng kapaligiran, pagiging handa at pagtugon sa kalamidad, at kalusugan sa trabaho.

Kwalipikadong provider: Doktor na kwalipikado sa larangan ng pagsasanay na naaangkop na gamutin ang iyong kondisyon.

Reconstructive na operasyon: Ang operasyon para itama o ayusin ang mga hindi normal na istruktura ng bahagi ng katawan para pagbutihin ang pagganap o para gumawa ng normal na panlabas na anyo sa abot ng makakaya. Ang mga hindi normal na istruktura ng katawan ay dulot ng mga sakit mula sa kapanganakan (congenital defect), mga abnormalidad sa paglilinig, trauma, impeksyon, mga tumor o sakit.

Referral: Kapag sinasabi ng iyong PCP na maaari kang kumuha ng pangangalaga mula sa iba pang provider. Nangangailangan ng referral at paunang pag-apruba (paunang pahintulot) ang ilang sinasaklaw na serbisyong pangkalusugan.

Mga serbisyo sa therapy at device para sa rehabilitasyon at habilitasyon:

Mga serbisyo at device upang tulungan ang mga tao na mayroong pinsala, kapansanan o hindi gumagaling na kondisyon upang maibalik o ma-recover ang mga kasanayan ng isip at katawan.

Karaniwang pangangalaga: Mga serbisyong medikal na kinakailangan at pang-iwas na pangangalaga, mga pagpapatingin para sa kalusugan ng bata, o pangangalaga tulad ng karaniwang follow-up na pangangalaga. Layunin ng karaniwang pangangalaga na pigilan ang mga problema sa kalusugan.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Panlalawigang Klinika para sa Kalusugan (RHC): Isang health center sa isang lugar na wala gaanong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang kumuha ng pangunahin at pang-iwas na pangangalaga sa isang RHC.

Mga sensitibong serbisyo: Mga serbisyong nauugnay sa kalusugan ng isip o pag-uugali, sekswal at reproduktibong kalusugan, pagpapalano ng pamilya, mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik (STI), HIV/AIDS, sekswal na pag-atake at mga pagpapalaglag ng bata, sakit sa paggamit ng mga kontroladong kemikal, pangangalagang nagpapatunay ng kasarian, at karahasan ng kasintahan.

Malubhang sakit: Isang sakit o kondisyon na dapat gamutin at maaaring magresulta sa kamatayan.

Lugar ng serbisyo: Ang heograpikong lugar kung saan nagseserbisyo ang Anthem. Kabilang dito ang Los Angeles county.

Sanay na pag-aalaga: Mga sinasaklaw na serbisyong ibinibigay ng mga lisensyadong nars, technician o therapist sa panahon ng pananatili sa isang Pasilidad ng Sanay na Pag-aalaga o sa bahay ng isang miyembro.

Pasilidad ng Sanay na Pag-aalaga: Isang lugar na nagbibigay ng 24 na oras sa isang araw na pangangalagang pagkalinga na puwedeng ibigay lang ng mga may kasanayang propesyonal sa kalusugan.

Espesyalista (o espesyalistang doktor): Isang doktor na gumagamot ng ilang partikular na uri ng mga problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ginagamot ng orthopedic surgeon ang mga nabaling buto; ginagamot ng allergist ang mga allergy; at ginagamot ng cardiologist ang mga problema sa puso. Kadalasan, kakailanganin mo ng referral mula sa iyong PCP para magpatingin sa espesyalista.

Mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip: Mga serbisyo para sa mga miyembrong may mga pangangailangan sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na mas mataas kaysa sa banayad hanggang katamtamang antas ng kapansanan.

Subacute na pasilidad ng pangangalaga (nasa hustong gulang o pambata): Isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga na nagbibigay ng komprehensibong pangangalaga para sa mga taong medikal na mahina na nangangailangan ng mga espesyal na serbisyo, tulad ng inhalation therapy, pangangalaga sa tracheotomy, pagpapakain sa intravenous tube, at kumplikadong pangangalaga sa pamamahala ng sugat.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.

Sakit na nagtatanging sa buhay: Isang medikal na kondisyon na hindi mapapagaling at malaki ang posibilidad na magdudulot ng kamatayan sa loob ng isang taon o mas mabilis pa kung natural na lalala ang sakit.

Pagbawi dahil sa tort: Kapag ibinigay o ibibigay ang mga benepisyo sa miyembro ng Medi-Cal dahil sa pinsala kung saan may pananagutan ang ibang partido, babawiin ng DHCS ang makatuwirang halaga ng mga benepisyong ibinigay sa miyembro para sa pinsalang iyon.

Triage (o screening): Ang pagsusuri sa iyong kalusugan ng isang doktor o nars na mayroong kasanayan na mag-screen para sa layunin ng pagtukoy sa pagiging agaran ng iyong pangangailangan ng pangangalaga.

Agarang pangangalaga (o mga agarang serbisyo): Mga serbisyong ibinibigay para gamutin ang isang karamdaman, pinsala o kondisyong hindi pang-emergency na nangangailangan ng medikal na pangangalaga. Maaari kang makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network kung pansamantalang hindi available o maa-access ang mga provider na nasa network.



Tawagan ang Sentro ng Pangangalaga sa Customer sa **1-888-285-7801 (TTY 711)**. Narito ang Anthem mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. Pacific time. Libre ang pagtawag. O tawagan ang Linya sa Pag-relay ng California sa 711. Bumisita online sa **[anthem.com/ca/medi-cal](https://www.anthem.com/ca/medi-cal)**.